Pangkalahatan

2026 Hawaii GABAY NG BOTANTE

HAWAII VOTES



Pangkalahatan

2026 Hawaii GABAY NG BOTANTE

02
ISANG MENSAHE MULA SA PUNONG OPISYAL NG HALALAN

03
ANO ANG GABAY NG BOTANTE?

03
MARKAHAN ANG IYONG KALENDARYO

03
PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE

04
PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO

04
PAGKUMPLETO NG IYONG BALOTANG PANGKOREO

04
PAGBABALIK NG IYONG BALOTANG PANGKOREO

04
PAGPOPROSESO NG IYONG BALOTA

04
SUBAYBAYAN ANG IYONG BALOTA

04
TINGNAN ANG MGA RESULTA NG HALALAN

04
MGA KAHON NG BALOTA

ISANG MENSAHE MULA SA **PUNONG OPISYAL NG HALALAN**

Aloha

Aloha mga Botante sa Hawaii!

Masaya kaming ibahagi ang sa inyo ang 2026 Gabay ng Botante. Ipinapakita ng gabay na ito ang aming patuloy na pangako na magbigay ng mga madaling ma-access at mapagkakatiwalaang sanggunian para sa halalan.

Bilang isang rehistradong botante, matatanggap mo sa koreo ang iyong balota 18 araw bago ang Araw ng Halalan. Maglaan ng ilang sandali upang tiyakin na updated ang iyong registration bilang botante, para maihatid sa tamang address ang iyong balota. Kung lumipat ka ng tirahan o nagbago ang iyong address sa koreo mula noong nakaraang halalan, i-update ang iyong registration.

Kapag natanggap mo na ang iyong balota, bumoto at pirmahan ang sobreng gagamitin sa pagpapadala nito pabalik. Mahalaga ang iyong pirma dahil ito ang ginagamit ng mga opisyal ng halalan para kumpirmahin ang iyong pagkakakilanlan at mapanatili ang integridad ng proseso ng pagboto. Tandaan, dapat matanggap ang iyong balota bago ang pagsapit ng 7:00 PM sa Araw ng Halalan upang mabilang ang iyong boto.

Mahalaga ang boto mo, at maaari itong magdulot ng pagbabago. Salamat sa aktibo mong pakikilahok sa demokratikong proseso ng Hawaii. Sa pagtutulungan, makatutulong tayo na matiyak ang ligtas, maayos, at malinaw na halalan para sa lahat.

Matapat na sumasaiyo,

Scott T. Nago

HAWAII VOTES

05
MGA SENTRO NG SERBISYO SA BOTANTE

05
NAA-ACCESS NA PAGBOTO

05
PAGGASTA SA KAMPANYA

05
KOMISYON SA ETIKA

06
MGA KARAPATAN MO SA PAGBOTO

06
TULONG SA WIKA

07
MGA DIBISYON NG MGA HALALAN NG COUNTY

07
MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

07
PAGTATATUWA

08-72
MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

73-95
MGA IMINUMUNGKAHING AMYENDA

ANO ANG GABAY NG BOTANTE?

Ang Gabay ng Botante ay inilathala ng Estado ng Hawaii, Opisina ng mga Halalan upang matiyak na mayroon kang impormasyon tungkol sa proseso ng mga halalan at mga paligsahan na iyong pagbobotohan. Kasama sa gabay ang impormasyon sa pagpaparehistro ng botante, mahahalagang petsa, at mga mapagkukunan tulad ng kung paano subaybayan ang iyong balota at naa-access na pagboto. Bukod pa rito, ang Opisina ng mga Halalan ay nagtitipon ng mga pahayag at mga larawang isinumite ng mga kandidatong tumatakbo para sa puwesto.

Paano tinitipon ang mga pahayag at mga larawan?

May oportunidad ang bawat kandidato na magbigay ng maikling pahayag at larawan kapag naghain sila na tumakbo sa puwesto. Dapat na mas mababa sa 150 salita ang pahayag, at binibigyan ang mga kandidato ng sumusunod na patnubay: Tratuhin ang iyong pahayag bilang isang resume; i-alok ang iyong pananaw at maging positibo; isipin kung ano ang gusto mong maisakatuparan kung mahalal; at iwasan ang pagpuna sa mga kalaban.

Inilalathala ang mga pahayag at larawan sa gabay na ibinigay ng mga kandidato. Malalathala din ang pangalan ng balota ng kandidato, legal na pangalan, kaakibat pampulitika, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Kung hindi magbibigay ng pahayag o larawan ang kandidato, ang pariralang 'Walang Naisumiteng Pahayag' o 'Walang Naisumiteng Larawan' ay lalabas sa tabi ng kanilang impormasyon ng kandidato.

MARKAHAN ANG IYONG KALENDARYO

2026 Pangunahing Halalan

- Oktubre 16: Abangan ang iyong pakete ng balota sa Pangkalahatang Halalan na ipapadala sa koreo.
- Oktubre 20: Ang mga Sentro ng Serbisyo sa Botante ay bukas sa Araw ng Halalan para sa pagpaparehistro ng botante at naa-access na pagboto nang personal. Bisitahin ang elections.hawaii.gov para sa mga lokasyon, petsa, at oras.
- Oktubre 26: Huling araw para isumite ng mga unang beses na botante ang papel na Aplikasyon sa Pagpaparehistro ng Botante para sa Pangkalahatang Halalan.
- Nobyembre 3: Pangkalahatang Halalan. Kailangang matanggap ang may botong mga balota hanggang 7:00 PM.

Sino ang karapat-dapat magparehistro para makaboto?

Ikaw ay dapat na mamamayan ng U.S., residente ng Hawaii, at hindi bababa sa 18 taong gulang. Kung ikaw ay hindi bababa sa 16 na taong gulang, maaari kang mag-preregister para bumoto at awtomatiko kang mairerehistro kapag ikaw ay naging 18 taong gulang na.

Ano ang pinakamadaling paraan para magparehistro?

Online! Gamit ang iyong Hawaii Driver License o Hawaii State ID, magparehistro sa loob ng ilang minuto sa elections.hawaii.gov. Kung wala kang Hawaii ID, available ang napi-print na aplikasyon sa pamamagitan ng website o sa mga post office at library.

Paano ko idedeklara ang aking kaakibat na partido?

Mapapansin mo na nang nagparehistro ka para bumoto, hindi ka tinanong tungkol sa iyong kaakibat na partido pampulitika. Hindi iyon pagkakamali. Hindi idinedeklara ng mga botante ng Hawaii ang kaakibat na partido pampulitika kapag nagpaparehistro para bumoto.

Kailangan ko bang magparehistro para makaboto taun-taon?

Hindi, hindi mo kailangang magparehistro para makaboto bago ang bawat halalan. Subalit may pananagutan kang panatilihing napapanahon ang iyong rehistro. Kung ang iyong pangalan, address ng tirahan, o mailing address ay nagbabago sa pagitan ng mga halalan, kailangan mong i-update ang iyong rehistrasyon ng botante. Umaasa ang mga opisyal ng halalan sa iyong kasalukuyang rehistrasyon ng botante upang malaman kung anong balota ang itatalaga sa iyo at kung saan ito ipapadala.

Ugaliing suriin ang iyong pagpaparehistro ng botante sa simula ng bawat taon ng halalan! Suriin at i-update ang iyong pagpaparehistro sa elections.hawaii.gov.

Saan ako boboto?

Ipadadala sa iyo ang iyong balota! Ang Hawaii ay estado na ang pagboto ay sa pamamagitan ng koreo, na nangangahulugan na bilang isang rehistradong botante, awtomatiko mong matatanggap ang iyong balota sa koreo tuwing halalan. Sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, hindi magaganap sa isang araw lamang ang ating mga halalan, magsisimula talaga ang iyong window ng pagboto kapag ang iyong balota ay dumating na sa iyong mailbox. Mayroon ka ring iba pang mga opsyon na inilarawan sa gabay na ito. Halimbawa, maaari kang bumoto nang personal sa isang sentro ng serbisyo sa botante, na may mga device para sa naa-access na pagboto.

PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO

Narito ang kailangan mong malaman tungkol sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Ang iyong balotang pangkoreo ay:

- Awtomatikong ipinadadala sa iyong mailing address
- Darating sa ika-18 araw bago ang Araw ng Halalan
- Nangangailangan ng iyong lagda upang mabilang
- Kailangang matanggap hanggang 7:00 PM sa Araw ng Halalan

Paano kung hindi ko matanggap ang aking balota?

Kung hindi mo matanggap ang iyong balota, makipag-ugnayan sa iyong Dibisyon ng Mga Halalan ng County at bibigyan ka nila ng kapalit na balota.

Paano kung magkamali ako sa aking balota?

Kung magkamali ka, maiwala mo, o masira mo ang iyong balota, humiling ng kapalit na balota mula sa iyong Dibisyon ng Mga Halalan ng County.

Puwede ba akong magbago ng isip pagkatapos kung maibalik ang aking balota?

Hindi. Sa sandaling ibinalik mo na ang iyong binotohang balota at ito ay natanggap na ng Dibisyon ng mga Halalan ng County, ituturing na itong cast, at hindi ka na makakatanggap ng bagong balota.

Paano ako makakaboto kung wala ako sa panahon ng halalan?

Kung aalis ka sa panahon ng halalan, maaari kang humiling ng absentee ballot na ipadadala sa isang kahaliling address. Kumpletuhin lamang ang isang Aplikasyon ng Absentee Ballot at ilagay kung saan mo gustong ipadala ang iyong balota.

PAGKUMPLETO NG IYONG BALOTANG PANGKOREO

1. Bago bumoto, suriin ang parehong panig ng balota. Para bumoto, itiman ang mga kahon na iyong pinili gamit ang itim o asul na panulat.
2. Pagkatapos bumoto, ipasok ang iyong balota sa secrecy sleeve. Tapos, ilagay ang secrecy sleeve sa ibabalik na sobre.
3. Basahin ang pahayag ng pagpapatibay at lagdaan ang ibabalik na sobre. Kailangan mong lagdaan ang ibabalik na sobre para mabilang ang iyong boto.

PAGBABALIK NG IYONG BALOTANG PANGKOREO

Sa Pamamagitan ng Koreo: Ilagay ang iyong binotohang balota sa koreo gamit ang may paunang address, may bayad na postage na ibabalik na sobre. Mag-ingat sa mga oras ng paghahatid ng USPS upang matiyak na matatanggap ito bago ang deadline.

Sa Pamamagitan ng Drop Box ng Balota: Ihulog ang iyong binotohang balota sa lokasyon ng drop box ng balota sa loob ng iyong county. Bisitahin ang elections.hawaii.gov para sa mga lokasyon, petsa, at oras.

Ang mga binotohang balota ay dapat matanggap ng iyong mga Dibisyon ng mga Halalan ng County hanggang 7:00 PM sa Araw ng Halalan upang mabilang.

PAGPOPROSESO NG IYONG BALOTA

Kapag natanggap na ang iyong ibinalik na sobre, ii-scan ang barcode nito. Ang natatanging barcode ay nagpapahintulot sa mga opisyal na subaybayan ang pagbabalik ng iyong balota at pinipigilan ang sinuman na bumoto nang higit sa isang beses.

Ang lagda sa ibinalik na sobre ay inihahambing sa lagda sa iyong talaan ng botante. Kung hindi makumpirma ng mga opisyal ang pagkakatugma, aabisuhan ka na ayusin ang isyu sa loob ng limang araw ng negosyo pagkatapos ng halalan.

Kung matagumpay na naitugma ang iyong lagda, ligtas na dinadala ang iyong balota sa sentro sa pagbibilang. Sa sentro sa pagbibilang, ang iyong binotohang balota ay pinoproseso sa pamamagitan ng mga scanner ng pagbibilang ng boto.

SUBAYBAYAN ANG IYONG BALOTA

Mag-sign up para sa mga alerto sa pagsubaybay sa balota sa pamamagitan ng text, email, o voice call sa elections.hawaii.gov. Ipinapaalam sa iyo ng serbisyo kung nasaan ang iyong balota at nagpapadala ng mahahalagang paalala kasama ang isang alerto kapag nalalapit na ang deadline ng pagbabalik ng balota.

TINGNAN ANG MGA RESULTA NG HALALAN

Pagkatapos ng 7:00 PM sa Araw ng Halalan, maaari mong simulang tingnan ang mga resulta ng halalan sa elections.hawaii.gov. Patuloy na ia-update ang mga resulta hanggang sa mabilang ang lahat ng wastong balota na natanggap sa deadline.

Maaari mong asahan ang sumusunod na paglabas ng mga resulta:

- Inilalabas ang Ulat 1 pagkatapos isara ang mga sentro ng serbisyo sa botante sa Araw ng Halalan.
- Naka-iskedyul na ilabas ang Ulat 2 sa ika-10:30 PM sa Araw ng Halalan.
- Inilalabas ang Pinal na Ulat sa Araw ng Halalan kapag ang lahat ng mga ibinalik na sobre ay nasuri na ng Dibisyon ng Halalan ng County at naproseso na sa sentro sa pagbibilang.
- Inilalabas ang Pinal na Ulat ng Halalan pagkatapos ng 5 araw ng negosyo na curing period ng lagda ng botante.

MGA SENTRO NG SERBISYO SA BOTANTE

Para sa pagpaparehistro at pagboto sa mismong araw, pati na rin asa naa-access na pagboto | Bisitahin ang elections.hawaii.gov para sa mga lokasyon, petsa, at oras.

NAA-ACCESS NA PAGBOTO

Available ang mga opsyon sa naa-access na pagboto. Isaalang-alang kung aling paraan ng pagboto ang nakakatugon sa iyong mga pangangailangan.

1. Bumoto sa bahay gamit ang papel na balota.

- **Awtomatikong paghahatid sa koreo.** Direktang dumarating ang iyong pakete ng balota sa iyong mailing address.
- **Pinapayagan kang makahingi ng tulong.** Kung ang pagsusuri, pagmamarka, at pagbabalik ng iyong balota ay mahirap, maaari kang humingi ng tulong. Maaari kang humingi ng tulong sa isang taong pinagkakatiwalaan mo na basahin ang iyong balota, markahan ang iyong mga napili, at magsilbing saksi mo kung hindi mo kayang pirmahan nang mag-isa ang sobre para sa pagbabalik ng balota. Ipinagbabawal na tumulong ang iyong employer o ang iyong ahente ng unyon.
- **Ibinibigay ang prepaid na ibabalik na sobre.** Ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo sa ibinigay na ibabalik na sobre. Hindi kailangan ang karagdagang postage.

Para bumoto sa bahay gamit ang papel na balota. Sa pamamagitan ng pagpaparehistro para bumoto, awtomatiko kang makakatanggap ng isang balotang pangkoreo tuwing halalan. Hindi kailangan ang hiwalay na kahilingan.

2. Bumoto sa tahanan gamit ang naa-access na elektronikong balota.

Kung mayroon kang kapansanan sa pag-print at hindi mo mabasa ang karaniwang pag-print, karapat-dapat kang bumoto gamit ang isang elektronikong balota.

- **Maginhawang paghahatid gamit ang e-mail.** Ligtas na ipinadala ang iyong elektronikong balota sa iyong email address. Ang balota mismo ay hindi konektado sa Internet at ipinapadala lamang sa elektronikong paraan.
- **Akma sa mga personal assistive device.** Gamitin ang iyong mga assistive device sa bahay upang suriin at markahan ang iyong balota nang mag-isa. Akma ang elektronikong balota sa lahat ng pangunahing browser, laki ng device (kabilang ang mga smartphone at tablet), at mga personal assistive device.

Para bumoto gamit ang naa-access na elektronikong balota: Kapag nagparehistro ka para bumoto, lagyan ng tsek ang opsyon na humiling ng elektronikong balota at pagtibayin na natutugunan mo ang mga kwalipikasyon. Kakailanganin mong ibigay ang iyong email address.

3. Bumoto sa isang sentro ng serbisyo sa botante gamit ang isang device sa pagmamarka ng balota.

Kung hindi mo magawang markahan ng kamay ang isang balota gamit ang isang panulat, bisitahin ang isang sentro ng serbisyo sa botante upang magamit ang device sa pagmamarka ng naa-access na balota, ang Verity Touch Writer.

- **Pinahusay na mga feature sa pagiging naa-access.** Binibigyang-daan ka ng Verity Touch Writer na malayang piliin ang iyong mga seleksyon sa balota sa pamamagitan ng isang elektronikong interface. Kasama sa mga feature ng device ang malaking touchscreen interface, rotary wheel console para lumipat sa balota, pagiging akma sa mga tactile switch at "sip and puff" na device, naiaakmang laki ng text at screen contrast para sa mas mataas na visibility, at kapabilidad gamit ang headphone para sa audio access.
- **Available sa buong estado ang mga naa-access na machine.** Mayroong Verity Touch Writer ang lahat ng mga sentro ng serbisyo sa botante. Bukas ang mga sentro ng serbisyo sa botante nang hanggang 10 araw ng negosyo bago ang Araw ng Halalan, na nagbibigay sa iyo ng sapat na oras upang bisitahin ang isang lokasyon upang bumoto.
- **Hindi elektronikong pagboto.** Ang Verity Touch Writer ay simpleng elektronikong device para tulungan ka sa pagsusuri at pagmamarka ng iyong balota. Pagkatapos bumoto, mag-iimprinta ka ng balotang papel na ii-scan para sa pagbibilang. Ang naka-imprintang balota ay ang parehong ginagamit ng lahat ng botante maging sa sentro ng serbisyo sa botante o sa pamamagitan ng koreo.

Para bumoto gamit ang device na pangmarka ng balota: Bisitahin ang isang sentro ng serbisyo sa botante sa iyong county. Ang pagpaparehistro bago ang iyong pagbisita ay maaaring magbawas sa iyong oras ng paghihintay.

PAGGASTA SA KAMPANYA

Upang tingnan ang mga kontribusyon at paggasta ng kandidato, bisitahin ang website ng Komisyon ng Paggasta sa Kampanya (Campaign Spending Commission) sa csc.hawaii.gov/CFSPublic/menu/.

KOMISYON SA ETIKA

Upang tingnan ang mga kontribusyon at paggasta ng kandidato, bisitahin ang website ng Komisyon ng Paggasta sa Kampanya (Campaign Spending Commission) sa csc.hawaii.gov/CFSPublic/menu/.

MGA KARAPATAN MO SA PAGBOTO

Karapatan mo sa pagiging lihim ng iyong boto

- Ang iyong boto ay walang pagkakakilanlan at hindi nakatali sa iyo o sa iyong rehistrasyon ng botante. Walang itinatagong tala kung paano ka bumoto sa isang halalan.
- Hindi hinihiling sa mga botante sa Hawaii na magdeklara ng kagustuhan sa partidong pampulitika kapag nagparehistro para bumoto. Hindi nagtatanong ang mga opisina sa halalan sa Hawaii, ni nagtatago ng rekord ng iyong kinaaanibang partido.

Mga karapatan mo sa mga serbisyo sa Araw ng Halalan

- Kung hindi ka pa nakarehistro para bumoto sa Araw ng Halalan, maaari ka pa ring magparehistro sa isang sentro ng serbisyo sa botante sa iyong county. Pahihintulutan kang bumoto nang personal para sa halalan na iyon at makakatanggap ng isang balotang pangkoreo para sa mga halalan sa hinaharap.
- Kung nasa linya ka, manatili sa linya. Ang pagboto ay magsasara sa 7:00 PM sa Araw ng Halalan, gayunpaman, kung nasa linya ka para bumoto sa isang sentro ng serbisyo sa botante o upang ihulog ang iyong balota sa koreo sa isang drop box ng balota, papayagan kang gawin iyon. Minamarkahan ng mga opisyal ang dulo ng linya, at hindi ka papayagang muling sumali kung aalis ka.
- Maaari kang humiling ng pansamantalang balota kung hindi mo makumpirma ang iyong rehistrasyon ng botante. Pahihintulutan ka ng isang pansamantalang balota na bumoto ng isang balota na maaaring o hindi maaaring mabilang pagkatapos na kumpirmahin ng Dibisyon ng mga Halalan ng County ang iyong impormasyon sa rehistrasyon ng botante.

Karapatan mong magparehistro upang makaboto

- Kung nakakaranas ka ng kawalan ng tirahan o kung hindi man ay walang tradisyonal na tirahan, karapat-dapat ka pa ring magparehistro para bumoto. Kapag nagparehistro ka, magbigay ng paglalarawan kung saan ka nakatira – tulad ng mga tawiran ng kalye at palatandaan, upang matulungan ang mga opisyal ng halalan na matukoy ang iyong distrito ng pagboto. Maaaring mag-alok ang mga opisyal ng halalan ng gabay sa mga opsyon sa pagboto kabilang ang personal na pagboto sa isang sentro ng serbisyo sa botante.
- Pinapanatili mo ang karapatang magparehistro at bumoto kung ikaw ay isang pre-trial detainee, nasa probasyon, o naka-parole pagkatapos ng pagkakakulong. Kung nahatulan ka ng isang mabigat na kasalanan, hindi ka pinahihintulutang bumoto sa panahon ng iyong pagkabilanggo, gayunpaman, ibinabalik ang mga karapatan mo sa pagboto kung ikaw ay nasa probasyon o parolado.

Karapatan mong bumoto habang wala sa Hawaii

- Kung pansamantala kang wala sa iyong tirahan sa Hawaii, maaari kang humiling na maipadala ang absentee ballot sa ibang address sa pamamagitan ng pagsusumite ng Absentee Ballot Application.
- Kung ikaw ay aktibong militar, asawa o umaasa sa isang aktibong militar o isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa ibang bansa, karapat-dapat kang bumoto sa mga halalan sa Hawaii. Sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Federal Post Card Application, ang iyong balota ay ihahatid sa iyo sa ibang bansa.

Karapatan mo sa tulong sa wika

- Ang mga materyales sa pagboto ay makukuha sa Chinese, Olelo Hawaii, Ilocano, at Tagalog, at ang karagdagang tulong sa wika ay makukuha sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Opisina ng mga Halalan.

Karapatan mo sa naa-access na pagboto at tulong

- Kung kailangan mo ng tulong sa pamamagitan ng proseso ng halalan, kabilang ang pagpaparehistro para bumoto, o pagsusuri, pagmamarka, at pagbabalik ng iyong balota, pinapayagan kang tumanggap ng tulong. Mahalagang tandaan na upang maprotektahan ka laban sa pananakot sa botante, ipinagbabawal kang tumanggap ng tulong mula sa isang kandidato sa balota, o sa iyong employer o ahente ng unyon.
- Ang mga opsyon sa naa-access na pagboto ay magagamit upang bumoto nang pribado at independiyente. Maaaring humiling ang mga botanteng may kapansanan ng isang naa-access na elektronikong balota o bumisita sa isang sentro ng serbisyo sa botante upang gumamit ng equipment sa naa-access na pagboto upang suriin at markahan ang kanilang balota.

TULONG SA WIKA

Para sa mga isinaling materyales sa pagboto o tulong sa wika, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Halalan.

如需翻譯後的選舉材料或語言協助，請聯絡選舉辦公室。

No nā pono koho pāloka a i 'ole no ke kōkua 'ōlelo Hawai'i, e ho'oka'a'ike i ka Māhele Koho o ka Moku'āina.

Para kadagiti naipatarus a materiales a mainaig iti eleksion wenno tulong iti lengguahe, awagan ti Opisina Dagiti Eleksion (Office of Elections).

Para sa mga isinalin na babasahin tungkol sa pagboto o kung kailangan ang tulong sa wika, makipag-ugnayan sa Tanggapan ng mga Eleksyon.

D Partido Demokratiko o Democratic Party

R Partido Republikano o Republican Party

G Partido Berde

L Partido Pang-Kalayaan o Libertarian Party

N Hindi partidista

Mga Dibisyon ng mga Halalan ng County

County ng Hawaii
25 Aupuni Street
Room 1502
Hilo, Hawaii 96720
(808) 961-8277
hiloelec@hawaiicounty.gov

County ng Maui
200 South High Street
Wailuku, Hawaii 96793
(808) 270-7749
county.clerk@mauicounty.us

County ng Kauai
4386 Rice Street
Room 101
Lihue, Hawaii 96766
(808) 241-4800
elections@kauai.gov

Lungsod at County ng Honolulu
530 South King Street
Room 100
Honolulu, Hawaii 96813
(808) 768-3800
elections@honolulu.gov

Makipag-ugnayan sa Amin

Opisina ng mga Halalan
802 Lehua Avenue
Pearl City, Hawaii 96782
(808) 453-VOTE (8683)
elections@hawaii.gov

Toll Free: 1-800-442-VOTE (8683)
TTY: (808) 453-6150
Toll Free TTY: 1-800-345-5915

Pagtatatuwa: Ibinigay ng mga kandidato ang mga pahayag sa mga sumusunod na pahina at hindi nasuri para sa katumpakan. Ang mga pananaw at opinyon na ipinahayag ng mga kandidato ay sa kanila at hindi kinakailangang kumakatawan sa mga pananaw at opinyon ng Opisina ng mga Halalan.

PANGALAN NG BALOTA:
BERNING, Nathan M. N

LEGAL NA PANGALAN:
Nathan M. Berning

Kinatawan ng U.S. Distrito I
righttokeep.org
berningtrailers@gmail.com
(260) 498-3415

Ako si Nathan Berning, isang malayang progresibong kandidato para sa Kongreso. Naniniwala ako na ang pabahay, pangangalagang pangkalusugan, pagkain at transportasyon ay mga karapatang pantao, at ang kakayahang mapanatili ang iyong sanggol ay isang karapatang pantao. Ang mga pamilyang Hawaiian ay nararapat sa kasaganaan, hindi kakulangan. Ang plano ko ay Kasaganaan ng Universal Housing (Universal Housing Abundance), libreng pabahay, pangangalagang pangkalusugan at transportasyon, pati na rin ang mas abot-kayang pagkain, malinis na tubig, protektadong lupa, at ganap na suporta para sa mga ina, bata, kūpuna, manggagawa, at pamilya. Nagtayo ako ng isang pambansang non-profit na tinatawag na Let Them Live at natulungan ko na ang mahigit 1,000 pamilyang nasa krisis. Alam ko kung paano gawing aksyon ang malalaking ideya. Kung mahahalal, ipaglalaban ko ang isang kinabukasan kung saan ang bawat pamilyang Hawaii ay may tahanan, ang bawat bata ay malugod na tinatanggap, ang bawat residente ay kayang tumira, at ang Hawaii ay magdadala sa Amerika sa isang bagong panahon ng dignidad ng tao, inobasyon, at pagkakaibigan.

PANGALAN NG BALOTA:
CASE, Ed D

LEGAL NA PANGALAN:
Edward E. Case

Kinatawan ng U.S. Distrito I
www.edcase.com
edcase@edcase.com
(808) 546-9509

Aloha! Ako si U.S. Congressman Ed Case, mapagkumbabang humihingi ng inyong kōkua para maipagpatuloy ko ang aking paglilingkod sa Kongreso. Hindi tiyak at mahirap ang panahong ito, mula sa hindi katanggap-tanggap na taas ng gastusin sa pamumuhay, hanggang sa ating ekonomiya at mga trabaho, ugnayang pandaigdig, pederal na pananalapi, kapaligiran, mga programang panlipunang nagbibigay ng proteksyon at marami pang iba, habang unti-unting humihina ang ating mga pundasyon. Kailangan nating baguhin ang landas tungo sa mas magandang landas pasulong. Nangangailangan ito ng matatag, mahusay, at may karanasang pamumuno sa Kongreso na pinakamainam na makakaharap ng mga pagbabago, makakalutas ng mga suliranin, makakapagtanggol sa demokrasya, at makakatulong sa Hawai'i. Kung muli akong mahahalal, mapapabilang ako sa nangungunang 25% ng mga miyembro ng House, at mas mapapalawak ko ang aking kakayahang maisakatuparan ang mga dapat gawin. At patuloy akong magsisikap, mananatiling malapit sa mga tao, magsasalita nang tapat, makikinig nang mabuti, kakatawan sa buong Hawai'i, at ipaglalaban ang ating bansa at ang mga tunay na solusyong magpapabuti sa inyong buhay. Lubos kong pinahahalagahan ang iyong pagsasaalang-alang, at hinihingi ko ang iyong suporta. Mahalo.

PANGALAN NG BALOTA:
CONLEY, Jordan S. G

LEGAL NA PANGALAN:
Jordan S. Conley

Kinatawan ng U.S. Distrito I
JordanforHawaii.com
conleyfitness@gmail.com
(808) 492-2213

Ako ay isang Coach, Fitness Professional, Guro, at Community Organizer. Mula sa pagtatrabaho sa service industry, volunteer coaching, pagtatatag ng isang non-profit (Hapa Mana), hanggang sa pagtakbo ngayon para sa kongreso, palagi kong inuuna ang komunidad. Hindi ko kailanman pinangarap na tumakbo sa pwesto, pero lagi kong binibigyang-pansin ang politika. Dito ko napagtanto na ang mga corporate party ay nagsisilbi sa interes ng mga kumokontrol sa kanila. Para magkaroon ng partidong maglilingkod sa karaniwang mamamayan, dapat ito ay binubuo ng mga karaniwang tao. Ang mga pangunahing isyung pagtutuunan ko ay ang Universal Health Care, Non-violence, at Cost of living. Gusto ko ang isang kinabukasan kung saan ang lahat ay may pagkakataong magtagumpay. Ang aking malasakit sa pagbibigay-lakas sa komunidad at inklusibong pamumuno ang nagtutulak sa akin na bumuo ng isang lipunang mas makatarungan at mas maunlad. Sa pamamagitan ng pagtataguyod ng pagtutulungan at pagpapahalaga sa iba't ibang pananaw, nakatuon ako sa pagbuo ng mas magandang kinabukasan para sa lahat.

PANGALAN NG BALOTA:
LAM, Adriel C. R

LEGAL NA PANGALAN:
Adriel C. Lam

Kinatawan ng U.S. Distrito I
www.lam4aloha.com
adriel@lam4aloha.com
(808) 721-9362

Hinihiling ko ang inyong boto upang mapagkumbabang mmakapaglingkod sa Kongreso at buong tapang na magsalita at ipaglaban ang mga mamamayan ng Hawaii bilang inyong Kinatawan ng Kongreso sa Washington, DC. Ang aking pamilya ay ikaapat na henerasyon nang residente ng Kaneohe. Ang aking lolo sa tuhod ay isang magsasaka ng palay sa Kaneohe, ang aking lolo ay nagtrabaho sa Pearl Harbor Naval Shipyard, at ang aking mga magulang ay nangaral ng Ebanghelyo sa ibang bansa. Pagkatapos ng halos 24 na taon ng paglilingkod sa US Army, umuwi ako sa Hawaii kasama ang aking pamilya upang maglingkod sa aking kapitbahayan at komunidad. Ang mga una kong prayoridad ay panatilihin ang estratehikong kahalagahan ng Hawaii bilang sentro ng Pacific, tiyakin ang pag-access sa pederal na pondo upang mapahusay ang mga daluyan ng tubig at imprastraktura ng transportasyon, at baguhin ang mga pederal na regulasyon sa pagpapadala upang mabigyan ang ating mga negosyo at consumer ng patas at makatarungang access sa mainland at pandaigdigang market. Makikita ang aking karanasan sa trabaho at edukasyon sa www.linkedin.com/in/adriellam. Ibuto si Adriel Lam, US House of Representatives, Hawaii Congressional District 1.

PANGALAN NG BALOTA:
AWA, Brenton R

LEGAL NA PANGALAN:
Brenton Awa

Kinatawan ng U.S. Distrito II
votebrentonawa.com
awaforcongress@outlook.com
(808) 454-3017

Record ng halalan – 2-0 (Panalo/talo) Pinuno ng Minorya sa Senado ng Hawaii. Ang pinakamataas na ranggong Republikano sa Hawaii. Ang tanging mambabatas ng estado ng Hawaii na nahalal noong 2024 nang hindi tumatanggap ng anumang donasyon. Ang tanging mambabatas ng Hawaii na may patakarang "walang regalo". Ang nag-iisang Hawaiian sa halalang ito. Inilarawan ng mga political analyst bilang isang maverick, isang independiyente, at isang aktibong lider na sikat dahil sa mga patakarang naglalayong pigilan ang mga residente ng Hawaii na hindi makayanang mamili, si Senador Awa ay nakilala rin sa pagsasabi ng katotohanan upang magbigay kapangyarihan sa anumang pagkakataon. Mula nang mahalal noong 2022, gumugol si Awa ng libu-libong oras sa paggawa ng mga pampublikong lupain bilang mga espasyo para sa pagtatanim ng pagkain. Personal na inaalagaan ng senador ang mga halaman sa kanyang distrito, nagtatanim ng ulu, mountain apple, saging, niyog, at iba pang pagkain para sa kanyang komunidad habang nilalabanan ang mga sumasalakay na peste. Sa social media, si Awa ang pinakasinusubaybayang mambabatas ng estado sa Hawaii. Ang may dalawang anak na ama, ay isa ring maipagmamalaking nagtapos sa Kahuku High.

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
TOKUDA, Jill N. D

LEGAL NA PANGALAN:
Jill N. Tokuda

Kinatawan ng U.S. Distrito II
tokudaforhawaii.com
info@tokudaforhawaii.com
(808) 383-8074

Tumatakbo ako para sa Kongreso dahil napakaraming lokal na pamilya ang nahihirapang manatili sa lugar na mahal nila. Ang tumataas na presyo ng pabahay, pagkain, gasolina, pangangalagang pangkalusugan, at mga bayarin sa kuryente at tubig ay nagtutulak sa ating mga kababayan na umalis at nagpapaisip sa ating mga anak kung maaari ba silang bumuo ng kinabukasan dito sa kanilang tahanan. Ang totoo, masyadong matagal nang pinapatakbo ang sistemang ito para paboran ang mayayaman at makapangyarihan, habang ang mga ordinaryong pamilya ang siyang nagdurusa. Kaya hindi ako tumatanggap ng pera mula sa mga korporasyong PAC — dahil ang pinaglilingkuran ko ay ang mga mamamayan ng Hawai‘i, hindi ang mga espesyal na interes na kumikita habang napag-iiwanan ang mga lokal na pamilya. Bilang isang ina, personal sa akin ang laban na ito. Araw-araw, ipinaglalaban ko ang pagpapababa ng mga gastusin, pangangalaga sa ating lupain, pagtatanggol sa mga lokal na oportunidad, at pagtiyak na ang Hawai‘i ay mananatiling isang lugar kung saan ang mga pamilyang nagtatrabaho ay hindi lamang basta makakaraos, kundi upang makakapanatili, makapagpapalaki ng mga anak, at umunlad para sa mga susunod pang henerasyon.

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
CORDERY, Gary R

LEGAL NA PANGALAN:
Gary A. Cordery

Gobernador
garycorderyforgovernor.com
gcordery3@gmail.com
(808) 478-8046

Ako si Gary Cordery, at isang pribilehiyo at karangalan para sa akin na ipahayag ang aking kandidatura para sa Gobernador ng Hawai'i. Bilang asawa sa loob ng 45 taon, ama ng dalawa anak, at lolo ng pitong apo, naniniwala ako sa kahalagahan ng 'Ohana at sa pamana na kinakatawan nito. Ang mga paniniwalang ito ang pundasyon ng pananaw ng ating kampanya. Bilang isang matagumpay na General Contractor, alam ko kung paano pamahalaan ang mga empleyado, logistic, mga mapagkukunan, at mga propesyonal na ugnayan para matapos ang mga proyekto sa tamang oras. Noong 2020, itinatag namin ng aking asawang si Kim ang Aloha Freedom Coalition, isang organisasyong sumusuporta sa mga karapatan ng bawat indibidwal at libu-libo sa Hawai'i ang sumali upang suportahan ang mga karapatang ito. Lubos na pagtutuunan ng ating pro-Hawai'i na kampanya ang transparency, integridad, at pananagutan, kung saan ang maayos na pangangalaga sa mga yaman ng bayan ay makikita sa mga konkretong polisiya, na magbubunga ng oportunidad at katarungan para sa lahat. Sama-sama nating babaguhin ang sitwasyon mula sa pagkadismaya at kawalan ng pag-asa tungo sa kasaganaan para sa mga mamamayan ng Hawai'i.

PANGALAN NG BALOTA:
GREEN, Josh D

LEGAL NA PANGALAN:
Joshua Green

Gobernador
joshgreenforhawaii.com
campaign@joshgreenforhawaii.com

Ang aking pangunahing prayoridad ay gawing mas abot-kaya ang Hawaii para sa bawat pamilya. Sa aking unang termino sa panunungkulan, naisakatuparan natin ang pinakamalaking bawas sa buwis para sa middle class sa kasaysayan ng estado, dinoble natin ang earned income tax credit at ang food tax credit, at pinalaki ang child and dependent care credit. Nagtatayo tayo ng mas maraming bagong pabahay kaysa sa nakalipas na mga dekada, kabilang ang 46,000 yunit ng abot-kayang pabahay — na makakatulong na pababain ang mga gastos sa pabahay para sa lahat. Gumawa rin tayo ng pinakamalaking pamumuhunan sa kasaysayan ng ating estado para bawasan ang kawalan ng tirahan — itinatayo natin ang 30 kauhale village sa buong estado, mga komunidad ng maliliit na tahanan na tuluyang nag-aalis ng mga tao sa mga lansangan at makapagsimulang muli ng kanilang buhay. May marami pang kailangang gawin sa mga hamong ito — kaya ako tumatakbo para sa pangalawang termino bilang gobernador, at ito ang ipagpapatuloy kong pagsusumikapan kung mahahalal.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
ANTHONY, Daniel R

LEGAL NA PANGALAN:
Daniel K. Anthony

Pangalawang Gobernador
iiawah@hotmail.com
(808) 542-1326

Ang pangalan ko ay Daniel Anthony, at tumatakbo ako para sa Lieutenant Governor dahil naniniwala akong ang pinakamagagandang araw ng Hawai'i ay nasa hinaharap pa rin natin. Tinawid ng ating mga ninuno ang malawak na karagatan nang may katapangan, pananampalataya, at isang pangitain para sa mga susunod na mga henerasyon. Ngayon, tayo ay tinatawag upang ipakita ang parehong katapangan. Nahaharap tayo sa tumataas na mga gastusin, humihinang tiwala sa gobyerno, at lumalaking mga hamon sa ating pamumuhay—ngunit ako ay tumatangging maniwala na ang kinabukasan ng Hawai'i ay tungkol sa pagbagsak nito. Nakaugat sa Aloha ʻĀina, pamilya, at pananampalataya sa ating mga kababayan, ako ay nakatuon sa pagpapanumbalik ng tiwala sa pamamagitan ng transparency, pananagutan, at pamumunong naglilingkod. Makikipaglaban para protektahan ang ating mga lupain, palakasin ang lokal na seguridad sa pagkain, suportahan ang maliliit na mga negosyo, at tiyaking pinaglilingkuran ng gobyerno ang mga tao—hindi ang kabaligtaran nito. Ang kampanyang ito ay higit pa sa pulitika. Ito ay tungkol sa pagbibigay-inspirasyon sa bagong henerasyon na maniwala na ang Hawai'i ay maaaring muling maging isang lugar kung saan umuunlad ang mga pamilya, ang mga komunidad ay

PANGALAN NG BALOTA:
KAWAKAMI, Derek S.K. D

LEGAL NA PANGALAN:
Derek S.K. Kawakami

Pangalawang Gobernador
derekkawakami.com
derekforhawaii@gmail.com
(808) 634-2960

Aloha. Ako si Derek Kawakami, ipinanganak sa Hilo, lumaki sa Kaua'i, at isang asawa, ama, at habang-buhay na lingkod-bayan. Tumatakbo ako para sa Lieutenant Governor dahil kailangan ng Hawai'i ng mapagkakatiwalaang pamumuno na nagbubuklod sa mga tao at naghahatid ng mga resulta. Sa loob ng dalawang termino bilang Alkalde ng Kaua'i, pinangungunahan namin ang paglaban sa COVID-19 at mga likas na sakuna, inaayos ang mga kalsada, pinalawak ang abot-kayang pabahay, pinagaan ang pasanin sa buwis ng mga lokal na pamilya, pinalakas ang kaligtasan ng publiko, at tiniyak na ang mga bisita ay nagbibigay ng kanilang patas na bahagi. Handa akong dalhin ang parehong makatao at nakasento sa tao na pamamaraan sa bawat isla. Ang mga pamilya sa buong Hawai'i ay nahihirapan sa mataas na gastusin sa pamumuhay, pabahay, at kawalan ng tirahan, at sa takot na ang kanilang anak ay hindi makapanatili sa lugar na tinatawag nilang tahanan. Bilang Lieutenant Governor, makikipagtulungan ako sa Gobernador, mga county, at mga komunidad upang maghatid ng mga praktikal na solusyon na nakaugat sa aloha, respeto, at tiwala, upang umunlad ang ating mga keiki, pamilya, at mga kūpuna.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

Senador ng Estado Distrito 2

PANGALAN NG BALOTA:

FOGEL, Frederick F. L

LEGAL NA PANGALAN:

Frederick F. Fogel

Senador ng Estado Distrito 2

fogelforfreedom@gmail.com

(808) 265-1659

Narito ang nais kong maisakatuparan: 1. Mga limitasyon sa termino para sa lahat ng halal na opisyal. 2. Palawigin ang mga sesyon ng lehislatura mula limang buwan patungong sampung buwan. 3. Iayon ang taon ng pananalapi sa taon ng kalendaryo. 4. Talagang gawing balanse ang budget. 5. Gawing legal ang pagmamay-ari at pagtatanim ng cannabis. 6. Bigyan ng higit na awtonomiya ang mga lalawigan. 7. Protektahan ang mga lokal na pangalan ng produkto tulad ng "Ka`u Coffee". 8. Paghiwalayin ang henerasyon ng kuryente mula sa sistema ng distribusyon. 9. Magpatupad ng point-of-origin labeling para sa mga lokal na produkto. 10. Ganap na pondohan ang mga obligasyon ng gobyerno sa pagreretiro at kalusugan. 11. Bigyan ng mas mataas na sahod ang mahuhusay na guro. 12. Hayaang gastusin ng mga principal ang kanilang budget sa pagpapatakbo sa anumang paraan na sa tingin nila ay naaangkop. 13. Bumuo ng mga lupon ng paaralan ng county. 14. Hayaan ang mga magulang na magdesisyon kung aling paaralan ang pinakamainam para sa kanilang mga keiki. 15. Hilingin na ang mga bilanggo ay magtrabaho. 16. Tumutok sa rehabilitasyon ng mga kriminal. 17. Muling pagpapatupad ng parusang kamatayan. 18. Magpatupad ng flat percentage na buwis sa kita ng estado. 19. Tanggalin ang sales tax sa pagkain at gamot. 20. Magpataw ng pinakamababang antas ng buwis sa mga lupang pang-agrikultura.

PANGALAN NG BALOTA:

SAN BUENAVENTURA, Joy D

LEGAL NA PANGALAN:

Joy A. San Buenaventura

Senador ng Estado Distrito 2

www.joysanbuenaventura.com

joy4puna@outlook.com

(808) 935-6094

Ipinagmamalaki kong makatulong sa pagpapalawak ng serbisyong pangkalusugan sa Puna, kabilang ang isang Keaau Healthcare Center sa hinaharap; isang mobile dialysis ng DoH sa hinaharap at ang pagpapalawak ng Keaau dental center ng HICHC. Nakatulong ako na mabawasan ang mga problema sa trapiko sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng HDoT sa county upang ayusin ang Stainback at lumikha ng Māmaki/Hwy 11 merge lane sa hinaharap upang mapagaan ang biyahe sa pagitan ng Upper Puna at Hilo. Para sa lower Puna, naibsan ang trapiko mula noong 2014 sa pamamagitan ng pagpapalawak ng Hwy 130 mula 2 patungong 4 na linya mula Keaau hanggang Kaloli, paggawa ng protektadong right turn mula Shower, at mga contra-flow lane tuwing rush hour sa umaga. Sa panahon ng krisis, nakakuha ako ng $60 milyon na matching fund para sa county upang makuha ang buong FEMA funding para sa 2018 na sakuna ng lava. Noong 2023, tumulong ako na protektahan ang karapatan sa kababaihan sa reproductive health pamamagitan ng pagprotekta sa mga provider mula sa mga batas laban sa aborsyon mula sa ibang estado, at kamakailan lang, tumulong ako sa mga tumatanggap ng SNAP noong 2025 fed shutdown. Ihalal niyo po akong muli para mas marami pa akong magawa.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
CHANG, Stanley D

LEGAL NA PANGALAN:
Stanley P. Chang

Senador ng Estado Distrito 9
stanleychang.com
stanley@stanleychang.com
(808) 778-5783

Ang dahilan kung bakit ako tumatakbo para sa posisyon ay nag-uugat sa aking mga magulang. Ang aking ama ay isang imigrante mula sa China na dumating sa bansang ito na walang dala. Dahil sa iisang trabaho sa estado bilang propesor sa UH, nakabili siya ng bahay, naipag-aral niya kami ng aking mga kapatid sa kolehiyo, at nakapagretiro nang komportable. Ngayon, aabutin ako ng 40 taon ng buong suweldo ko para mabili ang bahay na binili niya noong 1983. Hindi na posible ngayon para sa kabataan na magtrabaho sa iisang trabaho, magpalaki ng pamilya, at makabili ng bahay. Kaya naman, sa loob ng 8 taon ay pinamunuan ko ang Housing committee, na ipinaglalaban ang pagdadala ng modelo ng pabahay ng Singapore sa Hawaii. Isinusulong ko ang mga makabagong paraan upang mabawasan ang kawalan ng tirahan, ang kalusugan ng isip, at mapalakas ang pakikilahok ng kabataan sa gobyerno. Nakapaghatid na tayo ng sampu-sampung milyong dolyar para sa mga paaralan at iba pang pampublikong pasilidad ng ating distrito. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto.

PANGALAN NG BALOTA:
CROSWELL, David A. R

LEGAL NA PANGALAN:
David A. Croswell

Senador ng Estado Distrito 9
davidcroswell.com
david@davidcroswell.com
(808) 478-2378

Naniniwala ako na ang matibay na pamilya ay nagtatatag ng matibay na komunidad. Bilang asawa at ama ng tatlo, itinuturo sa akin ng aking pananampalataya na ang serbisyo publiko ay isang responsibilidad, hindi isang plataporma para sa personal na ambisyon. Kailangan ng Hawai'i ng mga pinunong makikinig nang mabuti, magsasalita nang tapat, at gagawa ng mga desisyon nang may kababaang-loob, lakas ng loob, at pananagutan. Alam ko ang mga presyon na kinakaharap ng mga pamilya: tumataas na gastos, limitadong pabahay, mga alalahanin tungkol sa edukasyon, at ang maraming hamon ng pagpapalaki ng mga anak at pag-aalaga sa mga kūpuna. Magsisikap ako upang protektahan ang mga karapatan ng mga magulang, palakasin ang mga lokal na komunidad, susuportahan ang responsableng pangangasiwa ng pondo ng mga nagbabayad ng buwis, at ipagtatanggol ang dignidad ng bawat tao. Simple lang ang aking pangako: maglingkod nang may integridad, unahin ang mga pamilya, at tumulong sa pagbuo ng Hawai'i kung saan ang pananampalataya, kalayaan, responsibilidad, at aloha ay maaaring umunlad para sa mga susunod na henerasyon.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

CHRISTIAN, Wallyn Kanoelani R

LEGAL NA PANGALAN:

Wallyn K. Christian

Senador ng Estado Distrito 13
www.WallynForHawaii.net
Wallyn4Hawaii@gmail.com
(808) 450-4380

Aloha! Ang pangalan ko ay Wallyn Christian, at ako ay ipinanganak at lumaki sa O'ahu. Isang karangalan para sa akin ang tumakbo para sa Senado ng Estado sa Distrito 13 upang magsilbing malakas na tinig para sa ating komunidad. Sa loob ng maraming taon, ipinagtanggol ko ang mga tao ng Hawai'i, itinataguyod ang mga isyung nakakaapekto sa ating mga pamilya, mga anak, mga matatanda, maliliit na negosyo, at sa mga susunod na henerasyon. Naniniwala ako na makakabuo tayo ng mas abot-kaya at mas maunlad na Hawai'i kung saan ang mga lokal na pamilya ay maaaring manirahan, magtrabaho, at umunlad. Magpapasalamat ako sa inyong boto at sa pagkakataong maging kinatawan ninyo. Sama-sama, nang may pagmamahal, respeto, at dedikasyon sa paglilingkod, makakagawa tayo ng mas maliwanag na kinabukasan para sa ating mga anak at mga susunod pang henerasyon. Maraming salamat sa iyong suporta, at nawa'y magkaroon ng mapagpala at masaganang araw! Pagpalain nawa ng Diyos ang mga tao ng Hawai'i!

PANGALAN NG BALOTA:

NAKAMATSU, Tricia Kwai Lin D

LEGAL NA PANGALAN:

Tricia Mayumi Kwai Lin Nakamatsu

Senador ng Estado Distrito 13
tricianakamatsu.com
tricia.nakamatsu@gmail.com
(808) 788-7288

Aloha, kapitbahay! Bilang residente ng distritong ito sa ikaapat na henerasyon—kasama ang aking mga anak na kumakatawan sa susunod na henerasyon—malalim ang pagkakaugat ng aming pamilya dito, at ang aking pangako sa aming komunidad ay panghabambuhay. Sa loob ng mahigit 30 taon, higit pa ito sa kung saan ako nanirahan at nagtrabaho; dito ko binuo ang aking buhay. Bilang isang dedikadong lingkod-bayan, tagausig, at tagapag-ugnay sa lehislatura sa loob ng mahigit 15 taon, nakipagtulungan ako sa mga mambabatas, pampubliko at pribadong entidad, at mga kasosyo sa komunidad upang lumikha ng mga batas na gagawing mas ligtas ang ating mga kapitbahayan at mas malinaw ang ating pamahalaan. Bilang isang ina ng dalawang anak, na pinalaki ng isang masisipag na pamilyang mula sa gitnang uri, nauunawaan ko ang mga presyon na kinakaharap ng mga lokal na pamilya, ang mataas na halaga ng pamumuhay, at ang pangangailangan para sa abot-kayang pabahay. Ang karanasang ito sa buhay at napatunayang record ang nagbibigay sa akin ng natatanging kwalipikasyon upang maghatid ng mga tunay na resulta para sa ating komunidad. Karangalan kong maglingkod sa inyo sa Senado ng Estado, at buong pagpapakumbabang hinihiling ko ang inyong boto. Buong katapatan, Tricia

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

HANNA, Max G.

N

LEGAL NA PANGALAN:

Max G. Hanna

Senador ng Estado Distrito 18 (Bakanteng Posisyon)

maxhanna1202@gmail.com

(808) 439-4861

Hi, ako si Max Hanna at gusto kong maging susunod ninyong Senador ng Estado, matapang na kahilingan iyan mula sa isang 21 taong gulang na hindi pa nakatrabaho sa gobyerno. Pero gusto kong mapunta sa lugar kung saan mapapabuti ko ang lipunan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga tao upang isulong ang mga solusyon para sa mga mamamayan kaysa sa mga espesyal na interes. Tumatakbo ako bilang Independent dahil ang trabahong ito ay tungkol sa Pagkatawan sa Mga Mamamayan, hindi sa Paghila sa linya ng Partido, at sa pamamagitan ng inyong Boto ng Kumpiyansa, makakamit natin ang tunay na reporma. Kung nais ninyong malaman ang aking mga patakaran, mangyaring makipag-ugnayan sa akin dahil nais kong pag-usapan ang tungkol sa patakaran na kasama kayo. Salamat.

PANGALAN NG BALOTA:

BASS, Danielle Maliekekai

D

LEGAL NA PANGALAN:

Danielle Marie Maliekekai Bass

Senador ng Estado Distrito 18 (Bakanteng Posisyon)

daniellebass.com

FriendsofDanielleBass@gmail.com

(808) 478-2378

Aloha! Isang karangalan ang maglingkod bilang inyong Senador ng Estado para sa mga komunidad ng Central O'ahu na tinatawag kong tahanan. Ipinanganak at lumaki sa Mililani, ako ay nagtapos sa Mililani High at UH na may malalim na pagkakaugat sa Central O'ahu at panghabambuhay na pangako sa paglilingkod. Bilang matagal nang pinuno ng komunidad, naglingkod ako sa gobyerno, sa ating mga paaralan, sa mga organisasyon ng komunidad, at bilang Tagapangulo ng Mililani-Waipi'o Neighborhood Board. Bilang inyong Senador, ako ay nagsusumikap para sa inyo sa ating mga komunidad. Sa inyong suporta, patuloy akong lalaban para sa abot-kayang presyo, ligtas na mga komunidad, mas matibay na paaralan at imprastraktura, at mas matatag na Gitnang O'ahu.

PANGALAN NG BALOTA:

KITASHIMA, Kelly Puamailani

R

LEGAL NA PANGALAN:

Kelly Anne P. Kitashima

Senador ng Estado Distrito 18 (Bakanteng Posisyon)

votekellykitashima.com

kelly@votekellykitashima.com

Ang Central Oahu ay higit pa sa isang distrito lamang sa mapa, ito ang ating tahanan. Dito natin pinapalaki ang ating mga anak, sinusuportahan ang ating mga lokal na negosyo, at binubuo ang ating mga kinabukasan. Ngunit ngayon, napakaraming pamilyang nagtatrabaho ang nahaharap sa mataas na gastos, limitadong mga mapagkukunan sa paaralan, at mahahabang biyahe. Bilang isang lider ng pribadong sektor, lokal na ina, at panghabambuhay na miyembro ng ating komunidad, tumatakbo ako para sa Senado ng Estado sa Distrito 18 upang magdala ng mga praktikal na solusyon at panibagong enerhiya sa Kapitolyo ng Estado. Naniniwala ako sa pagbuo ng matatag na pundasyong pang-edukasyon na inilatag sa ating harapan habang naghahatid ng tunay na tulong pang-ekonomiya at mga lokal na trabaho para sa ating komunidad.

HAWAII VOTES

Senador ng Estado Distrito 19 (Bakanteng Posisyon)

PANGALAN NG BALOTA:
LAMOSAO, Rachele F. D
LEGAL NA PANGALAN:
Rachele Lamosao Cadiz

Senador ng Estado Distrito 19 (Bakanteng Posisyon)
Rachelelamosao.com
Votelamosao@gmail.com
(808) 292-3208

Bilang isang maipagmamalaking produkto ng ating mga lokal na pampublikong paaralan at panghabambuhay na miyembro ng komunidad na ito, ako ay nakatuon sa paglilingkod sa mga taong humubog sa akin. Mula sa aking trabaho sa Waipahu Neighborhood Board at sa Hawaii Foodbank hanggang sa paglilingkod sa Lehislatura ng Estado, ang aking pinagtutuunan ay palaging sa pagbibigay pabalik at paggawa ng pagbabago. Nauunawaan ko ang mga paghamong kinakaharap ng ating mga pamilya dahil naranasan ko na ang mga ito kasama ninyo. Kaya naman nananatili akong dedikado sa paghahanap ng mga praktikal na solusyon, pagpapalakas ng ating komunidad, at pagtiyak na ang bawat tinig ay maririnig. Isang karangalan ang makapaglingkod sa inyo, at buong pagpapakumbaba kong hinihiling ang inyong patuloy na tiwala at suporta habang tayo ay nagtutulungan upang bumuo ng isang mas matibay na kinabukasan para sa ating komunidad.

PANGALAN NG BALOTA:
PIERICK, Elijah R
LEGAL NA PANGALAN:
Elijah Pierick

Senador ng Estado Distrito 19 (Bakanteng Posisyon)
elijahpierick.com
elijah.pierick.publicservant@gmail.com
(808) 258-3235

Kung mahahalal, kabilang sa aking layunin ang: -pagpapabuti ng ekonomiya -pagiging mas ligtas ng mga komunidad -pagpapababa ng mga gastusin sa pamumuhay -pagbawas sa bilang ng mga walang tirahan -pagpapababa ng halaga ng kuryente -pagpapabilis ng oras ng pag-commute sa kalsada -pagpapabuti ng edukasyon

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
MCDERMOTT, Bob R

LEGAL NA PANGALAN:
Robert C. McDermott

Senador ng Estado Distrito 20
votemcdermott.com
representativemcdermott@gmail.com
(808) 371-4605

Kasal kay UtuFa'asili J. McDermott sa loob ng 39 na taon; pinalaki namin ang 8 anak at ngayon ay biniyayaan ng mahigit 20 apo. Naglingkod bilang elisted at opisyal ng Marines, beterano ng Desert Storm. Naglingkod ng 16 na taon sa State House. Dalawang beses na hindi nagtagumpay na nominado ng mga Republican para sa US Senate. Hindi sa pagmamayabang, pero ako ang naglantad ng isyu sa Red Hill at walang tigil na hiniling ang pagsasara nito. Nakakuha ng humigit-kumulang 80m para sa bagong gusali ng Campbell High school at maraming mas maliliit na item. Tagapagtanggol ng mga bata laban sa ideolohiya tungkol sa kasarian na ipinipilit sa kanila sa napakabatang edad (kindergarten). OO, ipinag-uutos ng patakaran ng BOE ang edukasyon sa sekswalidad sa kindergarten...Mala-demonyo ito. Pakiusap, mga Democrats, tigilan ninyo ang mga anak namin!!

PANGALAN NG BALOTA:
OWENS, Markus D

LEGAL NA PANGALAN:
Mark D. Owens

Senador ng Estado Distrito 20
www.votemarkusowens.com
votemarkusowens@gmail.com
(808) 636-1213

Ipinagmamalaki kong tumakbo para sa State Senate Disctrict 20 upang katawanin ang masisipag na pamilya ng 'Ewa Beach. Ang aking karera ay sumasalamin sa panghabambuhay na dedikasyon sa serbisyo publiko, pakikipag-ugnayan, at pakikilahok sa komunidad. Sa mahigit 30 taon kong paglilingkod sa gobyerno, nauunawaan ko kung paano nakakaapekto sa ating mga komunidad ang mga pampublikong programa at patakaran, at kung paano gamitin ang sistema upang maghatid ng mga resulta. Bilang isang propesyonal sa public relations sa gobyerno, nakilala ako sa malinaw na komunikasyon, transparency, at maagap na pagtugon—na tinitiyak na naririnig ang boses ng mga residente. Ang mahigit 20 taon kong karanasan bilang tagapagbalita sa telebisyon ay nagpalakas sa aking kakayahang magbigay ng impormasyon sa publiko at makipag-ugnayan sa mga tao sa ating buong komunidad. Bilang isang propesyonal sa real estate, nagkaroon nahasa ko ang matibay na kasanayan sa negosasyon—na nagsasama-sama sa mga tao at naghahanap ng mga praktikal na solusyon. Gagamitin ko ang aking karanasan sa pamumuno, malinaw na komunikasyon, at epektibong negosasyon sa lehislatura ng estado upang ipaglaban ang 'Ewa Beach at maghatid ng makabuluhang resulta para sa kinabukasan ng ating komunidad.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

KENNEALY, Jonathan

R

LEGAL NA PANGALAN:

Jonathan P. Kennealy

Kinatawan ng Estado Distrito 2

kennealy4hawaii@gmail.com
(940) 594-2578

Si Jonathan Kennealy ay ipinanganak at lumaki sa Hilo, Hawaii at nagtapos sa Waiakea High noong taong 2000. Si Jonathan ay isang Beterano ng Hukbo at may karanasan sa pagpapatupad ng batas na humigit-kumulang 20 taon. Dahil parehong may-ari ng maliliit na negosyo ang kanyang mga magulang sa Hilo, at siya rin naman ay may sarili niyang negosyo, nauunawaan ni Jonathan ang hirap ng pagkakaroon ng negosyo sa Hawaii. Ang kanyang pagmamahal at mga prayoridad ay naaayon sa Diyos, sa kanyang pamilya, at sa mga tao ng Hawaii. Naniniwala si Jonathan sa pagdadala sa Hawaii sa isang lugar ng kakayahang mapanatili ang sarili, pagpapababa ng mga buwis, at pagtulong sa mga tao ng Hawaii na umunlad hindi lamang sa pagtatangkang mabuhay.

PANGALAN NG BALOTA:

KEOHOKAPU LEE LOY, Sue

D

LEGAL NA PANGALAN:

Susan L.K. Lee Loy

Kinatawan ng Estado Distrito 2

voteleeloy.com
sue@voteleeloy.com

Isang karangalan para kay Rep. Sue Keohokapu Lee Loy na katawanin ang House District 2 ng Hilo. Proud na nag-aral si Sue sa mga pampublikong paaralan ng Hilo: Waiakeawaena Elementary, Waiakea Intermediate, Waiakea High, Hawaii Community College, at ang Unibersidad ng Hawaii sa Hilo. Matapos ang kanyang karera sa pagpaplano ng paggamit ng lupa, nahalal si Sue noong 2016 sa Hawaii County Council. Nahalal siya sa Hawaii State House noong 2024 at naglilingkod sa Finance Committee, Human Services Committee, at bilang Vice Chair ng Health Committee. Sa kanyang unang termino, nakapaghatid si Sue ng mahigit $60 milyon para sa mga proyekto sa imprastratura at mga grant-in-aid upang matulungan ang mga pamilyang manggagawa. Patuloy na naghahanap si Sue ng mga oportunidad sa ekonomiya, tulad ng pakikipag-ugnayan sa komunidad sa muling pasiglahin ang Banyan Drive, at papaunlad sa serbisyong pangkalusugan sa kanayunan upang palakasin ang ating mga lokal na ospital, klinika, at mga manggagawa sa serbisyong pangkalusugan. Ang pagiging aktibo, pakikinig sa komunidad, at pagtataguyod para sa Hilo ay naging at patuloy na magiging pundasyon para sa

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
MARTIN, Austin L

LEGAL NA PANGALAN:
Austin D. Martin

Kinatawan ng Estado Distrito 3
rapidreason@gmail.com

Ako si Austin Martin, at Hawaii Island ang aking tahanan. Tumatakbo ako para sa State House District 3 dahil kailangan ng ating komunidad ng kinatawan na nababuhay sa realidad ng ating buhay: ang mataas na gastos, ang mahahabang biyahe, ang pag-aalala kung kayang manatili ng ating mga anak. Gumugol ako ng mga taon sa pagtatrabaho sa ating lokal na sibiko at politikal na komunidad, at nakita ko kung gaano karami ang ating magagawa kapag ang mga kapitbahayan ay nagsaayos at humiling ng mas mahusay. Sa panunungkulan, pagtutuonan ko ang mga pangunahing bagay: gawing abot-kaya ang buhay, protektahan ang ating lupain at patubig, suportahan ang lokal na agrikultura at maliliit na negosyo, at panatilihing tapat at hindi nakakaabala ang gobyerno. Hindi ako nakadepende sa kahit anong makinarya. Ang aking katapatan ay sa mga tao ng distritong ito. Bumuo tayo ng kinabukasan kung saan uunlad ang ating mga pamilya dito mismo sa ating tahanan. Mahalo, at magalang kong hinihingi ang inyong boto.

PANGALAN NG BALOTA:
TODD, Christopher L.T. D

LEGAL NA PANGALAN:
Christopher L.T. Todd

Kinatawan ng Estado Distrito 3
christmastodd@gmail.com
(808) 825-8636

Si Chris Toshiro Todd ay kasalukuyang nasa kanyang ikaapat na termino na kumakatawan sa House District 3, na sumasaklaw sa isang bahagi ng Hilo, Keaukaha, Pana'ewa, Orchidlands Estate, 'Āinaloa, Hawaiian Acres, Fern Acres, mga bahagi ng Kurtistown, at Kea'au sa Lehislatura ng Estado ng Hawai'i. Ipinanganak at lumaki sa Silangang Hawai'i, si Chris ay nagtapos sa University of Hawai'i at Hilo na may bachelor's degree in economics and political science. Dati siyang humawak ng ilang posisyon sa Suisan Fish Market at Hawai'i Paper Products. Nanatiling malalim ang dedikasyon ni Chris sa pagtataguyod para sa mga pamilyang nagtatrabaho sa Kapitolyo at masigasig din sa paglikha ng mga landas para sa mga lokal na kabataan, kapwa sa Hilo at Puna, upang maabot ang kanilang mga propesyonal at personal na pangarap.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
ILAGAN, Greggor D

LEGAL NA PANGALAN:
Greggor Johanson P. Ilagan

Kinatawan ng Estado Distrito 4
voteilagan.com
aloha@voteilagan.com
(808) 557-5819

Si Greggor Ilagan ay naglingkod sa Distrito 4 sa State House of Representatives ng Hawai'i mula noong 2020. Nagsimula ang kanyang serbisyo publiko noong 2004 sa Hawai'i Air National Guard, kung saan naglingkod siya nang anim na taon na may espesyalisasyon sa combat communications and satellite systems. Noong 2012, nahalal siya bilang pinakabatang miyembro ng County Council ng Hawai'i. Patuloy na nakatuon si Greggor sa paglago ng agrikultura, pagbabawas ng pagsisikip ng trapiko, pagpapabuti ng transportasyon, at pagsuporta sa pag-unlad ng ekonomiya sa Puna. Nagsusumikap si Rep. Ilagan na isulong ang mga prayoridad ng Puna, kabilang ang alternatibong ruta, isang permanenteng solusyon para sa dalawang-jetty para sa Pohoiki Boat Ramp, isang pampublikong aklatan at sentro ng transportasyon sa Pāhoa, pinahusay na mga pasilidad ng paaralan, pinalawak na access sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga emergency, mas malakas na mga negosyong pang-agrikultura, at mas mahusay na access sa insurance sa Lava Zones 1 at 2. Ang kanyang prayoridad ay ang patuloy na magpakita, makinig sa mga residente, at ipaglaban ang mas ligtas at mas magandang kinabukasan para sa mga tao ng Puna.

PANGALAN NG BALOTA:
WITTENHAGEN, Zak R

LEGAL NA PANGALAN:
Zak O'Finn Wittenhagen

Kinatawan ng Estado Distrito 4
zakwittenhagen2026@outlook.com
(808) 279-1773

Ako si Zak O'Finn Wittenhagen, at tumatakbo bilang District 4 Representative dahil alam ko ang pakiramdam ng hindi pinapansin ng mga "nakatataas." Para sa akin, hindi lamang ito tungkol sa boto—tungkol ito sa pribilehiyong maglingkod sa isang komunidad na napabayaan. Mula sa paglalagay ng mga takip sa hintuan ng bus hanggang sa pagtugon sa mga patuloy na isyu sa Highway 130 at tulay ng Pohoiki, handa akong maging boses ninyo. Bilang prangka at tapat na "probinsyano" na umasa sa EBT at SSI, naiintindihan ko ang kahirapan. Ang mabilis na pagtaas ng gastusin sa pamumuhay ay nagtutulak sa mga lokal na umalis sa lupang mahal nila, at hindi ito katanggap-tanggap. Malakas ang aking suporta sa ating mga first responder, militar, at mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan. Hayaan ninyong ang aking katapatan at karanasan sa buhay ang maglingkod sa inyo. Sama-sama nating tiyakin na mariringig na sa wakas ang boses ng Distrito 4. Ihalal si Zak O'Finn Wittenhagen para sa Distrito 4.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
KAPELA, Jeanne D

LEGAL NA PANGALAN:
Jeanne M. Kapela

Kinatawan ng Estado Distrito 5
jeannekapela.com
jeanne@jeannekapela.com
(808) 854-1148

Ipinanganak at lumaki sa Hōnaunau, ipinagmamalaki kong kumatawan sa lugar na humubog kung sino ako. Ako ang unang babaeng Katutubong Hawaiian na kumatawan sa aming distrito sa State House at ang pinakabatang babaeng nahalal sa estado. Bilang Tagapangulo ng Komite ng Kapulungan para sa Kultura at Sining at Co-Convenor ng Working Families Caucus, araw-araw akong lumalaban upang bumuo ng isang Hawai'i kung saan ang mga komunidad at mga pamilyang nagtatrabaho ay maaaring umunlad. Itinaguyod ko ang bayad na sick leave at family leave, pangkalahatang pangangalaga sa bata, patas na buwis, at abot-kayang pabahay. Nakatuon ako sa ganap na pagpopondo ng ating mga paaralan, pagprotekta sa ating 'āina, pagpapalakas ng katatagan sa klima at kahandaan sa mga emerhensiya, at pagpapalawak ng access sa de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan at mga kalayaang sibil para sa ating mga kapitbahayang LGBTQ+. Sama-sama, makakabuo tayo ng mas maunlad at napapanatiling kinabukasan para sa ating komunidad. Palagi akong mangunguna nang may pagmamahal at uunahin ang mga tao sa bawat desisyong gagawin ko para sa Hawai'i.

PANGALAN NG BALOTA:
MCCORMICK, Dalene R

LEGAL NA PANGALAN:
Dalene R. McCormick

Kinatawan ng Estado Distrito 5
votemccormick.com
votemccormick@icloud.com
(808) 657-9600

Lumipat kami ng aking asawa sa Malaking Isla noong 2016, nanirahan muna sa Kona bago nagtayo ng aming bahay sa Captain Cook. Lubos kaming nakatuon sa paglilingkod sa aming komunidad at pagpapanatili ng mga pagpapahalagang nagpapatangi sa Hawaii. Kasama sa aking karanasan ang mga tungkulin sa pamamahala sa mga kompanya sa mainland, kabilang ang pagsisilbi bilang Deputy Director na nangangasiwa sa ilang daang empleyado. Pagkatapos lumipat sa Hawaii, nagpatuloy ako sa pagtatrabaho sa larangan ng pamamahala kasama ang mga lokal na retailer. Noong 2020, naging boluntaryo akong lider sa West Hawaii Republican Party. Kasalukuyan akong nagboboluntaryo sa American Red Cross. Tumulong ako noong sakuna ng sunog sa Lahaina at noong emergency na dulot ng lava sa Pahoa noong 2018. Kami ng aking asawa ay nagsisimba sa Kahikolu Congregational Church at nasisiyahan kaming tuklasin ang kagandahan ng Malaking Isla. Mas makakagawa ng mas mahusay na trabaho ang mga mambabatas ng Hawaii sa pagkatawan sa mga tao. Nakatuon ako sa pagiging isang lingkod-bayan na nakikinig, namumuno nang may integridad, at nagsusumikap para sa ating komunidad.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

PERREIRA, Monique

R

LEGAL NA PANGALAN:

Monique C.A.K. Perreira

Kinatawan ng Estado Distrito 8
moniqueforhawaii.com
monique@moniqueforhawaii.com
(808) 938-3370

Ako si Monique Perreira—ipinanganak at lumaki sa Hawai'i, proud na beterana, may-ari ng maliit na negosyo, asawa, ina, at lola. Ang aking mga tradisyonal na prinsipyo ang nag-uudyok sa akin na maglingkod sa aking komunidad at magbigay ng tunay na representasyon para sa mga mamamayan ng Hawai'i. Hindi ako isang pulitikong nakatuon lamang sa sariling karera. Tumatakbo ako dahil nahihirapan ang mga pamilya, at hindi ginagawa nang maayos ng kasalukuyang mga lider ang kanilang tungkulin. Masyadong mataas ang gastos sa pamumuhay, nanganganib ang kaligtasan ng publiko, at nawalan na ng ugnayan ang gobyerno sa mga taong pinaglilingkuran nito. Ipaglalaban ko ang pag-aalis ng general excise tax sa mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, gamot, at mga produktong pangkalinisan. Susuportahan ko ang ating mga magsasaka at rancher upang makapagtanim tayo ng mas maraming pagkain dito sa ating lugar, at isusulong ko ang pagbawas sa gastos ng shipping sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga reporma sa Jones Act. Hihilingin ko ang pananagutan, aalisin ang korapsyon, at poprotektahan ang inyong pinaghirapang buwis. Sama-sama nating gawing matatag ang Hawai'i.

PANGALAN NG BALOTA:

TARNAS, David A.

D

LEGAL NA PANGALAN:

David A. Tarnas

Kinatawan ng Estado Distrito 8
votetarnas.com
votetarnas@gmail.com
(808) 987-5810

Aloha. Mahigit 40 taon na kaming nanirahan ng aking pamilya sa distrito. Sa aking anim na termino bilang State Representative, nakakuha ako ng pondo para sa mahahalagang pampublikong imprastraktura kabilang ang bagong Waikoloa Library, ang Waimea Community Emergency Evacuation Center, Pololu Trailhead parking lot, ang bagong South Kohala Courthouse, Kawaihae North Small Boat Harbor, Kawaihae Commercial Harbor, pagpapalit ng Waiaka Bridge, at mga pagpapabuti sa Akoni Pule Highway at Kawaihae Road sa Waimea. Nagsisilbi akong Chair ng House Committee on Judiciary and Hawaiian Affairs, na nangunguna sa mga pagsisikap sa lehislatura upang isulong ang etika, maiwasan ang katiwalian sa publiko, mapabuti ang transparency at pananagutan, palakasin ang pampublikong pagpopondo sa kampanya, at tiyakin ang ligtas na halalan. Nagsisikap akong mapabuti ang abot-kayang pabahay, pampublikong edukasyon, kaligtasan ng publiko, at pangangalaga sa kapaligiran upang matulungan ang mga pamilya, bata, at mga kūpuna, pati na rin ang mga negosyong sumusuporta sa ating ekonomiya kabilang ang agrikultura, turismo, astronomiya, serbisyong pangkalusugan, at mga negosyong nakabatay sa kaalaman. Naghahangad akong muling mahalal upang maipagpatuloy ang mahalagang gawaing ito. Mahalo!

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

Walang Larawang Isinumite

PANGALAN NG BALOTA:
BUMANGLAG, Travis R

LEGAL NA PANGALAN:
Travis James Bumanglag

Kinatawan ng Estado Distrito 10
teampatriotteampre.wixsite.com/travisbumanglag
TravisB2015@protonmail.com
(808) 250-5138

Walang Isinumiteng Pahayag

PANGALAN NG BALOTA:
MIYAKE, Tyson K. D

LEGAL NA PANGALAN:
Tyson K. Miyake

Kinatawan ng Estado Distrito 10
www.tysonmiyake.com
votetysonmiyake@gmail.com
(808) 214-8710

Mula pagkabata ay residente na si Tyson Miyake ng Maui na buong pagmamalaking naglilingkod sa House District 10, na kumakatawan sa Wailuku, Waikapū, Hayashi Village, Paukūkalo, at ilang bahagi ng Waiehu. Noong 2026 Legislative Session, nagsilbi si Tyson bilang Vice Chair para sa House Housing Committee at House Transportation Committee, at bilang miyembro ng House Finance Committee. Nakatuon siya sa pagtugon sa tumataas na gastusin sa pamumuhay sa Hawai'i sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga patakarang nagpaparami ng mga oportunidad sa pabahay, nagpapabuti sa imprastraktura, nagpapalakas ng mga lokal na trabaho, at sumusuporta sa mga pamilyang nagtatrabaho. Bilang pinanganak at lumaki sa Maui at nagtapos sa Maui High School, nauunawaan ni Tyson mula sa sariling karanasan ang mga hamong kinakaharap ng mga lokal na pamilya araw-araw. Naniniwala siya sa madaling liderato na bukas at madaling lapitan, at patuloy siyang nakatuon sa pakikinig sa komunidad at paghahanap ng mga praktikal na solusyon na makakatulong sa mga pamilya at komunidad ng Maui na umunlad.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
AMATO, Terez (T.Amato) D

LEGAL NA PANGALAN:
Terez M.A. Lindsey

Kinatawan ng Estado Distrito 11
tamato.org
admin@terezamato.org
(808) 268-2622

Aloha, mga kapitbahay, ang pagiging abot-kaya ng gastusin ang pangunahing prayoridad ko! Ako'y naririto para sa iyo: Nararapat kayo sa isang Representative o Kinatawang #WorkingForThePeople, hindi para sa mga korporasyon o lobbyist! Ayaw ko ng mga kontribusyon nila. Ako ay #NotForSale. Natapos na natin ang 465 na abot-kayang unit ng pabahay sa Kihei, naglaan ng $250 milyon para sa imprastraktura ng pabahay, binawasan ang inyong mga buwis at dinagdagan ang mga bawas sa buwis para sa mga nagtatrabahong pamilya! Nagpasa ako ng mga panukalang batas upang protektahan ang maliliit na negosyo, mga may kapansanan at mga kūpuna, pinondohan ang pangangalagang pangkalusugan at mga suplemento sa paupa, binawasan ang mga gastos sa enerhiya at itinigil ang isang bagong buwis sa gas ng estado. Pinrotektahan ko ang iyong kapaligiran at paraan ng pamumuhay sa bawat pagkakataon. Sinusuportahan ko ang mga kūpuna, #Unionworkers, Pagtaas ng Sahod ng mga Guro, #LocalFarmers, pagbabawas ng utang ng mga mag-aaral, pagpapalawak ng pangangalagang pangkalusugan, #LowerTaxes #Education. #LegalizeIt! Ako'y #ProChoice: Demokrasya, Kalayaan at #ReproductiveRights ang nasa balota: Hindi ako tatayo lang habang ang ating konstitusyon at pamumuhay ay inaatake ng mga (R)adikal na kalaban. Maninindigan ako para sa INYO! Isang pribilehiyo at karangalang maging kinatawan ninyo. Salamat sa pagboto (D) para kay #TAmato

PANGALAN NG BALOTA:
WALKER, Sheila R

LEGAL NA PANGALAN:
Sheila Ann Walker

Kinatawan ng Estado Distrito 11
votesheilawalker.com
votesheilawalker@gmail.com
(808) 344-8644

Hindi ipinagbibili ang Maui. Pakikinggan ko ang bawat boses sa Distrito 11 — anuman ang kanilang partidong pampulitika. Matapos ang ilang kalunus-lunos na sunog, paghinto ng ekonomiya, at ang boto na alisin ang mga panandaliang paupahan, ang mga desisyong ginagawa natin ngayon ang magtatakda kung ang mga lokal na pamilya ay makakapagpatayo muli at mangunguna sa kinabukasan ng Maui — o mapipilitang umalis habang ang mga dayuhang mamumuhunan ang muling huhubog sa ating isla. Dapat managot ang gobyerno sa mga tao at responsableng gamitin ang buwis. Malinaw ang aking mga prayoridad: • Matibay na imprastraktura — dagdag na pondo para sa bumbero at pulisya, ligtas na mga daanan para sa emergency, isang overpass sa high school, maayos na mga parke, at rampa para sa mga bangka. • Makabagong pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga serbisyo sa mental health at proteksyon ng may kaalamang pahintulot. • Unahin ang Edukasyon — mas mataas na sahod ng guro at mas malawak na pagpipilian ng mga paaralan. Bilang inyong District 11 House Representative, uunahin ko ang Kihei, Wailea, at Makena — maghahatid ng balanseng representasyon na nakatuon sa komunidad nang hindi nagtataas ng buwis.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
JOHNSON, Dan R

LEGAL NA PANGALAN:
Daniel B. Johnson

Kinatawan ng Estado Distrito 12
www.danjohnsonhi.com
danjohnson4hawaii@gmail.com
(808) 250-0020

Tumatakbo ako para sa Kinatawan ng Estado para sa Upcountry Maui dahil pinahahalagahan ko ang lupang ito at nais kong ibalik ang kalidad ng buhay ng mga residente nito. Ako ay mula sa isang pamilyang Maui na maraming henerasyon ang pinagmulan at palaging nagmamalasakit sa mga tao ng Hawaii. Dito pinasimulan ng lolo ko ang aming pamilya pagkatapos ng kanyang serbisyo noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig WWII, at pinatakbo niya ang inter-island commuter airline na nagdurugtong sa mga lokal na pamilya sa pagitan ng mga isla sa loob ilang mga dekada. Naniniwala ako na kaya nating ibalik at pag-iba-ibahin ang ating ekonomiya, na lilikha ng mas maraming oportunidad para sa ating mga keiki. Buwagin natin ang mga hadlang sa pagpasok, mga hindi kinakailangang regulasyon, at labis na pagbubuwis. Isusulong ko ang mga batas na may sentido komun, pinasimpleng pamamahala, at mga insentibo para sa mga lokal na pamilya. Ang ating sistema ay lumikha ng hindi maabot na mga gastusin sa pabahay. Bilang isang construction project manager sa propesyon, alam ko kung paano magtayo, kung ano ang nagpapahusay at pagiging epektibo sa gastusin ng pagtatayo. Magsisikap ako upang protektahan ang pag-access sa pabahay ng mga lokal na pamilya. Samahan ninyo ako upang magdala ng pagbabago sa sentido komun at ibalik ang Hawaii.

HAWAII VOTES

Walang Larawang Isinumite

PANGALAN NG BALOTA:
YAMASHITA, Kyle T. D

LEGAL NA PANGALAN:
Kyle T. Yamashita

Kinatawan ng Estado Distrito 12
kyle.yamashita@gmail.com
(808) 870-5874

Walang Isinumiteng Pahayag

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
POEPOE, Mahina D

LEGAL NA PANGALAN:
Mahinamalamalama M. Poepoe

Kinatawan ng Estado Distrito 13
mahina@votemahina.com
(808) 658-6010

Aloha! Ang pangalan ko ay Mahina Poepoe, at tumatakbo ako para muling maihalal sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estado. Ang paglilingkod bilang inyong kinatawan sa nakalipas na dalawang taon ay isang pribilehiyo at responsibilidad na hindi ko binabasta-basta lang. Pinagsikapan kong maisakatuparan ang mga pangako sa kampanya na may record ng pagboto na malinaw na sumasalamin sa aking pangako sa ating mga tao at 'āina. Nakilahok ako sa pagpapanimula ng higit sa anim na daang panukala kabilang ang mga panukalang batas para protektahan ang mga kultural at likas na yaman, suportahan ang maliliit na negosyo at mga lokal na sistema ng pagkain, palawakin ang access sa pangangalaga sa kalusugan, magbigay ng mga libreng pagkain sa mga pampublikong paaralan, at mapabuti ang pampublikong edukasyon, kahandaan sa sakuna, at pagiging bukas at may pananagutang pamahalaan. Nanatili ang aking pagtuon na tiyaking ang kalidad ng buhay para sa ating mga residente at ang kalusugan ng ating kapaligiran ay inuuna sa pagpapasya. Mapagpakumbaba kong hinihiling ang inyong boto at patuloy na suporta sa darating na halalan. Me ke aloha 'āina, Mahina

PANGALAN NG BALOTA:
VANDERPOOL, Robin D. R

LEGAL NA PANGALAN:
Robin D. Vanderpool

Kinatawan ng Estado Distrito 13
robinvanderpool27@gmail.com
(808) 385-7578

Ako ay isang limampu't-dalawang taong residente ng estado ng Hawaii. Sa diwa ng huling limang hari at ni Prinsipe Kuhio, "Ako ay isang Republikano mula ulo hanggang paa". Karamihan sa mga mambabatas mula sa 51 distrito Ay mga social democrat, at iilan lamang ang mga konserbatibong republican. Umaasa akong makatulong sa pagbabalanse ng lehislatura sa pagitan ng mga liberal at konserbatibong patakaran. Nagugulat ako sa maraming panukalang batas na naipasa ng lehislaturang ito at nakatuon ako sa pagsisiwalat ng mga kawalang-katarungang panlipunan na ito ng na dulot na maka-kaliwa. Ako ay marangal at namumuhay ayon sa mahigpit na kodigo ng etika at mga pagpapahalagang pampamilya. Ang aking layunin ay ang seguridad ng mga sakahan para sa gasolina para sa mga pamilya at kapayapaan sa pagitan ng lahat ng mamamayan ng Maui _ Aloha RV

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

Walang Larawang Isinumite

PANGALAN NG BALOTA:
COCHRAN, Elle R

LEGAL NA PANGALAN:
Eleanora K. Cochran

Kinatawan ng Estado Distrito 14
voteelle.com
cochranelle00@gmail.com
(808) 281-7709

Walang Isinumiteng Pahayag

PANGALAN NG BALOTA:
KIAKONA, Pa‘ele G

LEGAL NA PANGALAN:
Pa‘ele K. Kiakona

Kinatawan ng Estado Distrito 14
votepaele.com
mauinui@votepaele.com
(808) 990-4096

Aloha kākou. Ako si Pā‘ele Kiakona ng Lahaina, tumatakbo para kumatawan sa House District 14. Pinalaki ako ng isang ‘ohana na nag-alaga sa lupa na ito sa loob ng maraming henerasyon, at dala-dala ko ang karapatang iyon sa kampanyang ito. Nang lamunin ng sunog ang aming bayan, sama-samang nanindigan ang aming komunidad. Kasama ang mga kapitbahay at mga kūpuna, tumulong ako sa pag-oorganisa, pagtataguyod, at pagsusulong ng mga patakarang inuuna ang mga lokal na tao. Itinuro sa akin ng gawaing iyon na ang kinabukasan ng Maui ay dapat hubugin ng mga taong naninirahan sa lugar na ito. Ang aking pananaw ay OLA, ang mabuhay at tunay na umunlad. O: Unahin ang ating mga komunidad, para manatili ang mga lokal na pamilya sa Maui. L: Pamumuhay nang balanse kasama ang ‘āina at wai na sumusuporta sa atin. A: Pananagutan sa pamumuno, kasama ang gobyernong nakikinig sa mga tao, hindi sa mga panlabas na interes. Kung ito ang kinabukasan na gusto ninyo para sa Distrito 14 ng Mababang Kapulungan, buong pagpapakumbaba kong hinihiling ang inyong boto.

PANGALAN NG BALOTA:
PATEL, Sne D

LEGAL NA PANGALAN:
Snehal B. Patel

Kinatawan ng Estado Distrito 14
www.joinpatel.com
halepatel@gmail.com
(808) 264-9950

Tumatakbo ako para sa State House District 14 dahil lubos akong nagmamalasakit sa ating komunidad at naniniwala akong karapat-dapat ang ating distrito sa pamumunong aktibo, praktikal, at tapat sa paglilingkod. Bilang residente ng Lahaina sa loob ng mahigit 20 taon, lider ng maliliit na negosyo, at tagapagtaguyod ng komunidad, maraming taon ang aking inilaan sa pagtulong sa mga pamilya, pagpapalakas ng mga lokal na negosyo, at pagtulong sa ating komunidad na makabangon at umunlad. Kasalukuyan akong nagsisilbi bilang Pangulo ng LahainaTown Action Committee, Pangulo ng Spinnaker AOAO, at dating Tagapangulo ng Maui County Liquor Commission. Naglilingkod din ako sa Maui Economic Recovery Commission, kung saan tumutulong akong maiparating ang boses at pananaw ng komunidad sa mahahalagang talakayan tungkol sa pagbangon. Kung mahahalal, pagtutuunan ko ng pansin ang pabahay, pagbangon mula sa wildfire, maaasahang suplay ng tubig at imprastraktura, at suporta para sa mga pamilyang manggagawa at maliliit na negosyo. Mamumuno ako nang tapat, makikinig nang mabuti, at araw-araw na magsisikap upang makamait ang mga praktikal na resulta para sa ating distrito.

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
EVSLIN, Luke A. D

LEGAL NA PANGALAN:
Luke A. Evslin

Kinatawan ng Estado Distrito 16
lukeevslin.com
luke@lukeevslin.com
(808) 635-6623

Ipinanganak at lumaki ako sa Wailua at nakatira ngayon sa Līhu'e kasama ang aking asawang si Sokchea at ang aming dalawang maliliit na anak. Sa loob ng 19 na taon, naging co-owner ako ng maliit na negosyo sa paggawa ng canoe. Dati akong naglingkod sa Kaua'i County Council at ngayon ay pinamumunuan ko ang House Committee on Housing. Tumatakbo ako para mabawasan ang gastusin sa pabahay. Ginawa nating masayadong mahirap at magastos ang pagpapatayo ng pabahay sa Hawai'i. Sa loob ng maraming dekada, nagpatung-patong ang mga patakarang may mabuting layunin hanggang sa hindi na kayang tustusan ng mga pamilyang nagtatrabaho ang paninirahan dito, at napipilitang umalis ang ating mga anak patungo sa mainland. Ito ang pinagsisikapan ko simula pa noong araw na maupo ako sa pwesto. Tungkulin ko na gawing mas madali ang pagpapatayo ng mga tahanan — para manatili ang mga pamilyang manggagawa sa mga komunidad na kanilang kinalakihan. Isang karangalan ang katawanin ang komunidad na nagpalaki sa akin habang sama-sama nating pinapabuti ang buhay ng henerasyon ng ating mga anak at ng mga susunod pa.

PANGALAN NG BALOTA:
HAZLEBECK, David R

LEGAL NA PANGALAN:
David Kile Hazlebeck

Kinatawan ng Estado Distrito 16
davidforkauai.com
david@davidforkauai.com
(808) 855-7471

Ako ay isang tapat na Kristiyano, asawa, at ama. Prayoridad ko ang panatilihing Kaua'i ang Kaua'i habang ginagawang mas abot-kaya ang mga pangunahing pangangailangan, lalo na ang pabahay, para sa mga lokal na pamilya. Bilang inyong kinatawan, tungkulin kong makinig sa inyong mga alalahanin at ipahayag ang inyong boses. Naniniwala ako sa agarang suporta, hindi sa matagal at magastos na pag-aaral. Bilang Presidente ng maliit na negosyo ng aming pamilya, ang Global Algae, bumuo ako ng napapanatiling kinabukasan na may mga de-kalidad na oportunidad sa trabaho. Gagamitin ko ang aking karanasan sa negosyo at degree sa Quantitative Economics upang bumuo ng mga patakaran na magpapalawak ng mga oportunidad sa ekonomiya. Ang aming algae farm ay malapit na nakikipagtulungan sa gobyerno, na nagbibigay sa akin ng karanasan kung paano nakakaapekto ang mga patakaran sa mga pamilyang manggagawa at sa gastusin sa pamumuhay. Pagbubutihin ko ang ating pamahalaan upang mas epektibong makapaglingkod sa Kaua'i. Nakatuon ako sa pangangalaga sa mga lupang sakahan, paglilinis ng ating mga basura (imburnal, solid waste, at basura ng gobyerno) at pagpapalawak ng mga oportunidad upang matiyak na ang mga susunod na henerasyon ay maaaring manatili at umunlad sa Kaua'i. Buong pagpapakumbaba kong hinihiling ang inyong boto.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
CLUETT, Misty R

LEGAL NA PANGALAN:
Misty Cluett

Kinatawan ng Estado Distrito 17
mistycluett.com
vote@mistycluett.com
(808) 977-0014

Si Misty Cluett ay isang Kristiyano, asawa, ina, at may-ari ng maliit na negosyo na nakatuon sa paglilingkod sa Distrito 17 ng Kauai nang may integridad, pananagutan, at matibay na mga pinahahalagahan ng pamilya. Ang kanyang pananampalataya ang gumagabay sa kanyang mga prinsipyo sa pamumuno nang may pagpapakumbaba at pakikinig nang may pag-iingat. Inampon ng kaniyang ama, na ang mga ugat ay nagmula pa sa Kauai, si Misty ay bumalik noong 2018 upang alagaan ang kaniyang tumatandang ama. Bago magbukas ng maliit na negosyo kasama ang kanyang asawa, halos isang dekada ang ginugol ni Misty sa pamamahala ng mga kumplikadong programa at paglutas ng mga paghamon sa operasyon sa isang korporasyong nasa Fortune 500. Itinatampok ng kaniyang magkakaibang karanasan ang napatunayan nang pamumuno, organisasyon, paglutas ng problema, at responsibilidad sa pananalapi. Mga susi para sa mga paghamong kinakaharap ng Kauai. Nasaksihan ni Misty kung paano pinipigilan ng burukrasya at paglobo ang indibidwal na tagumpay at naniniwala siya sa mga solusyon tulad ng pinabilis na mga landas para sa mga manggagawa, pagnenegosyo, pinahusay na imprastraktura, kalayaan sa medisina at mga karapatan ng magulang, at pagpapalawak ng makakamit na pabahay para sa mga lokal na pamilya. Kung nais natin ng pagbabago, dapat handa tayong pumili ng pagbabago. Magkakasama, kaya natin ito.

PANGALAN NG BALOTA:
MORIKAWA, Daynette (Dee) D

LEGAL NA PANGALAN:
Daynette S.P. Morikawa

Kinatawan ng Estado Distrito 17
daynette.morikawa@gmail.com
(808) 651-8855

Naglingkod ako bilang State Representative ng District 17 sa 16 na taon. Sa lahat ng mga taon na iyon, napanatili ko ang perpektong rekord ng pagdalo sa bawat sesyon ng lehislatura. Bago ako tumakbo sa pwesto noong 2010, nagtrabaho ako sa Kauai County Government sa loob ng 36 na taon. Inialay ko ang buong buhay ko bilang adulto sa paglilingkod sa bayan. Bilang nakatatandang miyembro ng Lehislatura, patuloy akong aktibong nakikibahagi sa pagsusulong ng batas na tumutugon sa mataas na gastusin sa pamumuhay sa Hawaii, pati na rin sa mga pangangailangan at alalahanin ng ating distrito. Ang paglilingkod ko bilang Majority Floor Leader sa loob ng 8 taon ay nagpapakita ng tiwala at kumpiyansa ng aking mga kasamahan sa aking kakayahang gampanan ang mga responsibilidad ng naturang posisyon sa pamumuno. Buong pagpapakumbaba kong hinihiling ang inyong suporta sa aking muling pagtakbo sa Distrito 17, State House of Representatives.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
GEDEON, Joe R

LEGAL NA PANGALAN:
Michel Joseph M. Gedeon

Kinatawan ng Estado Distrito 18
joegedeon.com
joe@vote4joegedeon.com
(808) 386-6985

Aloha! Mula nang italaga noong Mayo 28, 2025, upang gampanan ang termino ng yumaong Kinatawan na si Gene Ward, ang paglilingkod sa mga tao ng Hawaii Kai ay isang karangalan na hindi malilimutan. Lumaki sa Hawaii Kai, si Gene Ward ang aking kinatawan, at ang aming pagsasama sa Waikiki Rotary Club ay nakatulong upang pukawin ang aking interes sa serbisyo publiko. Tumatakbo ako upang ipagpatuloy ang kanyang mga yapak sa pamamagitan ng pagiging isang madaling maunawaan, madaling tumugon, at epektibong tagapagtaguyod para sa ating komunidad. Ipinanganak at lumaki sa Hawaii Kai, nauunawaan ko ang mga pinahahalagahan at prayoridad ng ating mga residente. Bilang isang may-ari ng maliit na negosyo nang mahigit 25 taon, na nagmula pa noong ako ay nasa Kaiser High School, dala ko ang totoong karanasan sa pamumuno at paglutas ng problema. Nakatuon ako sa pagpapabuti ng kaligtasan at imprastraktura ng publiko, pagsuporta sa maliliit na negosyo, at pagpapanatili ng katangian at kalidad ng buhay na siyang dahilan kung bakit ang Hawaii Kai ay isang espesyal na lugar na matatawag na tahanan.

PANGALAN NG BALOTA:
WATARU, James (Jamie) D

LEGAL NA PANGALAN:
James Shigeo Wataru

Kinatawan ng Estado Distrito 18
Wataruforhawaiikai.com
Friendsofjameswataru@gmail.com
(808) 979-6829

Ang mga pamilya sa ating distrito ay humaharap sa tumataas na gastos, mga alalahanin sa kaligtasan, at isang gobyerno na kadalasang masyadong mabagal kumilos. Magdadala ako ng matatag na pamumuno, pananagutan, at mga praktikal na solusyon na inuuna ang ating komunidad. Nanirahan ako sa Hawai'i Kai simula noong walong taong gulang pa lang ako, at ang komunidad na ito ang humubog kung sino ako. Kami ng aking asawang si Regina, na 35 taon ko nang kasama, ay nagpalaki ng limang anak na lalaki. Sa loob ng mahigit dalawang dekada, inalagaan din namin ang ilan sa mga pinakamahihirap na keiki sa Hawai'i, at kinupkop ang humigit-kumulang dalawang dosenang sanggol na may mga kumplikadong medikal na pangangailangan. Sinimulan ko ang aking karera bilang isang apprentice sa Plumbers Union Local 675 at gumugol ng halos tatlong dekada sa pagtatrabaho bilang isang journeyman plumber para sa Estado ng Hawai'i, na tumutulong sa pagpapanatili ng mahahalagang imprastraktura sa buong O'ahu. Ngayon, nais kong maglingkod sa aking komunidad bilang kinatawan ng inyong State House para sa Distrito 18 dahil nararapat kayong magkaroon ng praktikal na lider na nakikinig at naghahatid ng mga resulta. Mahalo sa inyong boto!

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
ASING, David R

LEGAL NA PANGALAN:
David D.W. Asing

Kinatawan ng Estado Distrito 20
davidasing.com
davidasing808@gmail.com
(808) 478-8124

Paglilingkod sa Ating Komunidad Nang May Praktikal na Pag-iisip. Bilang ipinanganak at lumaki sa Kaimuki, layunin kong magpokus sa praktikal na solusyon at suportahan ang responsableng paggamit ng pondo ng komunidad. Lubos akong naniniwala na dapat transparent at may pananagutan ang gobyerno. Masigasig ako sa pakikilahok sa komunidad at sa pagtiyak na naririnig ang boses ng lahat. Sa huli, gusto kong matiyak na ligtas ang ating komunidad at sinusuportahan ang ating mga negosyo. Nagtapos sa Kalani High School at University of Hawaii sa Manoa. Negosyante at may-ari ng negosyo Co-founder ng isang pribadong preschool Presidente ng asosasyon ng condo Lokal na entertainer at handyman. Dating math teacher sa Kalani at Kaimuki High School

PANGALAN NG BALOTA:
NAKADA GRANDINETTI, Tina D

LEGAL NA PANGALAN:
Tina Grandinetti

Kinatawan ng Estado Distrito 20
www.tinaforhawaii.com
friendsoftinagrandinetti@gmail.com
(808) 376-5200

Bilang inyong kasalukuyang kinatawan para sa Distrito 20 ng Mababang Kapulungan, buong pagpapakumbaba kong hinihiling ang inyong suporta habang ako ay tumatakbong muli sa halalan. Simple lang ang aking pananaw: ang kinabukasan kung saan kayang tumira ng mga lokal na pamilya sa Hawai'i at palakihin ang kanilang mga anak upang pangalagaan ang lugar na ito. Bago ako naglingkod, nagtrabaho ako bilang postdoctoral research fellow, legislative staff, at community organizer. Ipinapakita din ng aking record ang aking pagsasaayos sa komunidad upang turuan ang mga kabataan, maiwasan ang pagpapalayas sa mga lokal na pamilya, Isara ang Red Hill, at protektahan ang 'āina para sa mga susunod na henerasyon. Sa aking unang termino, ako ay naging matatag na tagapagtaguyod para sa mga pamilyang nagtatrabaho sa Hawai'i, na nakatuon sa pagtugon sa mga ugat ng ating lumalalang krisis sa kakayahang makabayad ng utang. Bilang inyong kinatawan, sinisikap kong panatilihin kayong may alam, at panatilihin ang bukas at tapat na komunikasyon, kahit na hindi tayo magkasundo. Inaasahan ko ang pakikipagtulungan sa inyo upang bumuo ng isang mas matibay at mas matatag na komunidad. Mahalo.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
MUH, Victor R
LEGAL NA PANGALAN:
Victor Muh

Kinatawan ng Estado Distrito 23
victormuh.com
victor@victormuh.com
(808) 868-6173

Naniniwala ako na ang kinabukasan ng Hawai'i ay nakasalalay sa mas malusog na lokal na residente, mas malakas na ekonomiya, at pamahalaang nababuhay ayon sa kaya nito. Matapos ang 25 taong paninirahan at pagtatayo ng mga negosyo sa Austria, France, at China, nasaksihan ko mismo kung ano ang nakakatulong sa pag-unlad ng mga komunidad at kung ano ang nangyayari kapag ang gobyerno ay nagiging napakalaki, napakamahal, at masyadong malayo sa mga taong pinaglilingkuran nito. Bilang inyong Kinatawan ng Estado, ipaglalaban ko ang pagpapababa ng halaga ng pamumuhay, pagsuporta sa mga maliliit na negosyo, paghikayat sa responsableng pagpapaunlad ng pabahay, at paghingi ng mas malaking pananagutan para sa pondo ng mga nagbabayad ng buwis. Kailangan natin ng mga kalsada at pampublikong imprastraktura na epektibo, mga paaralan na naghahanda sa mga mag-aaral para sa matagumpay na buhay, at mga komunidad kung saan ang mga pamilya ay nakakaramdam ng kaligtasan at kapanatagan. Napakaraming Kama'āina ang nahihirapang mabuhay sa Hawai'i, habang napakarami rin ang napipilitang umalis dahil dito. Magsisikap ako upang gawing mas mahusay ang pamahalaan, palakasin ang ating ekonomiya, at panatilihin ang Hawai'i bilang lugar kung saan maaaring bumuo ng kinabukasan ang mga pamilya.

PANGALAN NG BALOTA:
OLDS, Ikaika M. D
LEGAL NA PANGALAN:
Ikaika M. Olds

Kinatawan ng Estado Distrito 23
www.oldsforhawaii.com
info@oldsforhawaii.com
(808) 354-2311

Habang patuloy kong pinapalawak ang aking karanasan bilang isang mambabatas, nananatili akong nakatuon sa pagsusulong ng mga praktikal at solusyong nakatuon sa mga patakarang nagpapabuti sa kaligtasan ng publiko, magpapalakas ng edukasyon, at nagpapalawak ng mga abot-kayang pabahay para sa mga lokal na pamilya. Ang aking rekord sa pagboto ay nagpapakita ng tuloy-tuloy na suporta sa mga batas na namumuhunan sa ating mga paaralan, sumusuporta sa mga pamilyang nagtatrabaho at mga nakatatanda, nagpapalakas ng kaligtasan sa komunidad, at tumutugon sa mga hamon ng mataas na gastusin ng pamumuhay sa Hawai'i. Gayundin kahalaga, patuloy akong makikinig nang mabuti sa mga pangangailangan at alalahanin ng ating komunidad at isusulong ang mga isyung pinakamahalaga sa mga mamamayan ng Hawai'i. Sa pamamagitan ng pagtutulungan, maaari nating ipagpatuloy ang pagbuo ng mga mas ligtas, mas malakas, at mas matatag na mga komunidad para sa mga susunod na henerasyon.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
ROSS, Ian M.A. D

LEGAL NA PANGALAN:
Ian M.A. Ross

Kinatawan ng Estado ng Distrito 26
rossforhawaii.com
rossforhawaii@gmail.com
(808) 652-3380

Aloha! Ipinanganak ako sa Makiki, lumaki sa Kaua'i, at nanirahan sa Makiki simula nang bumalik ako noong 2017. Bilang isang estudyante sa hayskul, nagtrabaho ng may minimum na sahod na trabaho para suportahan ang aking pamilya at tustusan ang aking mas mataas na edukasyon. Nang magtapos ako sa University of Hawai'i na may degree sa economics, nagtrabaho ako bilang policy manager ng Alzheimer's Association, kawani ng lehislatura, at ngayon bilang Public Affairs Director sa Waianae Coast Comprehensive Health Center. Sa loob ng limang taon bilang Makiki Neighborhood Board Chair, naipagawa ko ang mga traffic sign, pinangunahan ang adbokasiya ng komunidad para sa mga panukalang batas na nagpatigil sa pagsasara ng mahigit 70 ilegal na game room, at iginiit ang pagsasara ng Red Hill. Tumatakbo ako para sa State Representative upang ipagpatuloy ang gawaing ito at magtuon sa pagbawas ng kawalan ng tirahan, pagsuporta sa tunay na abot-kayang pabahay para sa mga lokal na residente, pagpapatatag ng mga gastos sa condo insurance at HOA, at pagpapabuti ng kaligtasan ng komunidad. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto.

PANGALAN NG BALOTA:
SILVA, Tony R

LEGAL NA PANGALAN:
Anthony J. Silva Jr.

Kinatawan ng Estado ng Distrito 26
anthonysilva175@gmail.com
(808) 381-1990

Bilang isang mapagmalaking miyembro ng komunidad ng Makiki, ginugol ko ang halos buong buhay ko na pagsama-samahin ang mga tao. Marami ang nakakakilala sa akin mula sa Da Braddahs, kung saan sa loob ng halos 30 taon ay nakipag-ugnayan ako sa mga pamilya sa buong Hawai'i sa pamamagitan ng tawanan, kultura, at lokal na pagkukuwento. Sa pamamagitan ng aking trabaho sa sektor ng hindi pangkalakal at serbisyo publiko, nakapagbuo ako ng mga pakikipagsosyo, sumuporta sa mga lokal na pamilya, at nagtrabaho upang matugunan ang mga paghamong kinakaharap ng ating mga komunidad. Tumatakbo ako para sa Kinatawan ng Estado dahil ang ating mga residente ay nararapat sa isang tumutugong pamumuno na nakikinig, sumusunod, at naghahatid ng mga resulta. Nangangahulugan ito ng pagpaparami ng mga oportunidad sa abot-kayang pabahay, pagpapabuti ng access sa pangangalaga sa bata, pagtugon sa kawalan ng tirahan gamit ang mga praktikal na solusyon, at pagtiyak na may access ang mga pamilya sa mga mapagkukunang kailangan nila bago pa man sila umabot sa isang krisis. Nararapat din sa ating komunidad ang ligtas na mga kalye, mas maayos na mga kalsada, at mga bangketa na madaling puntahan ng lahat, lalo na ng ating mga kūpuna. Sama-sama, mapapanatili natin ang Makiki, Papakolea, Punchbowl, at Tantalus bilang isang ligtas, abot-kaya, at kaaya-ayang lugar na matatawag na tahanan.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
ABALOS, Tess R

LEGAL NA PANGALAN:
Tess A. Quilingking

Kinatawan ng Estado Distrito 29
www.tessabaloshawaii.com
808tess@gmail.com
(808) 372-4339

Aloha, ako si Tess Abalos. Lumaki ako sa Kalihi at nagmula sa isang pamilyang may malalim na pinagmulan sa Hawaii. Ang aking lolo sa tuhod ay dumating sa Hawaii bilang isang manggagawa sa plantasyon ng sakada, at ang kanyang pagtitiyaga, pananampalataya, at dedikasyon sa pamilya ay nakatulong sa paghubog ng mga pinahahalagahan ko ngayon. Ako ay isang may-ari ng negosyo, tagapagtaguyod ng komunidad, outreach coordinator, at tagapagtatag ng JESUS n' ALOHA Marketplace at Green Citrus Clean. Mayroon akong Master's degree in Christian Ministry. Kasama sa aking karanasan ang pagpapayo, life coaching, business mentoring, at community outreach, na may pangakong maglingkod sa mga indibidwal, pamilya, at mga lokal na negosyo sa buong Hawaii. Ang aking trabaho sa buhay ay nakasentro sa pananampalataya, paglilingkod, pamumuno, at pagbuo ng makabuluhang mga ugnayan sa buong Hawaii.

PANGALAN NG BALOTA:
HUSSEY, Ikaika D

LEGAL NA PANGALAN:
Ikaika M.L. Hussey

Kinatawan ng Estado Distrito 29
ikaikahussey.com
ikaikahussey@gmail.com
(808) 221-2843

Sa aking unang termino, ipinagmamalaki kong nakapagpasimula ako ng batas upang limitahan ang pag-agaw ng mga korporasyon sa ating demokratikong sistema, at suportahan ang mga pagbabago sa buwis upang mapababa ang halaga ng pamumuhay para sa ating mga pamilyang Kalihi at Kapalama. Nagtagumpay tayo sa pagkamit ng mga mahahalagang pagpapabuti na hinihintay ng ating komunidad sa loob ng maraming dekada, kabilang ang mga pamumuhunan sa ating imprastraktura at pagpapaganda ng lugar sa paligid ng Kalihi Uka Elementary. Marami pang dapat gawin, at umaasa akong makukuha ko ang boto ninyo para sa pangalawang termino. Magalang kong hinihiling ang inyong suporta. Mahalo, Ikaika 808-221-2843

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
TEMPLO, Shirley Ann D

LEGAL NA PANGALAN:
Shirley Ann L. Templo

Kinatawan ng Estado Distrito 30
shirleytemplo.com
Info@shirleytemplo.com
(808) 748-9990

Si Shirley Ann Templo ang Kinatawan ng Estado para sa Hawai'i House District 30, na naglilingkod sa Kalihi, Kalihi Kai, Ke'ehi Lagoon, at Hickam Village. Ipinanganak at lumaki siya sa Honolulu, proud na nagtapos sa Farrington High School, at ang kanyang pamilya ay tatlong henerasyon nang naninirahan sa Kalihi. Sinimulan ni Templo ang kanyang karera sa serbisyo publiko sa Honolulu City Council at kalaunan ay nagsilbi sa Kalihi-Palama Neighborhood Board. Sa State House, siya ay nagsisilbing Pangalawang Tagapangulo ng Tourism Committee. Kabilang sa kanyang mga prayoridad sa lehislatura ang pagpapababa ng gastusin sa pamumuhay, pagpapalakas ng kaligtasan ng publiko, pagpapalawak ng mga oportunidad sa ekonomiya, at pagsuporta sa edukasyon at mga pamilyang nagtatrabaho. Isinulong niya ang mga hakbang para sa proteksyon ng sahod, data privacy, at mga programa sa pagkatuto na nakabatay sa komunidad. Binibigyang-diin ni Templo ang isang pamahalaang madaling lapitan, regular na pakikipag-ugnayan sa mga nasasakupan, at nananatiling nakatuon sa praktikal na mga solusyong nakabatay sa komunidad upang mapabuti ang buhay sa Distrito 30. Isang karangalan para sa kanyang maglingkod bilang kauna-unahang Pilipina na Kinatawan sa lugar ng Kalihi.

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
YBANEZ, Amanda R

LEGAL NA PANGALAN:
Amanda S.D. Ybanez

Kinatawan ng Estado Distrito 30
voteybanezdist30.com
VoteYbanezDist30@gmail.com

Ako ay anak ng isang simpleng imigranteng Pilipino, na ipinanganak, lumaki, at kasalukuyang naninirahan sa Kalihi-Pālama. Nagtrabaho ang lolo ko sa mga taniman, nag-ipon mula sa kanyang kinita para maipetisyon ang aking ama na magkaroon ng pagkakataon ng bagong buhay sa Amerika. Nagmula sa simpleng pamumuhay, ang aming pamilya ay nanirahan sa mga pampublikong pabahay at sama-sama kaming nagsikap upang makamit ang pangarap na Amerikano. Sa tulong ng mga serbisyong panlipunan na ibinigay at ng gabay mula sa paaralan at simbahan ng Saint Theresa, natutunan kong mahalin ang aking komunidad at panghawakan ang mga prinsipyo ng pamilya at pagsusumikap. Bilang isang mapagpakumbabang lingkod ng aking komunidad ng Kalihi/ sentrong urban ng Honolulu sa loob ng ilang dekada. Hinihiling ko ang inyong suporta habang patuloy akong nagsusulong ng abot-kayang pabahay, pagpapababa ng gastusin sa pamumuhay, kaligtasan ng komunidad, pagbawas ng krimen at pagtataguyod ng kalusugan at kapakanan ng lahat! Mahalo.

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
ICHIYAMA, Linda D

LEGAL NA PANGALAN:
Linda E.I. Chong

Kinatawan ng Estado Distrito 31
www.lindaichiyama.com
Lindaichiyama@gmail.com
(808) 392-4547

Aloha! Ang pangalan ko ay Linda Ichiyama at isang karangalan na maglingkod bilang inyong Kinatawan ng Estado simula pa noong 2010. Ipinanganak at lumaki ako sa Salt Lake at ipinagmamalaki kong tawagin itong tahanan. Nagtapos ako sa Salt Lake Elementary School, Moanalua Middle School, Moanalua High School, pagkatapos ay nagpatuloy sa Georgetown University at UH Manoa William S. Richardson School of Law. Mahigpit akong nakikipagtulungan sa ating mga mambabatas sa lugar upang mapabuti ang ating mga paaralan, tulad ng bagong MoHS Performing Arts Center at baseball/softball field. Mapagpakumbaba kong hinihiling ang inyong boto para sa halalan ng 2026 na ito. Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa akin sa lindaichiyama@gmail.com kung mayroon kayong anumang katanungan o mga alalahanin.

PANGALAN NG BALOTA:
VALDEZ, Nancy R

LEGAL NA PANGALAN:
Nancy A. Valdez

Kinatawan ng Estado Distrito 31
www.friendsofnancyvaldez.org
nancyvaldez.d31@gmail.com
(808) 489-3128

Aloha mga Kapitbahay, pamilya, mga nasasakupan at mga kaibigan! Tumatakbo ako para sa posisyon dahil napakaraming pamilya ang nagsusumikap ngunit nahihirapan pa rin para matugunan ang mga pangangailangan. Nakita ko mismo kung paano maaaring umabot sa puntong ikalugmok ng isang sambahayan ang pagtaas ng mga gastusin, presyon sa pabahay, at mga hindi inaasahang gastusin. Nararapat sa mga tao ang isang gobyernong nakikinig, kumikilos nang responsable, at inuuna ang mga tao kaysa sa politika. Naniniwala ako na ang tiwala sa gobyerno ay nagsisimula sa katapatan, transparency, at pananagutan. Kapag ang mga desisyon ay ginagawa nang palihim, ang mga ordinaryong tao ang magbabayad ng kahihinatnan. Nakatuon ako sa bukas na komunikasyon, etikal na pamumuno, at responsableng paggamit ng pondo ng publiko. Ang aking pagtutuunan ng pansin ay sa mga praktikal na solusyon na sumusuporta sa mga nagtatrabahong pamilya, nagpoprotekta sa mga mahihinang residente, at palakasin ang ating komunidad. Makikipagtulungan ako sa mga residente, mga pinuno ng komunidad, at mga pampublikong ahensya upang maibalik ang tiwala sa gobyerno at tiyaking maririnig ang bawat tinig, dahil dapat magtrabaho ang gobyerno para sa mga taong pinaglilingkuran nito. Mahalo, Nancy Valdez

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

AIU, Micah Pookela Kim D

LEGAL NA PANGALAN:

Micah Pookela Kim Aiu

Kinatawan ng Estado Distrito 32
micahaiu.com
vote@micahaiu.com
(808) 429-9335

Isang karangalan para sa akin ang maglingkod bilang Kinatawan ng Estado para sa Distrito 32 mula 2022 hanggang 2024. Tumatakbo akong muli dahil nararapat sa ating komunidad ang isang lider na aktibo, responsable, may pananagutan, nakikipagtulungan, at may nagagawa para sa ikabubuti ng lahat. Noong unang termino ko, nagsikap akong tuparin ang aking mga pangako at ipagtanggol ang ating kapitbahayan. Umasa ako na tutuparin ng ating kasalukuyang kinatawan ang kanyang mga pangako at ang kanyang paninindigang makipag-ugnayan sa komunidad. Sa kasamaang palad, marami ang nag-alala na hindi sapat ang kanyang presensya at pagtugon sa mga pangangailangan ng komunidad habang ang mga pamilya ay nahaharap sa tumataas na gastusin sa pamumuhay, mga isyu sa kaligtasan ng publiko, at mga hamon sa ating mga paaralan. Nararapat sa Distrito 32 ang isang kinatawan na nakikilahok, madaling lapitan, at nakatuon sa paglilingkod. Ibabalik ko ang matatag na representasyon at sisiguraduhin kong pakikinggan at igagalang ang inyong mga hinaing at pananaw sa Kapitolyo. Darating ako, gagampanan ko ang aking tungkulin, at araw-araw kong pagsisikapan na makuha ang inyong tiwala—gaya ng ginawa ko noong aking unang termino.

PANGALAN NG BALOTA:

SHIMIZU, Garner M. R

LEGAL NA PANGALAN:

Garner M. Shimizu

Kinatawan ng Estado Distrito 32
voteshimizu.com
voteshimizu@gmail.com
(808) 436-8490

Aloha mga Kaibigan! Mahalo sa paghalal sa akin noong 2024 bilang inyong State House Representative. Ito ay isang karangalan at pribilehiyo. Ang aking unang dalawang taong termino ay nagpalakas sa akin para sa mas malaking kakayahang maglingkod sa inyo nang full-time. Dahil nakatira ako sa distrito at nag-aaral sa Moanalua Elementary, Middle, at High Schools, malalim ang koneksyon ko sa komunidad na ito. Ito ang aking tahanan. Nagpatakbo ako ng negosyo kasabay ng mga tungkulin sa pamumuno sa komunidad at simbahan. Sa mahigit 30 taon ng karanasan sa engineering at konstruksyon, sa 39 na taon na pagpapalaki ng pamilya kasama ang aking asawa at ngayon ay mga apo na, may mga karanasan ako sa buhay at pag-unawa na sinubok na ng panahon. Nakatuon at buong-buo akong nakatalaga sa ikabubuti ng ating lupa para sa ating mga susunod na henerasyon. Kailangan nating protektahan ang kanilang kinabukasan. Buong pagpapakumbaba kong hinihiling ang inyong patuloy na pagtitiwala at iboto ako ngayong eleksyon. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.VoteShimizu.com. Mahalo! Representative Shimizu

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
DUPIO, Gaius, II (Kipi) R

LEGAL NA PANGALAN:
Gaius K. Dupio II

Kinatawan ng Estado Distrito 34
gpearlcity@gmail.com
(808) 343-7314

Kumusta. Ako si Gaius, kilala ako bilang Kipi. Kasalukuyan akong miyembro ng pearl city neighborhood board, may full-time na trabaho sa pag-install ng mga pantakip sa bintana at isa rin akong dog uncle. Interesado akong maging kinatawan ng estado upang pangunahing tutukan ang mga pangangailangan ng pearl city, tulad ng mga kondisyon ng kalsada, mga homeless camp, at ilegal na pagtatapon ng basura. Sa tingin ko ay kailangan nang ayusin ang mga ito. Ang tanong ko sa inyo ay, ano sa tingin ninyo ang mga problemang kinakaharap ng pearl city? Paano natin ito maaayos? Anong mga solusyon ang maaaring gawin ng mga mamamayan ng pearl city? Siguro makakahanap ako ng sagot, Siguro kaya nating lutasin ang mga problema. Magkasama tayong sumubok ng bago. Salamat sa inyong panahon.

PANGALAN NG BALOTA:
TAKAYAMA, Gregg D

LEGAL NA PANGALAN:
Gregg T. Takayama

Kinatawan ng Estado Distrito 34
greggtakayama.com
greggtakayama@hawaii.rr.com
(808) 382-3212

Naglilingkod si Gregg Takayama sa Pearl City sa pamamagitan ng pagbuo ng isang mas ligtas at mas malusog na komunidad na sumusuporta sa mga pamilyang manggagawa, nagpapalawak ng mga oportunidad sa edukasyon, at nagbibigay-pugay sa ating mga nakatatanda. Si Gregg ay unang nahalal sa State House noong 2012 na kumakatawan sa Pearl City, ang kanyang tahanan sa loob ng ilang dekada kasama ang kanyang asawang si Linda Chu Takayama at ang kanilang tatlong anak na babae. Dati siyang isang premyadong mamamahayag na nagtrabaho sa KHON-TV; nagsilbing press secretary ng yumaong U.S. Senator Dan Inouye; at communications director sa University of Hawaii sa Manoa. Kabilang sa kanyang mga nagawa: 2025 State Legislator of the Year, Healthcare Association of Hawai'i; Top State Champion Award noong 2019, AARP; Nakakuha ng mahigit $55 milyon para sa pagpapaunlad ng mga paaralan sa Pearl City, at karagdagang $30 milyon para sa modernisasyon ng Pearl City Public Library; Binanggit bilang isa sa dalawang mambabatas lamang na dalawang boto lang ang hindi nadaluhan sa buong sesyon ng 2025 (Civil Beat, "The Steady Presences," 10/26/2025).

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

DEGRACIA, Daniel (Danny) R

LEGAL NA PANGALAN:

Daniel Paul de Gracia II

Kinatawan ng Estado Distrito 39
daniel.degracia@gmail.com
(808) 927-9396

Ako si Dr. Danny de Gracia, at tumatakbo ako para maging boses, pag-asa, at matalik na kaibigan ninyo sa State Legislature. Ang mga panahong ito ay nangangailangan ng kinatawan na nakakaunawa sa patakaran at kayang maghatid ng malalaking resulta para sa mga tao ng Hawaii. Isa ang pamilya ko sa mga unang pamilyang Pilipino na dumating sa Hawaii, at namatay ang lolo ko sa ama dahil sa atake sa puso mula sa labis na pagtatrabaho. Ang aking ama ang kauna-unahang nagtapos sa kolehiyo at Air Force colonel sa aming pamilya, at tumulong na manalo sa Cold War. Nauunawaan ng pamilya ko ang sakripisyo at kung gaano kahirap mamuhay sa Hawaii. Bilang isang civil servant sa Department of Health, manggagawang miyembro ng unyon, estudyanteng MPH sa University of Hawaii, isang ordained minister, at isa sa inyo, nauunawaan ko ang inyong mga pangangailangan at lalaban ako upang matupad ang inyong mga pangarap. Walang imposible para sa atin kung sama-sama tayo!

PANGALAN NG BALOTA:

ROSENLEE, Corey D

LEGAL NA PANGALAN:

Corey A. Rosenlee

Kinatawan ng Estado Distrito 39
coreyrosenlee.com
Coreyrosenlee@gmail.com
(808) 741-5592

Nakatuon si Corey Rosenlee sa pakikipaglaban para sa mga pamilyang manggagawa at sa paghahatid ng mas maliwanag na kinabukasan para sa susunod na henerasyon: Siya ay naging guro ng araling panlipunan sa Campbell High School sa loob ng halos dalawampung taon. Sa ilalim ng kanyang patnubay, natuto ang libu-libong mga bata sa West O'ahu ng kahalagahan ng pakikipag-ugnayan sa sibiko, paglutas ng problema sa komunidad, at responsibilidad sa lipunan. Mula 2015-2021, naglingkod si Corey bilang Presidente ng Hawai'i State Teachers Association, kung saan nagsikap siya para taasan ang pondo at sahod ng mga guro, at magbigay ng air conditioning para palamigin ang mga silid-aralan ng ating pampublikong sistema ng edukasyon. Siya ay kasalukuyang miyembro ng 'Ewa Neighborhood Board. Mula sa abot-kayang pabahay hanggang sa pagpapagaan ng trapiko hanggang sa paghahanda sa emergency, nauunawaan ni Corey ang mahahalagang isyu na nakakaapekto sa ating estado. Isang panghabambuhay na kampeon ng mga pinakamahihirap na tao sa Hawai'i, handa siyang ibalik ang integridad sa lokal na pamahalaan at magbigay ng mga tunay na solusyon sa mga problemang kinakaharap ng mga residente sa ating tahanang isla.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
MARTINEZ, Rose D

LEGAL NA PANGALAN:
Rosebella L. Ellazar-Martinez

Kinatawan ng Estado Distrito 40
rosebella.martinez@icloud.com
(808) 892-6058

Bilang dating State House Representative ng district 40. Hinahangad kong muling ihalal upang maipagpatuloy ang mga proyektong sinimulan ko sa aking distrito. Isasagawa ang mga nagpapatuloy at hinaharap na mga konstruksyon bilang resulta ng mga proyekto sa pagpapahusay ng kapital na nakuha ko para sa lahat ng paaralan sa aking distrito. Nagpasimula rin ako at kasamang nagpasimula ng ilang panukalang batas at ilang resolusyon na naipasa at gagawing batas na magbibigay ng positibong epekto sa komunidad. Bukod sa pagpopondo sa mga proyekto ng paaralan, nagawa ko ring makakuha ng pondo mula sa Grant in Aid for Weed and Seed, Hawaii Humane Society at Kuleana Coral Restoration. May iba pang mga nagawa tulad ng paglalagay ng silungan sa isa sa mga hintuan ng bus sa Hanakahi Street at pagbibigay ng mga solusyon sa mga reklamo ng mga nasasakupan. Patuloy akong magsusumikap para sa aking distrito.

PANGALAN NG BALOTA:
REYES ODA, Julie R

LEGAL NA PANGALAN:
Julie K. Reyes Oda

Kinatawan ng Estado Distrito 40
juliereyesoda.com
juliereyesoda@gmail.com
(808) 953-2054

Ang pangalan ko ay Julie Reyes Oda at tumatakbo akong muli para sa halalan dahil mahal ko ang 'Ewa Beach at mahal ko ang Hawai'i. Nakatuon ako sa pagsisikap at pagiging tinig ninyo sa State House. Ipagpapatuloy ko ang paglalaban ng magagandang paaralan, magagandang trabaho, ligtas na mga komunidad, isang malakas na ekonomiya, pagputol ng pag-aaksaya ng pamahalaan, at transparency sa pamahalaan. Ako ay magiging isang independiyenteng tinig para sa ating komunidad at mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong suporta. Pakibisita ang JulieReyesOda.com para malaman ang higit pa tungkol sa akin.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
GARCIA, Diamond R

LEGAL NA PANGALAN:
Diamond D. Garcia

Kinatawan ng Estado Distrito 42
DiamondGarcia.com
diamond@diamondgarcia.com
(808) 953-0483

Isang karangalan at pribilehiyo ang makapaglingkod sa inyo at sa inyong pamilya sa Hawai'i House of Representatives sa nakalipas na apat na taon. Lubos akong magpapasalamat at magpapakumbaba kung makakamit ko ang inyong suporta para sa isa na namang termino. Nanatili akong nakatuon sa pagtataguyod para sa mga prayoridad na pinakamahalaga sa ating komunidad: titiyakin na matatanggap ng West O'ahu ang imprastrakturang kailangan upang makasabay sa ating lumalaking populasyon, paglaban sa mga patakarang "malumanay sa krimen," pagsuporta sa ating mga opisyal ng pagpapatupad ng batas at mga unang tagatugon, pagtutol sa mga pagtaas ng buwis at mabibigat na regulasyon, pagprotekta sa ating mga likas na yaman, pagpapalakas ng mga oportunidad para sa mga lokal na pamilya, at pagpapanatiling abot-kaya ang Hawai'i para sa susunod na henerasyon. Bilang inyong Kinatawan, patuloy kong ilalagay ang mga lokal na pamilya sa sentro ng bawat desisyong gagawin ko habang matatag na naninindigan para sa praktikal na pag-iisip, pananagutan, at mga pinahahalagahang nagpapatangi sa Hawai'i. Maraming salamat sa iyong oras, konsiderasyon, at suporta. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto!

PANGALAN NG BALOTA:
PARIS, Anthony Makana D

LEGAL NA PANGALAN:
Anthony Makana Paris

Kinatawan ng Estado Distrito 42
www.votemakana.com
makana4house@gmail.com
(808) 398-2468

Aloha — Ako si Anthony Makana Paris. Pinalaki sa pagsasaka at pangingisda sa West O'ahu, nag-aral sa Nānākuli at Kamehameha, at nakaranas ng kawalan ng tirahan. Dala ko ang karanasan, pananampalataya, at tapang sa serbisyo publiko. Nakatrabaho ko na ang mga simbahan, unyon, mga civic club ng Hawaii, at mga neighborhood board, at nagtaguyod sa antas ng estado at county. Mayroon akong mga antas mula sa MIT, UH, at GTU/USC. Hindi ako pulitikong puro pangako lang, kundi isang lider ng komunidad na palaging naroroon —handang magtulungan para pagbuklurin ang mga tao. Naniniwala ako na ang isang matibay na demokrasya ay nabubuo sa pagiging kasangkot, may kaalaman, at aktibong mamamayan na nagsusumikap para sa praktikal at pangmatagalang tagumpay: abot-kayang mga bahay at paupahan, mas mababang gastos para sa mga pangunahing pangangailangan, mga solusyon na inuuna ang pabahay para sa kawalan ng tirahan, mas matibay na suporta para sa mga magsasaka, mas mahusay na mga paaralan at pasilidad, maaasahang transportasyon, matatag na imprastraktura, at mga lokal na trabaho. Kung ibabatay sa respeto at pagkalinga, makakalikha tayo ng kinabukasan na magbibigay-pugay sa ating nakaraan at mag-aangat sa susunod na henerasyon. Mahalo.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
MEDEIROS, Sheila R

LEGAL NA PANGALAN:
Sheila Medeiros

Kinatawan ng Estado Distrito 43
friendsofsheilamedeiros.com
SheilaMedeiros411@gmail.com
(808) 479-6225

Aloha, Distrito 43. Ako si Sheila Medeiros, ang kandidatong Republican para sa Hawaii House District 43 (Makakilo-Kapolei). Simula noong aking 2024 primary, patuloy akong naglingkod: inilunsad ang Kapolei Food Bank Drive (Oktubre 14, 2024), na nagpakain ng mahigit 700 kada buwan; aktibo sa Neighborhood Board; buwanang nagbuluntaryo sa pagpapanumbalik ng Pu'u o Kapolei; sumuporta sa mga beterano sa pamamagitan ng VA Daniel Akaka Food Bank Drive; nakipagtulungan sa MCKT para sa trauma awareness sa mga paaralan; naglingkod sa Kualaka'i Council; nakipagtulungan sa R3D team upang ibalik ang mga matatag na reef; nagplano ng barter market para sa mga magsasaka sa Kapolei; at tumulong sa pagdidirekta at pamumuno sa mga komunikasyon para sa kauna-unahang 5K Aloha Run ng Project Give Back Hawaii (Disyembre 19, 2026), bilang parangal sa mga Gold Star family, sugatang mandirigma, at first responder. Kung mahahalal, uunahin ko ang pagiging sustainable ng imprastraktura bago ang mga bagong proyekto, abot-kayang pabahay, kaligtasan ng publiko, pag-aayos ng bangketa para sa ADA, at gobyernong inuuna ang mga residente. Nakatuon ako sa transparency, pananagutan, at pag-una sa Second City. Mahalo sa inyong suporta. Lubos na nagpapasalamat, Sheila Medeiros.

PANGALAN NG BALOTA:
SOUZA, Kanani R

LEGAL NA PANGALAN:
Kristen K. Souza

Kinatawan ng Estado Distrito 43
www.votesouza.com
votekananisouza@gmail.com
(808) 349-5203

Si Kanani Souza ay ang kasalukuyang Kinatawan ng Estado para sa Distrito 43, na inihalal noong 2022. Mula nang mahalal, si Kanani ay naging malakas na tinig sa Lehislatura ng Estado ng Hawai'i. Si Kanani ay isang abugadong lisensyado para mag-pakadalubhasa ng abogasya sa Hawai'i at Washington, D.C. Si Kanani ay nagtapos noong 2003 sa The Kamehameha Schools at may hawak na Bachelor of Arts degree sa agham pampulitika mula sa University of Southern California. Mayroon ding Juris Doctor degree si Kanani mula sa University of Hawai'i William S. Richardson School of Law. Mayroon din siyang dalawang karagdagang degree sa batas, isang LL.M. sa batas sa kapaligiran mula sa Lewis & Clark Law School at isang LL.M. sa batas sa himpapawid at kalawakan mula sa University of Mississippi School of Law. Bilang karagdagan sa kanyang legal na edukasyon, may Master of Education degree si Kanani mula sa Chaminade University. Pinahahalagahan ni Kanani ang iyong patuloy na suporta sa primaryang halalan sa 2026.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
KILA, Darius K. D

LEGAL NA PANGALAN:
Darius K. Kila

Kinatawan ng Estado Distrito 44
www.dariuskila.com
darius@dariuskila.com

Ipinanganak at lumaki sa Leeward Coast ng O'ahu, isang karangalan para sa akin ang maglingkod bilang State Representative para sa House District 44. Mula nang una akong mahalal noong 2022, nanatili akong nakatuon sa pagiging madaling maka-ugnayan, tumutugon, at naroroon habang naghahatid ng makabuluhang mga resulta para sa mga taong aking kinakatawan. Bilang Tagapangulo ng Komite sa Transportasyon ng Kamara, nagtrabaho ako upang mapabuti ang kaligtasan sa mga kalsada, palakasin ang kahandaan sa sunog sa kagubatan, palawakin ang mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan, suportahan ang edukasyon, protektahan ang mga paghahayop, tiyakin ang mahahalagang pamumuhunan para sa ating mga komunidad, at itaguyod ang mga benepisyaryo ng Hawaiian Home Lands. Taos-puso akong ipinagmamalaki ang ating mga nagawa nang magkakasama sa loob lamang ng apat na maikling taon. Alam kong mas mahusay akong kinatawan ngayon kaysa noong una akong nanungkulan, at nananatili akong nakatuon sa pag-aaral, paglago, at pagkamit ng inyong tiwala. Ang nakita ninyo sa akin ay ang dedikasyon, pagiging madaling ma-access, at pusong dala ko sa gawaing ito araw-araw, at mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong suporta.

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
WEAVER, Charla (Kahealani) R

LEGAL NA PANGALAN:
Charla Kahealani Weaver

Kinatawan ng Estado Distrito 44
www.charlaweaver.com
charla@charlaweaver.com
(808) 227-9921

Isinilang at lumaki ako sa Wai'anae, kasalukuyang nakatira sa Nānākuli, at naglilingkod sa Neighborhood Board. Ako ay isang asawa, ina, lola, Kristiyano, at nangungupahan sa Hawaiian Homestead. Nagtatrabaho ako sa child welfare at sa loob ng 14 na taon ay inalagaan ko sa aking tahanan ang mga batang nasa foster care at nasa panganib. Nauunawaan ko ang mga hamong kinaharap ng ating mga komunidad, at pamilyar tayo sa hirap, pakikibaka, at dalamhati. Kung mahahalal, ipaglalaban ko ang de-kalidad na pampublikong edukasyon, tutulong sa mga bata pamilya na nangangailangan, papalakasin ang ekonomiya upang manatili ang mga pamilya dito, at pagbubutihin ang Hawaiian Home Lands ayon sa mga pangako ni Prinsipe Kūhiō. Nagsilbi ako sa ating komunidad sa mga hukuman, silid-aralan, at sa aking tahanan. Handa akong maglingkod sa inyo sa lehislatura ng estado. Alam ko kung ano ang ipinaglalaban natin. Bilang inyong kinatawan, ipaglalaban ko ang ating mga anak, kultura, lupa, pananampalataya, mga pamilya, at kinabukasan.

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

KAOPUA, Kalehua

D

LEGAL NA PANGALAN:

Suzanne Kalehuamakanoe Kaopua

Kinatawan ng Estado Distrito 45

kalehua.kaopua@gmail.com
(808) 430-2653

Ang pangalan ko ay Kalehua Kaopua, at ako ay isang asawa ng isang Katutubong Hawaiiano, at ina ng apat na anak. Tulad ng maraming pamilyang Hawaiian, naranasan din ng aming pamilya ang sapilitang paglikas — noong dekada 1990, napilitan kaming umalis sa aming ʻāina, na naging simula ng buhay na puno ng mga paghihirap. Kapag nahihirapan ang taniman, hindi mo masisisi ang bunga. Nililinis mo ang patubig, pinapanumbalik ang lupa, at inaalagaan ang mga ugat upang muling lumago ang buhay. Ang ating komunidad ay nararapat sa parehong pangangalaga. Sa loob ng napakatagal na panahon, ang Waianae Coast ay binigyan ng pansamantalang mga solusyon sa halip na mga tunay na solusyon. Dumarating at lumilipas ang mga programa, ngunit nananatili ang mas malalalim na mga paghamon — pabahay, oportunidad, seguridad sa pagkain, at kaligtasan ng komunidad. Kung nais natin ng tunay na pagbabago, dapat nating gamutin ang ugat ng mga problema upang ang ating komunidad ay muling lumakas. Ang aming pananaw para sa Waianae at Makaha ay nakabatay sa pundasyon ng malusog na taniman. Kapag sumisikat ang Waianae, sumisikat din ang Hawai'i.

PANGALAN NG BALOTA:

MURAOKA, Chris

R

LEGAL NA PANGALAN:

Christopher Muraoka

Kinatawan ng Estado Distrito 45

chrismuraoka.com
chris@chrismuraoka.com
(808) 690-0882

Nakatuon sa komunidad. Malaki na ang nagawa nating pag-unlad sa ating komunidad, mula sa pagbawas ng malalaking krimen at karahasan hanggang sa pagtulong sa paglaban sa kawalan ng tirahan. Patuloy akong magiging tapat at ipaglalaban ang ating tahanan upang matiyak na makukuha natin ang nararapat sa atin. Isang lugar ng pagmamahal, paggalang, at Aloha. Sana ay isaalang-alang ninyo ang pagboto sa akin upang maipagpatuloy ko ang paglilingkod sa inyo.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

GABRIEL, Daniel Michael R

LEGAL NA PANGALAN:

Daniel Michael Gabriel

Kinatawan ng Estado Distrito 46
www.votedmg.com
dmg@votedmg.com
(808) 321-1998

Bilang isang katutubo ng gitnang O'ahu, masigasig akong kumatawan sa mga komunidad kung saan ako lumaki. Nag-aral ako sa Kanoelani Elementary at Hanalani Schools bago makakuha ng bachelor's degree sa business administration na tumutok sa accounting mula sa University of Hawaii - West O'ahu. Lumaki ako sa buong gitnang O'ahu kabilang ang Whitmore, Wahiawa, Mililani at Waipio. Noong 2021, bumili kami ng aking asawa, dalawang anak na lalaki ng isang lumang bahay na may istilong isang lumang plantasyon sa Wahiawa, na tila nagpanumbalik mula sa simula aking paglalakbay. Bilang aktibong miyembro ng komunidad at ama ng isang batang pamilya sa Wahiawa, napagmasdan ko na gustong malaman ng ating mga tao kung pakikinggan sila ng kanilang kinatawan at kung pagsusumikapan na mapanatili ang kanilang paraan ng pamumuhay. Karangalan kong protektahan at pangalagaan ang ating distrito para sa ating mga anak sa mga darating na taon.

PANGALAN NG BALOTA:

PERRUSO, Amy A. D

LEGAL NA PANGALAN:

Amy A. Perruso

Kinatawan ng Estado Distrito 46
voteamyperruso.com
amyperruso@gmail.com
(808) 351-0980

Bilang guro, historyano, at kinatawan ng komunidad, nagsisikap akong palakasin ang mga pampublikong paaralan ng Hawai'i, palawakin ang pakikilahok ng mga mamamayan, protektahan ang mga pamilyang nagtatrabaho, at bumuo ng mas matatag na mga komunidad. Ipinaglaban ko ang mas ligtas na mga ruta papunta sa mga paaralan, mga patakaran sa abot-kayang enerhiya, mas mahigpit na mga bata sa etika at campaign finance, pagpaplano para sa katatagan sa klima, at mga pamumuhunang sumusuporta sa mga lokal na pamilya sa halip na palalimin ang hindi pagkakapantay-pantay. Naniniwala ako na ang gobyerno ay dapat maging transparent, may pananagutan, at nakabatay sa tunay na karanasan ng mga pinaglilingkuran nito. Sa gitna ng pagtaas ng mga gastos, problema sa klima, at kawalan ng katiyakan sa ekonomiya, kailangan natin ng mga lider na handang harapin ang mga pangmatagalang hamon nang tapat at sama-sama. Patuloy akong nakatuon sa pakikinig, direktang pakikipag-ugnayan sa ating komunidad, at pagsusulong ng mga praktikal na patakaran na tumutulong sa mga pamilyang nagtatrabaho sa Hawai'i na umunlad ngayon at sa hinaharap.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
QUINLAN, Sean D

LEGAL NA PANGALAN:
Sean Quinlan

Kinatawan ng Estado Distrito 47
seanquinlan82@gmail.com
(808) 388-2823

Sampung taon na ang nakalilipas, nahalal ako upang katawanin ang North Shore at Ko'olauloa na may dalawang malinaw na layunin – ayusin ang drainage sa Kahuku High, at magkaroon ng bypass road sa Laniakea. Natapos namin ang aming drainage project noong 2020, at magsisimula ang pagtatayo ng Laniakea bypass ngayong summer. Hindi sapat ang pasasalamat ko sa inyong lahat para sa inyong suporta sa mga nakaraang taon, at lagi't lagi, kung mayroon kayong isyu, mangyaring tawagan ako, babalikan ko kayo kaagad. Mahalo nui loa, Sean.

PANGALAN NG BALOTA:
TALAEAI, Mark R

LEGAL NA PANGALAN:
Mark W. Talaeai

Kinatawan ng Estado Distrito 47
marktalaeai.com
marktalaeai47@gmail.com
(808) 383-7100

Howzit. Palagi akong nakatuon sa pananatiling malapit na konektado sa mga mamamayan ng aming komunidad. Kapag ang mga residente ay nakikipag-ugnayan upang ibahagi ang mga paghamong kinakaharap nila sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay, kabilang ang mga kahirapan, mga pangangailangang hindi natutugunan, at mga isyung nangangailangan ng atensyon, nakikinig akong mabuti. Dinadala ko ang mga totoong karanasang iyon upang maunawaan ng mas malawak na komunidad, at masigasig akong nagsusumikap na gawing makabuluhan at agaran ang mga pagpapabuti sa feedback na iyon. Ito ang aking pamamaraan. Kinokolekta ko ang mga naririnig ko nang direkta mula sa inyo, itinatampok ang mahahalagang isyu, at gumagawa ng mga konkretong hakbang upang lumikha ng positibong pagbabago na susuporta sa ating mga pamilya. Mangangahulugan man ito ng pagtugon sa isang alalahanin sa kapitbahayan o malakas na pagtataguyod para sa isang taong nahihirapan, nananatili akong aktibo at nakatuon sa pagtulong. Isang karangalan para sa akin ang maging kinatawan ng Distrito 47.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
MATAYOSHI, Scot D

LEGAL NA PANGALAN:
Scot Matayoshi

Kinatawan ng Estado Distrito 49
www.scotmatayoshi.com
scot@scotmatayoshi.com

Nagkaroon ako ng karangalan na maglingkod sa Distrito 49 sa nakalipas na walong taon, at hinihiling ko ang inyong boto upang maipagpatuloy ang paglilingkod sa mga tao ng Kaneohe at Kailua. Dati akong guro sa pampublikong paaralan (ika-7 baitang sa science) bago tumakbo sa posisyon sa pamahalaan. Kasalukuyan din akong isang nagtatrabaho bilang abogado sa real estate. Sa antas ng estado, nagsumikap ako para makakuha ng pondo para sa ating mga paaralan at imprastraktura. Ipinaglaban ko ang pondo para sa pagkain ng mga estudyante at naipasa ang mga panukalang batas matulungan ang mga lokal na magsasaka, mapabilis ang paggamot sa mga nasugatang manggagawa, mapababa ang gastos sa insurance, at mapanagot ang mga kontraktor ng estado. Kasama si Rep. Kitagawa, nag-sponsor ako ng mga flu shot clinic, e-waste recycling drive, at school supply drive, at iba pang gawaing pangkomunidad. Buong pagpapakumbaba kong hinihingi ang inyong suporta upang maipagpatuloy ko ang paglilingkod sa ating komunidad.

PANGALAN NG BALOTA:
RODAS, ʻAle R

LEGAL NA PANGALAN:
Alejandra Rodas

Kinatawan ng Estado Distrito 49
rodasforhawaii.com
ale@rodasforhawaii.com
(808) 795-5321

Halos 20 taon na akong nagtatrabaho bilang isang guro at may-ari din ako ng isang maliit na negosyo na nakatuon sa paglilingkod sa mga pamilya. Higit sa lahat, nararamdaman kong tinawag akong iwan ang dalawang tungkuling ito upang protektahan ang kinabukasan ng mga anak ko at ng inyo rin. Bilang isang lider ng komunidad, nakasama ko ang mga pamilya, tinulungan ang mga magulang na gumawa ng matalinong mga desisyon para sa edukasyon ng kanilang mga anak, sinuportahan ang mga nangangailangan, at nag-organisa ng mga aktibidad na nagbubuklod sa komunidad. Kung mahahalal, poprotektahan ko ang mga karapatan ng mga magulang na pamahalaan ang edukasyon ng kanilang mga anak, aalagaan ang mga kalsada at pampublikong lugar at mga paaralan, at pananagutin ang ating pamahalaan ng estado sa tamang paggamit ng ating pinaghirapang buwis. Naniniwala ako sa pagiging aktibo, pakikinig, masipag na pagtatrabaho, at pakikipagtulungan sa komunidad na aking kakatawanin upang makabuo ng mas matatag na kinabukasan para sa ating mga pamilya sa Kāneʻohe at Maunawili.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
FITZGERALD, Jesse W.M. G

LEGAL NA PANGALAN:
Jesse W.M. Fitzgerald

Kinatawan ng Estado Distrito 50
jessefitzsurf@gmail.com
(808) 368-2038

Bilang panghabambuhay na residente ng O'ahu, ginugol ko ang aking pagkabata sa Laie, kung saan nabuo ko ang matibay na pakiramdam ng pagiging komunidad at malalim na paggalang sa kalikasan. Kalaunan ay lumipat ang aking pamilya sa Makiki kung saan ako nagtapos sa Roosevelt High School. Doon, tinulungan ako ng mga matulunging guro na humubog sa aking intelektuwal na pag-unlad at hinikayat akong mag-aral sa Unibersidad ng Hawai'i. Ang pagmamahal ko sa Hawai'i at sa mga tao nito ang nagtulak sa akin na kumuha ng degree in anthropology na nakatuon sa mga kulturang Pasipiko. Lumipat kami sa Kailua noong 1996 at pagkatapos ng graduation sinundan ko ang yapak ng aking ama at sumali sa kanyang maliit, na lisensyadong kumpanya ng pagpipinta. Sa pamamagitan ng karanasang iyon, lubos kong naunawaan ang mga paghamon at mahirap na trabahong kinakaharap ng maliliit na negosyo at ang krisis sa halaga ng pamumuhay na nakakaapekto sa mga pamilyang manggagawa. Kailangan natin ng napapanatiling, abot-kaya, at organikong agrikultura, Medicare para sa Lahat, mas mataas na sahod, at mga plano sa pagreretiro na titiyak ng dignidad para sa ating mga kupuna, mga anak, at sa ating sarili.

PANGALAN NG BALOTA:
LEE, Mike D

LEGAL NA PANGALAN:
Michael G.K. Lee

Kinatawan ng Estado Distrito 50
www.mikeleeforhawaii.com
mikeleeforhawaii@gmail.com
(808) 388-6222

Ako ay isang dedikadong asawa, ama, at lingkod-bayan na nakatuon sa isang napapanatili at abot-kayang Hawaii. Bilang Pangalawang Tagapangulo ng Komite sa Paggawa ng Kamara at miyembro ng Komite sa Pananalapi, itinaguyod ko ang mga landas sa pagpapaunlad ng lakas-paggawa para sa ating mga kabataan at bumoto laban sa batas na magtataas ng buwis sa ating mga lokal na residente. Ako ay naging isang matapang na tagapagtaguyod para sa mga pinakamahihirap na mamamayan ng Hawaii, na sumusuporta sa mga kritikal na panukalang batas na nagpoprotekta sa ating mga keiki at kūpuna, kasama ang mga hakbang upang mapangalagaan ang ating mahahalagang likas na yaman. Ang aking pamumuno ay nakaugat sa malalim na paglilingkod sa komunidad, dahil naglingkod ako sa Kailua Neighborhood Board at sa Kalāheo High School Natural Resource Academy Advisory Board. Nagpapasalamat ako sa pagkakataong maglingkod at nakatuon ako sa pagbuo ng isang ligtas at maunlad na kinabukasan kung saan kayang umunlad ng susunod na henerasyon ng Hawaii.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

KAPU, Ke‘eaumoku

LEGAL NA PANGALAN:

Jonah K. Kapu

Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian para sa Residente ng Maui
kapukapuakea@gmail.com
(808) 298-5629

Ako si Ke‘eaumoku Kapu, at tumatakbo ako para sa Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian Trustee para sa Maui. Ang ating lāhui ay, ay malalim na kasaysayan, kultura, at lakas, ngunit maraming pamilya sa Maui ang nahaharap pa rin sa mga tunay na hamon—pagkakaroon ng de-kalidad na edukasyon, seguridad sa pagkain, at tunay na kakayahang suportahan ang sarili. Ito ang mga pundasyong ipinapangako kong patatagin. Ang edukasyon ay hindi dapat limitado sa pagtuturo lamang—dapat din nitong patatagin ang pagkakakilanlan, kultura, at layunin ng ating mga keiki. Ang seguridad sa pagkain ay hindi lamang tungkol sa pangangailangan ngayon—ito ay tungkol sa pagpapanumbalik ng ating kakayahang magtanim, magbahagi, at magmalasakit sa isa't isa. Ang pagsuporta sa sarili ay ang paglikha ng mga tunay na pagkakataon para sa mga tao upang umunlad, hindi lamang upang mabuhay, sa pamamagitan ng pagbuo ng matibay na mapagkukunan at mga sistemang sumusuporta sa mga susunod na henerasyon. Nakatuon ako sa pagpapanumbalik ng katatagan, dignidad, at pag-asa sa bawat tahanan sa pamamagitan ng pakikinig, paglilingkod, at paninindigan kasama ng ating mga mamamayan sa pamamagitan ng integridad at pagkilos.

Walang Larawang Isinumite

PANGALAN NG BALOTA:

LINDSEY, Carmen Hulu

LEGAL NA PANGALAN:

Carmen K. Lindsey

Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian para sa Residente ng Maui
HuluLindsey@gmail.com
(808) 870-6135

Si Carmen Hulu Lindsey ay naglingkod bilang Trustee of the Office of Hawaiian Affairs simula noong 2012, na may mahigit 14 na taon ng pamumuno at pagtataguyod para sa mga mamamayan ng Hawai‘i. Hinirang ng Gobernador upang punan ang isang bakanteng posisyon, siya ay kinikilala bilang isang dedikadong tagapakinig at matatag na tagapagtaguyod para sa mga karapatan ng mga Katutubong Hawaiiano at kapakanan ng komunidad. Isang lisensyadong ahente ng real estate, si Trustee Lindsey ay nagtrabaho upang tulungan ang mga lokal na pamilya na makamit ang pagmamay-ari ng bahay habang itinataguyod ang patas na bahagi ng mga Hawaiiam sa mga mapagkukunan ng pampublikong lupang pinagkakatiwalaan. Naglingkod siya bilang Chairperson of the Board of Trustees mula 2021 hanggang 2024 at matagumpay na napagkasunduan ang pagtaas ng pondo ng Public Land Trust sa OHA sa pamamagitan ng pagtataas ng taunang limitasyon mula $15.1 milyon patungong $21.5 milyon. Gumanap din ng mahalagang papel si Trustee Lindsey sa pagkuha ng $5 milyon mula sa OHA upang suportahan ang mga biktima ng mapaminsalang wildfire sa Lahaina.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian para sa Residente ng Oahu Trustee

PANGALAN NG BALOTA:

AKAKA, Kalei

LEGAL NA PANGALAN:

Kaleihikina A. Akaka

Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian para sa Residente ng Oahu Trustee
ShakaVoteAkaka.com
AkakaForOHA@gmail.com

Aloha pumehana, ikinararangal kong maglingkod bilang inyong Tagapangasiwa ng OHA O'ahu. Nakatuon at dedikado sa pagpapabuti ng buhay ng ating mga mamamayang Hawaiian. Ipinagmamalaki kong ipinanganak at lumaki ako sa 'ohana na nakatuon sa paglilingkod, at ipagpatuloy ang pamana ng aloha. Kasama sa aking panghabambuhay na karanasan ang pagtatrabaho sa Lehislatura ng Estado ng Hawai'i sa parehong Kamara at Senado. Kasama sa aking trabaho sa OHA ang pagtuon sa pagtataguyod ng lehislatura, ang aming misyon, ang Planong Istratehiko, kabilang ang ekonomiya, kalusugan, edukasyon, pabahay, katatagan ng ekonomiya, paggamit ng lupa at tubig, mga Lupain ng Korona at Pamahalaan ng Kaharian ng Hawaii, mga tradisyonal at nakaugaliang karapatan at marami pang iba, at matatag na pagtatrabaho sa pagbuo at pagpapalakas ng mga ugnayan sa lehislatura, komunidad, pakikipagtulungan at pakikipagsosyo na sama-samang nagtutulungan tungo sa mas maraming opsyon at oportunidad para sa mga tao. Taglay ang Hawai'i sa aking puso, buong kababaang-loob kong hinihiling ang inyong boto sa aking muling pagkahalal bilang Tagapangasiwa ng OHA O'ahu. Huwag kalimutang mag-SHAKA at IBOTO SI AKAKA!

PANGALAN NG BALOTA:

WONG, Hinaleimoana (Hina)

LEGAL NA PANGALAN:

Hinaleimoana K.K. Wong-Kalu

Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian para sa Residente ng Oahu Trustee
kumuhinaforoha.com
info@kumuhinaforoha.com
(808) 225-4123

Ang Hawai'i ang aking tahanan, at tulad mo, nais kong makitang umunlad ang ating mga kababayan at ang ating 'āina. Ang pangalan ko ay Hinaleimoana Wong, kahit na kilala ako ng karamihan bilang Kumu Hina. Sa loob ng mahigit tatlong dekada, nagsilbi ako bilang tagapagsanay ng kultura, tagapagturo, tagagawa ng pelikula, haku mele, at tagapagtaguyod, na nagtatrabaho upang iangat ang mga tao, kultura, at kinabukasan ng Hawai'i. Tumatakbo ako para sa O'ahu Trustee ng mga Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian dahil ang mga desisyong gagawin ngayon ang huhubog sa kinabukasan ng ating mga pamilya, pabahay, kultura, at mga oportunidad. Kailangan natin ng pamumunong nakikinig, nagpapakita, at nananatiling may pananagutan sa mga taong pinaglilingkuran nito. Ang aking mga prayoridad ay ang pangangasiwa ng mga mapagkukunan ng OHA, pagpapalawak ng suporta para sa mga benepisyaryo, paglikha ng mga daan patungo sa oportunidad sa ekonomiya, at pagprotekta sa ating 'āina, kultura, at kalikasan ng 'ike Hawai'i. Naniniwala ako na kapag umunlad ang mga Katutubong Hawaiian, uunlad din ang Hawai'i. Isang karangalan para sa akin na makuha ang inyong tiwala at boto. Me ke aloha, Kumu Hina

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

AKINA, Adrian (Kealii)

LEGAL NA PANGALAN:

Adrian K.K.K Akina

Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian At-Large Trustee
www.kealiiakina.com
keakina@gmail.com
(808) 937-5385

Bilang isang 30-taong tagapagturo, pinangunahan ko ang maraming inisyatibo upang isentro ang kasaysayan ng Hawai'i at ayusin ang denasyonalisasyon ng ating lāhui. Tumatakbo ako para sa OHA upang isulong ang Hawaiianisasyon ng ating mamamayan sa pamamagitan ng konkretong aksyon, kabilang ang balangkas ng edukasyong sibiko na nakaugat sa panunumpa na itaguyod ang mga kasunduan at batas internasyonal bilang pinakamataas na batas ng bansa. Kabilang sa aking kuleana ang direktang pamamahala ng budget sa pananalapi, pangangasiwa sa mga third-party vendor, at pag-apruba ng mga gastusin sa programa. Nagdadala ako ng pag-iisip na nakatuon sa misyon sa bawat desisyon, tinitiyak na ang mga mapagkukunan ay naaayon sa mga layunin ng organisasyon at sa kung ano ang pinakamainam para sa mga 'āina at sa mga taong tinatawag na Hawai'i na kanilang tahanan. Pananagutin ko ang OHA para sa aming mga responsibilidad sa pagtitiwala, pamamahala ng mga lupain at pondo nang may parehong higpit at mga inaasahan na aking ipinatupad sa lahat ng stakeholder sa ilalim ng aking pamumuno sa nakalipas na 30 taon. Bumuo tayo ng nagkakaisang Hawai'i, lipunang nagtutulungan upang mapabuti ang mundo.

PANGALAN NG BALOTA:

CRABBE, Kanekoa (Koa)

LEGAL NA PANGALAN:

Kanekoa Kaumuali'i Clifton Crabbe

Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian At-Large Trustee
kanekoacrabbe@gmail.com
(808) 443-6026

Aloha! Ako si Kanekoa Crabbe at tumatakbo ako bilang OHA At-Large Trustee. Buong buhay ko, nakatira ako Hawaii, at buong pagpapakumbabang kong hinihingi ang inyong suporta at boto. Ako ay ipinanganak at lumaki sa Mililani, Oahu at nanirahan sa iba't ibang isla at sa Honolulu para sa trabaho at mga oportunidad sa edukasyon. Kabisado ko ang lahat ng 8 isla ng Hawaii, mula pa noong undergraduate ako sa UH-Hilo sa Hawaii Island, bilang electrician at construction worker sa iba't ibang lugar sa Maui county, at sa Kauai at Ni'ihau bilang isang commercial akule at crab fisherman. Ako ay isang dedikadong lingkod ng komunidad na nagsusulong ng sustainable na pag-unlad, pagtutulungan ng komunidad, at transparency ng gobyerno. Mayroon akong BA at MA degree sa Communication at may edukasyon, motibasyon, at karanasan sa pamumuno upang makagawa ng patas, walang kinikilingan, at maayos na mga desisyon para sa ikabubuti ng OHA, ng mga benepisyaryo nito, at sa lahat ng tao sa Hawaii! Mahalo!

PANGALAN NG BALOTA:

ANDERSON, Ikaika

LEGAL NA PANGALAN:

Justin Michael I. Anderson

Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian At-Large Trustee
ikaika4hawaii.com
team@ikaika4hawaii.com
(808) 225-5733

Si Ikaika Anderson ay panghabambuhay na residente ng Windward O'ahu at kandidato para sa OHA Trustee At-Large. Proud na nagtapos sa Kamehameha Schools Kapālama, nakakuha siya ng degree sa Journalism and Political Science mula sa University of Hawai'i at Mānoa. Dating Tagapangulo ng Konseho ng Lungsod ng Honolulu, kinatawan niya ang Windward O'ahu nang mahigit 11 taon. Debotong ama at lolo, si Anderson ay nakatuon sa pagpapabuti ng kalidad ng buhay para sa mga pamilya sa Hawai'i sa pamamagitan ng mas matibay na mga oportunidad sa pabahay, de-kalidad na edukasyon, madaling makuhang pangangalagang pangkalusugan, pangangalaga sa kultura, at kaunlarang pang-ekonomiya. Naniniwala siya na dapat itaguyod ng OHA ang pinakamataas na pamantayan ng transparency, accountability, at stewardship para sa mga benepisyaryo nito. Kung mahahalal, sisikapin ni Anderson na matiyak na ang OHA ay mananatiling nakatuon sa paghahatid ng masusukat na mga resulta, responsableng pamamahala, at makabuluhang mga benepisyo na magpapalakas sa mga pamilya at komunidad ng mga Katutubong Hawaiiano para sa mga susunod na henerasyon.

PANGALAN NG BALOTA:

GALUTERIA, Brickwood M.

LEGAL NA PANGALAN:

Brickwood M. Galuteria

Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian At-Large Trustee
brickwoodg@gmail.com
(808) 864-8872

Si Brickwood Galuteria ay isang pinunong Katutubong Hawaiiano na may mahigit apat na dekada ng paglilingkod sa buhay publiko, pagtataguyod ng kultura, at pakikipag-ugnayan sa komunidad. Naglingkod siya bilang Senador ng Estado, OHA Trustee-at-Large, propesyonal sa radyo/TV, at pinuno ng seremonya, na nagtatrabaho sa mga sektor ng gobyerno, media, at mga non-profit na organisasyon. Kabilang sa kanyang karanasan ang pagsusulong ng transparency, pagsuporta sa mga kūpuna sa pamamagitan ng mga inisyatibo tulad ng Kūpuna Power, pagtataguyod ng kulturang Hawaiian, at pagpapalakas ng mga mapagkukunan para sa kapakanan ng komunidad. Matagal na siyang nakatuon sa pagprotekta sa 'āina, pagpapabuti ng mga oportunidad para sa mga pamilyang Katutubong Hawaiiano, at pagpapataas ng mga tinig ng komunidad sa paggawa ng desisyon ng estado. Ang kanyang mga gawa ay sumasalamin sa pangako sa integridad ng kultura, pagkakapantay-pantay sa pagitan ng mga henerasyon, at pagtiyak na ang mga pananaw ng mga Katutubong Hawaiiano ay mananatiling mahalaga sa paghubog ng kinabukasan ng Hawai'i. Mapagkumbabang hinihingi ng Brickwood ang inyong boto. Mahalo at Malama.

PANGALAN NG BALOTA:

SOUZA, Keoni

LEGAL NA PANGALAN:

Justin Patrick Keoni Souza

Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian At-Large Trustee

souzaforoha.com
nahoamusic@gmail.com
(808) 349-5200

Si Keoni Souza ang kasalukuyang Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian At-Large Trustee, na nahalal noong 2022. Sa OHA, si Keoni ang Pangalawang Tagapangulo ng Lupon ng mga Tagapangasiwa at Tagapangulo ng Komite sa Pamumuhunan at Pamamahala ng Lupa. Tagapagtaguyod para sa kultura at ʻāina na pangangasiwa, si Keoni ay Komisyoner sa Kahoʻolawe Island Reserve Commission. Gumawa siya ng magkakaibang karanasan bilang isang musikero, negosyante, realtor, at pinuno ng komunidad na Katutubong Hawaiian. Si Keoni ay isang founding member ng Grammy-nominated at multi-Nā Hōkū Hanohano Award-winning group na Nā Hoa. Si Keoni ay nagtapos noong 2002 sa The Kamehameha Schools. Sa panahon ng kanyang panunungkulan sa OHA, nakatuon si Keoni sa responsableng pamamahala ng mga mapagkukunan ng OHA, pagpapalakas ng pakikilahok ng komunidad, at transparency sa pamumuno. Pinalalaki nina Keoni at ng kanyang asawang si Mahina ang kanilang tatlong anak sa Kapolei. Nanatiling nakatuon si Keoni sa pagpapaangat ng ating lahi at pinahahalagahan ang inyong patuloy na suporta sa halalan sa 2026. Kapag umunlad ang mga Hawaiin, uunlad din ang Hawai'i!

PANGALAN NG BALOTA:

WAIHEE, John, IV

LEGAL NA PANGALAN:

John D. Waihee IV

Opisina sa Ugnayan ng mga Hawaiian At-Large Trustee

jwaihee@gmail.com
(808) 595-0999

Ang mga darating na taon ay magiging napakahalaga para sa OHA at sa ating mga benepisyaryo. Ang mga kamakailang desisyon sa patakaran ng Pederal ay nakatakdang bawasan ang pondo ng maraming programang kasalukuyang nagsisilbi sa mga Katutubong Hawaiian. Magiging mahalaga para sa OHA na maging handa upang mabawi ang mga negatibong epektong inaasahang lilitaw. Dapat pagbutihin ng OHA ang ating mga Planong Istratehiko at mga programa sa Grants upang matiyak na ang mga serbisyong inaasahan ng ating mga benepisyaryo ay mananatiling magagamit nila. Upang matugunan ang mga pangangailangang ito, dapat nating patuloy na ipaglaban ang ating patas na bahagi ng mga kinikita at lumikha ng isang patas at makatarungang pro-rata na pormula batay sa isang tumpak na tala ng imbentaryo ng mga Ceded Lands. Bukod pa rito, dahil ang karamihan sa budget ng OHA ay kasalukuyang nagmumula sa mga kita ng Native Hawaiian Trust fund, dapat din nating patuloy na ituon ang pansin sa pangkalahatang pagganap ng ating buong portfolio upang makagawa ng pinakamahusay na mga resulta. Nangangako akong gagamitin ko ang lahat ng aking mga taon ng karanasan upang makamit ang mga layuning ito.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
ENRIQUEZ, Lloyd K.
LEGAL NA PANGALAN:
Lloyd K. Enriquez

Miyembro ng konseho ng Hawaii Distrito 4
lloyd@friendsoflloydenriquez.com
(808) 640-6585

Para sa akin, ang representasyon ay hindi lamang basta isang titulo; ito ay kuleana. Ang Puna ay isa sa mga pinakamagkakaiba at rural na komunidad ng Hawai'i kung saan ang mga tao ay hindi madalas naririnig habang humaharap sa malalaking hamon dahil sa limitadong mga mapagkukunan at kahirapan sa ekonomiya. Bilang isang Katutubong Hawaiian na may ugnayang pampamilya sa Puna, ramdam ko ang malaking responsibilidad sa lugar na ito at sa mga taong naninirahan dito. Simple lang ang pamamaraan ko: makinig muna. Naniniwala ako na ang mga pinuno ay dapat kumatawan sa mga boses at pangangailangan ng komunidad, hindi sa kanilang sariling personal na agenda. Sa mahigit 30 taong karanasan sa mga paaralan sa Pahoa, at sa kasalukuyan kong tungkulin bilang Puna Police Commissioner, natutunan ko kung paano iugnay ang ating mga tao sa mga sistemang nakatakdang maglingkod sa kanila. Nakatuon ako sa pagsusulong ng mga praktikal na solusyong angkop sa Puna na nagpapalakas sa ating 'ohana, nagpapatatag sa ating komunidad, at lumulikha ng kinabukasan na nagbibigay-pugay sa kung sino tayo.

PANGALAN NG BALOTA:
OHARA, Eileen
LEGAL NA PANGALAN:
M Eileen O'hara

Miyembro ng konseho ng Hawaii Distrito 4
ohara4puna.com
eileen@ohara4puna.com
(808) 896-1902

Si Eileen O'Hara ay residente ng Puna Makai sa loob ng 46 na taon. Nagtrabaho siya sa gobyerno bilang lingkod-bayan at bilang halal na opisyal, na kumakatawan sa Distrito 4 sa County Council noong 2016-18. Naglingkod siya sa publiko at kamakailan ay naing executive director ng Malama O Puna na tumutulong sa mga proyekto ng pagbangon mula sa pagsabog ng bulkan at seguridad sa pagkain. Nagtapos siya sa UHH na may mga degree sa agribusiness at economics, at nagpatuloy sa UHM kung saan nakuha niya ang master's at doctorate degree sa agricultural, natural resources, at environmental economics. Siya ay naging business specialist para sa Pacific Biodiesel, na tumutulong sa pagpapaunlad ng planta ng produksyon ng biodiesel sa Shipman Industrial Park. Dati siyang nagtrabaho sa HELCO sa mga photovoltaic project at bilang Planner para sa Hawaii County. Kabilang sa kanyang mga prayoridad ang paghahanap ng mga alternatibong ruta para sa Puna upang maibsan ang trapiko, mga programang magbabawas ng krimen at kawalan ng tirahan sa distrito, at mga proyektong magpapalakas sa ekonomiya ng Puna. www.Ohara4Puna.com.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

Miyembro ng konseho ng Hawaii Distrito 5

PANGALAN NG BALOTA:

MATSON, Shannon Lopeka

LEGAL NA PANGALAN:

Shannon L. Matson

Miyembro ng konseho ng Hawaii Distrito 5

electshannonmatson.com
shann.matson@gmail.com
(808) 937-3037

Nagpapakita ako para sa Upper Puna bilang isang bihasang lider na sineseryoso ang aking karapatan sa serbisyo publiko. Ang buhay ko ay nakatuon sa paglilingkod sa iba, mula sa pamamahagi ng pagkain at pag-oorganisa ng mga boluntaryong chainsaw crew para sa disaster recovery hanggang sa pagtataguyod ng equity sa buwis at pagpapanagot sa mga mapanganib na may-ari ng aso. Bilang isang panghabambuhay na residente ng Hawai'i Island at dating may-ari ng maliliit na negosyo, nauunawaan ko ang mga paghamong kinakaharap ng mga lokal na pamilya at negosyante araw-araw. Kapag may nakikita akong sira o hindi mahusay, sinisikap kong pagbutihin ito sa pamamagitan ng mga praktikal na solusyon, pananagutan, at pakikipagtulungan sa komunidad. Dapat mas mahusay na magtrabaho ang gobyerno para sa mga pinaglilingkuran nito sa pamamagitan ng pagiging transparent, tumutugon, at mahusay sa paggamit ng mga pampublikong mapagkukunan. Sa pamamagitan man ng pagpapalakas ng imprastraktura, pagsuporta sa kaligtasan ng publiko, o pagpapababa ng halaga ng pamumuhay, nakatuon ako sa pag-iiwan ng mga bagay-bagay na mas maayos kaysa sa aking natagpuan. Pinahahalagahan ko ang aking komunidad, ang aking bukid, at ang aking pamilya, at nais kong patuloy na maglingkod sa mga taong/lugar na mahal ko - ang Puna.

PANGALAN NG BALOTA:

RODENHURST, Ikaika

LEGAL NA PANGALAN:

Steven Ikaika Rodenhurst

Miyembro ng konseho ng Hawaii Distrito 5

ikaikarodenhurst.com
ikaika.rodenhurst@gmail.com
(808) 203-7450

Aloha! Ako si Ikaika Rodenhurst at tumatakbo ako para maging Miyembro ng Konseho ng County ng Hawaii para sa Distrito 5, ang Puna Mauka. Nandito ako upang maging aktibo at ipaglaban ang isang mas maunlad na Puna. Isa akong ama sa tatlong anak, coach sa football, at civil engineer. Isinasapuso ko ang mga prinsipyo ng integridad, dedikasyon, at malasakit. Ang mga pangunahing prayoridad ko ay mas maayos na mga kalsada at imprastraktura, mas maraming pagkakataon para sa libangan, at mas matatag na komunidad na kayang harapin ang mga hamon. Mahusay akong makipagtulungan sa iba, at handa at kaya kong makipagtrabaho sa kahit sino at gawin ang kinakailangan upang matulungan ang ating komunidad. Nahaharap tayo ngayon sa mga hamong hindi pa natin naranasan dati at ang tanging paraan upang malampasan ito ay ang magkaisa bilang isang komunidad, Puna Kākou! Nasa iisang bangka tayong lahat at kailangan nating magtulungan sa pagsasagwan upang maisulong ang ating Isla ng Hawaii para sa ating mga keiki at sa mga susunod na henerasyon. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto. Mahalo!

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

AKI, Zed Kaapana

LEGAL NA PANGALAN:

Zurishaddai Kaapana Aki

Miyembro ng konseho ng Hawaii Distrito 6

aki4hawaii.com
zed.kaapana.aki@gmail.com
(808) 554-1011

Tumatakbo ako para sa Hawai'i County Council District 6 dahil ang komunidad na ito ang tunay kong tahanan. Inalagaan ng aking mga ninuno ang 'āina na ito mula pa noong unang panahon. Isasabuhay ko ang kanilang pamana ng pangangalaga at pananagutan. Ang Distrito 6 ay nararapat sa isang kinatawang may panangutan na nauunawaan ang ating mga realidad sa kanayunan: imprastraktura, pabahay, agrikultura, kaligtasan ng publiko, at oportunidad sa ekonomiya. Layunin kong palakasin ang mga lokal na sistema ng pagkain, suportahan ang maliliit na negosyo at mga pamilyang manggagawa, protektahan ang ating likas at kultural na yaman, at tiyaking ang pamahalaan ng county ay nagpapatakbo nang may transparency at disiplina sa pananalapi. Mayroon akong mahigit isang dekadang karanasan sa pampublikong patakaran at pagtataguyod ng batas, kasama ang mismong kaalaman bilang isang magsasaka at tagapagbigay ng mga serbisyong panlipunan. Nauunawaan ko kung paano nakakaapekto ang mga desisyon sa antas ng county sa mga pamilya sa mismong komunidad. Handa akong maglingkod nang may integridad, makinig nang may kababaang-loob, at walang kapagurang magsikap na bumuo ng kinabukasan kung saan umuunlad ang ating mga keiki at pinararanaglan ang ating mga kūpuna.

PANGALAN NG BALOTA:

ENRIQUES, Guy

LEGAL NA PANGALAN:

Guy B. Enriques

Miyembro ng konseho ng Hawaii Distrito 6

guyenriques@gmail.com
(808) 217-2253

Ang "Nangunguna Nang May Karanasan – Naghahatid ng Resulta Nang May Pagtutulungan" ay nagpapakita kung paano maglilingkod si Guy Enriques sa ating komunidad. Sa kanyang dalawang taong termino sa Hawai'i County Council noong 2008, nakamit niya ang mga pangmatagalang resulta, kabilang ang $18.9 million hurricane shelter at gym para sa Ka'ū, pagkuha ng $500,000 na badyet para maghukay ng balon ng maiinom na tubig sa Ocean View, at paglalagay ng mga lifeguard sa Punalu'u para protektahan ang mga pamilya at mga bisita. Naniniwala si Guy na dapat simple ang pamumuno: alamin ang pangangailangan ng distrito, pagsamahin ang tamang team sa pagtugon sa isyu, at gabayan ang mga proyekto hanggang sa matapos ang mga ito. Ang layunin ay makamit ang mga tunay na resulta na nakikita ng mga tao. Naniniwala si Guy na nangyayari ang tunay na pag-unlad kapag nagtutulungan ang mga miyembro ng Konseho at administrasyon ng Alkalde. Nakatuon siya sa matapat na paglilingkod sa Ka'ū, Sount Kona, at Volcano sa pamamagitan ng integridad, pakikinig sa komunidad, pangangalaga sa ating baybayin at paggalang sa kultura ng komunidad, at sama-samang pagbuo ng mas matatag na kinabukasan.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

Alkalde ng County ng Maui

PANGALAN NG BALOTA:

BISSEN, Richard T., Jr.

LEGAL NA PANGALAN:

Richard T. Bissen Jr.

Alkalde ng County ng Maui
bissen2026.com
aloha@bissen2026.com
(808) 268-2609

Tumatakbo si Mayor Richard Bissen, Jr. para muling mahalal dahil naniniwala siyang kailangan ng Maui Nui ng matatag at matapang na pamumuno upang patuloy na umusad. Sa kanyang unang termino, hinarap ng Maui County sa mga pambihirang hamon, kabilang ang mapaminsalang mga wildfire, kakulangan sa pabahay, at presyur sa mga lokal na pamilya. Sa ilalim ng pamumuno ni Mayor Bissen, tumaas ng 190% ang produksyon ng abot-kayang pabahay, at ang Maui County ay nakatakdang makapaghatid ng higit sa 5,000 tahanan sa susunod na apat na taon. Nakakuha rin si Mayor Bissen ng $1.6 bilyong pederal na pondo para pagbangon upang matulungan ang Lahaina na muling makabangon at mas lumakas para sa mga susunod na henerasyon. Patuloy na nagsusumikap ang kanyang administrasyon na mapabuti ang imprastraktura, palakasin ang kahandaan sa sakuna, at protektahan ang kultural at likas na yaman ng Maui County. Nanatili siyang nakatuon sa pagkuha ng mga pribadong sistema ng tubig at pagbabalik ng tubig sa pampublikong tiwala, tinitiyak na ang mga lokal na mapagkukunan ay protektado para sa mga tao ng Maui County. Naniniwala si Mayor Bissen na ang pamumuno ay dapat manatiling nakabatay sa habag, integridad, katatagan, at serbisyo para sa lahat ng residente. Hindi pa pau.

PANGALAN NG BALOTA:

SUGIMURA, Yuki Lei Kashiwa

LEGAL NA PANGALAN:

Yuki Lei Kashiwa Sugimura

Alkalde ng County ng Maui
yukileiformayor.com
yukileiformayor@gmail.com
(808) 870-8047

Aloha Maui County. Ako si Yuki Lei Sugimura, at tumatakbo ako bilang Alkalde dahil nararapat sa Maui Nui na sumulong nang may integridad, pananagutan, at lideratong inuuna ang pagkakaisa kaysa sa pagkakawatak-watak. Bilang Alkalde, inaasahan ko ang makalikha ng tunay na oportunidad sa pabahay para sa mga residente, mapagaan ang pasanin sa ekonomiya ng mga lokal na pamilya, at suportahan ang ating komunidad ng negosyo upang ang susunod na henerasyon ng Maui County ay kayang manatili at umunlad sa kanilang sariling lugar. Magpopokus muli tayo sa mga pangunahing isyung tulad nito na nakakaapekto sa buong Maui Nui, at gagawin natin ito sa paraang muling nagbubuklod sa ating mga komunidad. Inilaan ko ang aking buhay sa paglilingkod sa aking komunidad – bilang Councilmember, may-ari ng maliliit na negosyo, at lider ng komunidad – at patuloy akong nakakahanap ng kagalakan at layunin sa paglikha ng makabuluhang mga resulta para sa mga residente ng Maui County. Magtulungan tayong isulong ang Maui Nui. Salamat!

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

CARROLL, Claire Kamalu

LEGAL NA PANGALAN:

Claire M.K. Carroll

Miyembro ng Konseho ng County ng Maui East Maui

clairekamalucarroll@gmail.com
(808) 264-0139

Kasalukuyang nagsisilbi si Claire "Kamalu" Carroll bilang Economic Development Specialist para sa mga rural na lugar sa loob ng Maui County. Nagnanais na mahalal bilang miyembro ng Maui County East Maui Council sa taon ng halalang ito. Pag-iba-iba ng Ekonomiya: Higit pa sa pag-asa sa turismo sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mas maraming komunidad na sakahan sa mga lupain ng gobyerno upang makamit ang higit na pagiging sustainable ng pagkain. Imprastraktura at Kapaligiran: Pagtugon sa mga isyung nakatuon sa kapakanan ng komunidad, sustainable na pag-unlad, at isang balanseng pagharap sa mga hamon sa ekonomiya at kapalirigan sa Maui County. Gaya ng mga lumang kalsada at pag-apaw ng imburnal, na iniugnay niya sa epekto ng pagbabago ng klima. Turismo at Pabahay: Kinikilala ang kahalagahan ng turismo para sa lokal na trabaho habang isinusulong ang mas abot-kayang pabahay at mas mahigpit na pagpapatupad laban sa mga ilegal na paupahang bakasyunan. Kawalan ng tirahan: Isinusulong ang mga solusyong tulad ng maliliit na bahay at rotating shelter. Palaging nakikibahagi sa pinakapuso ng ating mga komunidad sa Maui County, at nauunawaan ang iba't ibang pangangailangan

PANGALAN NG BALOTA:

SINENCI, Shane

LEGAL NA PANGALAN:

Shane M. Sinenci

Miyembro ng Konseho ng County ng Maui East Maui

votesinenci.com
ssinenci@yahoo.com
(808) 264-8919

Bilang kasalukuyang kinatawan ng East Maui, ipagpapatuloy ko ang pangangalaga sa kalikasan at pamamahala ng likas na yaman. Ang aking trabaho sa pagbuo ng East Maui Water Authority at County Department of Agriculture ay nakakatulong upang matiyak na ang ating keiki ay may seguridad sa pagkain at malinis na maiinom na tubig para sa mga susunod na henerasyon! Ang mga pagbawas sa Pederal na Medicaid at SNAP ay maaaring makasama sa ating pinakamahihirap na mamamayan, lalo na ang ating mga keiki at kūpuna, kaya't napakahalagang matiyak na mayroon silang mga suporta upang makayanan ang mas mataas na gastos. Panghuli, ang muling pagtatayo ng Lahaina ay magiging napakahirap na gawain, ngunit handa ako para dito; kabilang ang pagpapanumbalik ng komunidad at 'Ohana upang muli itong maging masigla at matatag. Maraming salamat sa inyong patuloy na suporta!

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

PALTIN, Tamara Akiko Maile

LEGAL NA PANGALAN:

Tamara A.M. Paltin

Miyembro ng Konseho ng Maui West Maui
tamarapaltin.com
tamara@tamarapaltin.com
(808) 870-0052

Si Tamara Paltin ay isang dedikadong tagapagtaguyod ng komunidad at pampublikong lingkod na kumakatawan sa West Maui sa Maui County Council simula noong 2019. Bilang isang dating Ocean Safety Lieutenant, Emergency Medical Responder at matagal nang lider sa pangangalaga ng kalikasan, inilaan ni Tamara ang kanyang karera sa pagprotekta sa mga mamamayan, kultura, at likas na yaman ng Maui. Tumulong siya sa pamumuno sa Save Honolua Coalition, nakikipagtulungan sa mga residente at sa Estado upang pangalagaan ang mahahalagang baybaying lupa at tiyaking naririnig ang boses ng komunidad sa mga desisyong humuhubog sa ating kinabukasan. Sa Konseho, nakatuon si Tamara sa responsableng muling pagbangon, pagprotekta sa mga oportunidad sa lokal na pabahay, responsableng pamamahala ng turismo, at pagpapalakas ng katatagan ng komunidad. Taglay ang karanasan sa math at edukasyon, at sa maraming taon ng pakikibaka at adbokasiya sa komunidad, dala niya ang maingat na pag-iisip sa paglutas ng mga problema habang mahusay na nakikipagtulungan sa iba sa pamahalaan. Patuloy na nakatuon si Tamara sa pag-una sa interes ng mga residente at pagbuo ng isang sustainable at maunlad na kinabukasan para sa West Maui.

PANGALAN NG BALOTA:

TILLMAN, Mark

LEGAL NA PANGALAN:

Mark Tillman

Miyembro ng Konseho ng Maui West Maui
markt@williamsmaui.com
(808) 250-1600

39 na taon na akong naninirahan sa Maui, lahat ng panahong iyon ay nasa kanlurang bahagi. Naglingkod na ako sa komunidad na ito, maging sa pagiging coach sa sports, mga PTA, presidente ng Lahainaluna HS Foundation at pagpapatayo ng stadium gamit ang mga pribadong pondo, naglingkod sa Kumulani Chapel, presidente ng HOA, miyembro ng West Maui Taxpayers Association, lahat ng ito ay habang nagtatrabaho nang full time, una bilang may-ari ng TCBY Yogurt at pagkatapos ay bilang tindero ng mga produktong pang-promosyon. Dahil naranasan na natin ang mga sunog noong 2018 at 2023, kailangan nating lutasin ang isyu ng pagpapagaan ng sunog ngayon na o lahat ng mga bagong tahanang ito na nakikita natin sa Lahaina ay maaaring dumanas ng parehong kapalaran at magkaroon ng isa pang sakuna. Gayundin, ang isyu ng patubig sa Pu`u Kukui ay magiging kritikal sa nabanggit at makakatulong sa muling pagpapasigla ng Kanlurang Maui. Sa wakas, ang pagiging kasal sa loob ng 45 taon at pagpapalaki ng 5 anak ay nagturo sa akin tungkol sa layunin ng buhay. Ngayong nasa edad na ako ng pagreretiro, panahon na para baguhin ang aking buhay at magbagong-buhay sa bagong direksyong ito.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

LINDSEY, Ashley Awakea

LEGAL NA PANGALAN:

Ashley Awakea Lindsey

Miyembro ng Konseho ng County ng Maui para sa Wailuku-Waihee-Waikapu

ashleyawakea@yahoo.com
(808) 357-7064

Si Ashley Awakea Lindsey ay isang ina, residente ng Maui na maraming henerasyon, pinuno ng komunidad, at tagapagtaguyod ng kultura na nakatuon sa pagpapanatili ng kasaysayan, kultura, at katangian ng isla. Naglingkod siya sa Wailuku Redevelopment Agency, Maui Planning Commission, at Maui Historical Society, na sumusuporta sa edukasyon, preserbasyon, at maalalahaning pagpaplano. Si Lindsey ay may karanasan sa paggamit ng lupa, muling pagpapaunlad, real estate, at pakikipag-ugnayan sa komunidad, na nakatuon sa pagbabalanse ng paglago habang pinoprotektahan ang natatanging kultural at makasaysayang yaman ng Hawaii. Bilang isa sa mga tagapagtatag ng Project Locavore at ng taunang Eat Local Maui Challenge, mahigit isang dekada na siyang gumugol ng pag-uugnay sa mga residente sa mga lokal na magsasaka, rancher, mangingisda, at mga producer ng pagkain upang palakasin ang katatagan ng komunidad at suportahan ang lokal na agrikultura. Isang panghabambuhay na tagapagtaguyod ng pakikilahok sibiko, si Ashley ay nakatuon sa pagsuporta sa mga susunod na henerasyon sa pamamagitan ng abot-kayang pabahay, pangangalaga sa kapaligiran, responsableng paglago, at pamahalaan na may transparency.

PANGALAN NG BALOTA:

MONIZ, Marvin

LEGAL NA PANGALAN:

Marvin A. Moniz

Miyembro ng Konseho ng County ng Maui para sa Wailuku-Waihee-Waikapu

marvinformaui.com
marvin.a.moniz@gmail.com
(808) 280-1097

Tumatakbo ako para sa Maui County Council dahil naniniwala ako na maibibigay ko ang aktibong pamumuno na kailangan at nararapat sa ating komunidad. Sa panahon ng aking panunungkulan bilang Maui County District Airport Manager, personal kong nasaksihan ang dami ng mga lokal na pamilyang napipilitang umalis sa isla. Pangunahin itong dulot ng mataas na gastusin sa pamumuhay, lalo na pagkatapos ng mga wildfire. Sinubok tayo ng mga sakunang pinagdaanan ng ating komunidad. Sa mga sandaling iyon, walang oras para sa politika – kundi oras lang para kumilos. Natutunan kong makipagtulungan sa iba't ibang ahensya ng gobyerno at mga community group para makapagbigay ng tulong at serbisyo kapag higit na kailangan ito ng mga tao. Nakita ko kung ano ang tunay na pamumuno. Para sa akin, hindi ito tungkol sa pulitika, mga titulo, o basta mga salita lamang. Sa halip, ito ay tungkol sa pagharap, pagdalo, at pagsisikap para sa mga tao ng Maui County. Kung mahahalal, makikinig ako sa inyong mga alalahanin, at kakatawanin at paglilingkuran ko ang ating komunidad.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

BATANGAN, Kauanoe

LEGAL NA PANGALAN:

Kelson Kauanoe Batangan

Miyembro ng konseho ng County ng Kahului
kauanoebatangan.com
aloha@kauanoebatangan.com
(808) 298-1379

Si Kauanoe Batangan ay Miyembro ng Konseho ng Maui County na nakatuon sa paghahatid ng mga tunay na resulta para sa ating mga ʻāina at mga kamaʻāina. Bilang isang henerasyong residente ng Kahului, taglay niya ang napatunayang karanasan sa pederal, estado, at lokal na antas ng pamahalaan. Itinatag ni Kauanoe ang Daniel K. Akaka Congressional Fellowship, pinamahalaan ang pambansang adbokasiya upang palawakin ang isang santuwaryo ng dagat, at pinangasiwaan ang pagpaplano ng mga lantsa sa pagitan ng mga isla para sa Maui County. Nang sumiklab ang mga sunog sa kagubatan noong Agosto 8, 2023, si Kauanoe ay gumanap bilang isang tagapamahala sa Office of Recovery, na nag-oorganisa ng mga kritikal na serbisyong pangkalusugan at panlipunan para sa mga nakaligtas. Alam ni Kauanoe na ang halaga ng pamumuhay ay nagpapahirap sa mga lokal na pamilya. Upang makabuo ng isang matatag na Maui Nui kung saan kayang tumira ang ating mga mamamayan, ang kanyang pamumuno ay nakatuon sa apat na pangunahing haligi: pangangalaga sa ating kultura, pag-iba-ibahin ang ating ekonomiya, pamumuhunan sa ating mga mamamayan, at pangangalaga sa ating mga lupain. Patuloy siyang makikinig nang may pagpapakumbaba at ipaglalaban ang ating ibinahaging kinabukasan.

PANGALAN NG BALOTA:

KAMEKONA, Carol Lee

LEGAL NA PANGALAN:

Carol Lee Kamekona

Miyembro ng konseho ng County ng Kahului
carolleekamekona.com
carolleekamekona@outlook.com
(808) 264-9385

Ipinapakita ng aking karera sa militar na inialay ko ang aking buhay sa paglilingkod para sa ikabubuti ng lahat, kaya ako nag-apply para sa posisyon sa Kahului. Handa akong makipagtulungan sa sinuman upang matiyak ang pabahay para sa mga lokal na manggagawa, patas na sahod para sa mga lokal na trabaho, at gobyernong nakakamit ang tiwala sa pamamagitan ng transparency at pananagutan. Dati pa akong naninindigan para sa malinis na pamamahala, malinaw na komunikasyon, at pananagutan. Hindi naiiba ang sandaling ito. Kung inaasahan natin na maging transparent ang ating mga pinuno, dapat maging transparent din tayo sa ating sarili. Simple lang ang pangako ko: Susundin ko ang batas. Poprotektahan ko ang integridad ng prosesong ito. Palagi kong sisiguraduhin na lubos na may alam ang ating komunidad sa bawat hakbang upang palagi ninyong alam kung ano ang nangyayari. Ito ang pamumunong nakabatay sa kuleana, hindi sa kaginhawahan.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

COOK, Tom

LEGAL NA PANGALAN:

Thomas M. Cook

Miyembro ng konseho ng County ng Hawaii South Maui

friendsoftomcook.com
cooksynergy@gmail.com
(808) 870-2205

Bilang inyong Miyembro ng Konseho at Tagapangulo ng Komite sa Patubig at Imprastraktura, inuna ko ang ilan sa mga pinakamahihirap na paghamon ng ating komunidad. Ang aking karanasan sa konstruksyon at paggamit ng lupa ay nagbibigay sa akin ng teknikal na kadalubhasaan upang epektibong matugunan ang mga proyekto ng County; mula sa pagpapalawak ng mga niresiklong sistema ng patubig na R-1, hanggang sa pagsusulong ng kritikal na pagpapagaan ng pagbabaha, at ang North-South Collector Road. Naniniwala ako na ang tumutugong pamahalaan ay nangangailangan ng aktibong pakikinig; kaya naman uunahin ko ang patuloy na pakikipag-ugnayan sa komunidad sa pamamagitan ng aking mga South Maui Community Town Hall at mga sesyon ng open house talk story. Ang mga pagtitipong ito ay mahalaga para sa pagtukoy at pagtugon sa mga prayoridad ng komunidad. Kung muling mahahalal, mananatili akong nakatuon sa pagsiguro ng napapanatiling yamang patubig, pagpapabuti ng katatagan ng imprastraktura, at pagtiyak na ang paglago ng South Maui ay mapamamahalaan nang responsable, upang unahin ang mga makakamit na tahanan para sa ating mga residente. Hinihiling ko ang inyong boto upang maipagpatuloy ang mahalagang gawaing ito para sa ating kinabukasan.

PANGALAN NG BALOTA:

KING, Kelly Takaya

LEGAL NA PANGALAN:

Kelly Takaya King

Miyembro ng konseho ng County ng Hawaii South Maui

kellykingformaui.org
ktkmaui@me.com
(808) 283-1954

Aloha Maui! Hindi ko balak na muling tumakbo para sa County Council, pero malinaw ang mensahe mula sa mga residente; kailangan nating mabawi ang mayoryang inuuna ang pangangailangan ng mga mamamayan kaysa sa interes ng mga developer! Kabilang sa aking rekord noong dati akong nanungkulan sa Konseho ang aktwal na paglikha ng mga proyekto sa abot-kayang pabahay, pagpasa ng batas upang maprotektahan ang mga katutubong ibong-dagat at pagong mula sa nakakapinsalang ilaw at mga sunscreen na may mapanganib na kemikal, at paglalaan ng pondo para sa pagpapanumbalik ng wetland upang mabawasan ang pinsalang dulot ng pagbaha. Palagi kong isinusulong ang pagpapaunlad ng imprastraktura at lokal na pamamahala sa panahong ang mayorya ng ating Konseho ay nag-aapruba ng walang kontrol na pagtatayo ng mga marangyang pabahay at tinangka pa ngang ibigay ang mga karapatan sa tubig ng Kula sa mga venture capitalist mula sa mainland. Dahil sa aking rekord ng integridad, karanasan sa negosyo (enerhiya/agrikultura), at reputasyon sa pagiging bukas at madaling lapitan, mapagkumbaba kong iniaalok muli ang aking serbisyo sa panahong ang pinakamahalaga ang suporta mula sa mga karaniwang mamamayan.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

Miyembro ng konseho ng County ng Maui Makawao-Haiku-Paia

PANGALAN NG BALOTA:

CHUNG, Stevie Kathryn

LEGAL NA PANGALAN:

Jerry D. Chung II

Miyembro ng konseho ng County ng Maui Makawao-Haiku-Paia

linktr.ee/steviekathrynchung
steviekathrynchung@protonmail.com
(928) 234-5275

Bilang miyembro ng Tribong Modoc, alam ko kung paano ginagamit ng mga gobyerno ang kawalan ng karapatan bilang isang hakbang sa kapangyarihan upang isulong ang karagdagang paglikas, kontrol sa mga karapatan sa patubig, kontrol sa lupang agrikultural, at kontrol sa kung saan naroroon at hindi pinapayagang mapunta ang mga nawalan ng tirahan. May utang ang gobyerno sa mga tao, at narito kami para maningil. Ayaw kong maging kasabwat habang ang mga taga-Hawaii ay lalong itinataboy bawat taon. Maaaring maging atin ang kinabukasan kung tayo ay may sapat na lakas ng loob na abutin ito. Maaaring mapawalang-bisa ang kawalang-katarungan kung alam mong tapat ang kandidato sa kanyang layunin, at maipapangako ko sa lahat na wala akong ibang pinaninindigan kundi ang kalayaan ng sambayanan. Libreng enerhiya, libreng patubig, libreng pagsasaka, at pagpapalaya sa mga hanai sa sistema ng pangangalagang foster mula sa pang-aabuso at kapabayaan sa kamay ng sistemang sumira sa kanilang mga pangakong tutulungan sila. Humingi ng pananagutan ngayon na!

PANGALAN NG BALOTA:

U‘U-HODGINS, Nohe

LEGAL NA PANGALAN:

Nohelani M.T. U‘u-Hodgins

Miyembro ng konseho ng County ng Maui Makawao-Haiku-Paia

votenohe.com
votenohe@gmail.com
(808) 269-0691

Aloha, ako si Nohe Uu-Hodgins. Kasalukuyang Miembro ng Konseho ng Makawao, Haiku, Paia district. Ipinanganak at lumaki ako sa Paia at ang aking pamilya ay matagal nang naninirahan sa Maui sa loob ng maraming henerasyon. Ipinagmamalaki ko na ako ay ina ng apat. Ang aking asawa na si Koa at ang aming pamilya ay naninirahan sa Makawao. Bilang inyong miyembro ng konseho, naniniwala ako na may balanse sa pagitan ng matalinong paglago, paggalang sa kapaligiran, at paggalang sa ating lokal na kultura. Sa kasalukuyan kong termino, ipinaglaban ko ang lakas-paggawa at abot-kayang pabahay. Mas kailangan ngayon higit kailanman ng ating isla ng pabahay. Umaasa akong makapagbigay ng lugar na patuloy na matatawag ng ating mga apo na kanilang tahanan. Karangalan kong katawanin ang aking distrito at County ng Maui at sana ay maipagpatuloy ko ito. Para sa karagdagang impormasyon o para makipag-ugnayan sa akin, mangyaring bisitahin ang aking website sa votenohe.com.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

PAHIA, Bobby

LEGAL NA PANGALAN:

Robert H. Pahia

Miyembro ng konseho ng County ng Maui Upcounty

voteunclebobby.com
voteunclebobby@gmail.com
(808) 793-5562

Aloha, ʻo wau o Bobby Pahia. Bilang may-ari ng negosyo ng pamilya at lider sa agrikultura na may mga dekada ng karanasan sa pagpaplano ng paggamit ng lupa, pamamahala ng tubig, at pagpapanatili ng imprastraktura, ang aking misyon ay bigyang kapangyarihan ang susunod na henerasyon upang mapalalim ang aming ibinahaging koneksyon sa ʻāina at komunidad. Tumatakbo ako para dalhin ang misyong iyon mula sa māla patungo sa Maui County Council. Ang aking mga prayoridad ay nakasentro sa tatlong gabay na prinsipyo upang mapangalagaan ang kalidad ng buhay kung saan ang lahat ng residente ng Maui Nui ay umuunlad nang sama-sama: protektahan ang ʻāina, magbigay ng ginhawa sa gastusin ng pamumuhay, at palakasin ang kolektibong pamumuno. Nasaksihan natin ang mga pagbabago, nagpaalam sa napakaraming espesyal na lugar at mga taong nawalan ng pag-asa sa kanilang mga oportunidad dito sa ating bayan. Bilang isang komunidad, kailangan natin ng mas balanseng pamamaraan kung saan may boses ang mga manggagawa sa mga desisyong ginagawa at ang mga kita ay muling ipinupuhunan sa ating komunidad. Sama-sama tayong makakalikha ng pangmatagalang epekto sa mga henerasyon upang makabuo ng magandang kinabukasan dito sa Maui Nui.

Walang Isinumiteng Larawan.

PANGALAN NG BALOTA:

YOKOUCHI, Jon Masaru

LEGAL NA PANGALAN:

Jon M. Yokouchi

Miyembro ng konseho ng County ng Maui Upcounty

jmy91@mac.com
(808) 280-3828

Walang Isinumiteng Pahayag

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

Miyembro ng konseho ng County ng Maui Lanai

PANGALAN NG BALOTA:
JOHNSON, Gabe
LEGAL NA PANGALAN:
Gabriel L. Johnson

Miyembro ng konseho ng County ng Maui Lanai
gabe4council.com
gabejohnsonwest111@gmail.com
(808) 559-0980

Kasalukuyan akong pinuno ng Komite sa Agrikultura, Diversification, Environment, at Public Transportation ng Maui County Council. Ako ay isang ama, magsasaka, residente ng Lāna‘i nang mahigit 20 taon, at tagapagtaguyod para sa uring manggagawa. Itinataguyod ko ang mga solusyon sa patakaran na nagtataguyod ng abot-kayang pabahay, pagkakapantay-pantay sa lipunan, agrikultura, konserbasyon ng tubig, at napapanatiling pangangasiwa ng lupa. Para sa Lāna'i, pinangunahan ko ang pagpapaunlad ng abot-kayang pabahay, isang skatepark, parke ng aso, pamilihan ng mga magsasaka, at ang pagbili ng County ng isang lantsa sa pagitan ng mga isla.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

RAWLINS-FERNANDEZ, Keani

LEGAL NA PANGALAN:

Keani N.W. Rawlins-Fernandez

Miyembro ng konseho ng County ng Maui Molokai

votekeani.com
kokuakeani@gmail.com
(808) 351-0263

Aloha! 'O wau 'o Keani Rawlins-Fernandez, kupa'āina ng Molokai, at isang ina ng dalawang anak na siyang nagtutulak sa aking pagtataguyod para sa mas maayos na kalidad ng buhay para sa ating mga keiki ngayon at sa pitong henerasyon sa hinaharap. Proud akong nagtapos sa Molokai High School na may law degree at mga sertipiko na nagpapakadalubhasa sa Batas sa Kapaligiran at Batas sa Katutubong Hawaiian, at master's degree in business administration. Isang pribilehiyo ang makatrabaho kayong lahat sa komunidad, lumalago mula sa ating mga paghamon upang maging mas matatag. Isang karangalan na ipagpatuloy ang paglilingkod sa mga tao ng County ng Maui upang matiyak na ang tinig ng ating komunidad ay suportado ng mahusay na kaalaman sa paggawa ng desisyon na nakasentro sa proteksyon para sa ating āina at isulong ang mga patakarang mag-uusad ng mga patakaran na isusulong tayo sa kolektibong kasaganaan. Inaasahan ko ang patuloy na pagsisikap upang makamit ang ating mga ibinahaging layunin nang sama-sama!

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

CARVALHO, Bernard, Jr.

LEGAL NA PANGALAN:

Bernard P. Carvalho Jr.

Alkalde ng County ng Kauai

carvalhob003@hawaii.rr.com
(808) 635-7489

Aloha! Ako si Bernard Carvalho, at isa akong kandidato bilang Alkalde ng Kaua'i. Sa gabay ng mensaheng, 'TOGETHER WE CAN, TOGETHER WE WILL," naniniwala ako sa pagkilos na nakabatay sa Aloha, Pagtutulugan, at mga solusyong Mula sa Komunidad. Ako ay namumuno nang may pagtutulungan, at nakapagbuo ng matibay na ugnayan sa mga komunidad at sa iba't ibang antas ng pamahalaan. Lubos akong nakatuon sa pagprotekta sa natatanging kultura at kapaligiran ng Kaua'i habang tinitiyak ang responsableng pag-unlad at mga oportunidad para sa susunod na henerasyon. Naglingkod ako bilang Alkalde ng County ng Kaua'i mula 2008-2018. Sa aking paglilingkod, pinamunuan ko ang isla sa gitna ng mga natural na sakuna, pagbangon ng ekonomiya, at malalaking pagpapahusay sa imprastraktura. Kasama sa aking serbisyo publiko ang pagiging civil servant, pinuno ng departamento, at miyembro ng Kaua'i County Council. Nagtapos ako sa Kapa'a High School at sa University of Hawai'i at Manoa. Nananatili akong lubos na konektado sa komunidad na aking pinaglilingkuran. Manatili tayong konektado. Email:TOGETHERWECAN2026@GMAIL.COM.

PANGALAN NG BALOTA:

RAPOZO, Mel

LEGAL NA PANGALAN:

Melvin F. Rapozo

Alkalde ng County ng Kauai

www.melformayor.org
melrapozo@gmail.com
(808) 645-0243

Tumatakbo ako bilang Alkalde ng Kaua'i at Ni'ihau dahil nararapat ang ating isla sa malakas at may karanasang lider na nakaugat sa panghabambuhay na dedikasyon sa paglilingkod. Inialay ko ang aking karera sa pagprotekta at paglilingkod sa ating komunidad; 13 taon sa Kauai Police Department, 21 taon sa Hawaii Air National Guard, at ilang termino sa County Council, kabilang ang pagiging Council Chair. Bilang inyong alkalde, haharapin ko ang ating pinakamahahalagang hamon: pagresolba sa krisis sa solid waste, paglikha ng tunay na abot-kayang pabahay, pagbabawas ng pagsisikip ng trapiko sa pamamagitan ng mga pagpapabuti sa imprastraktura, at pagtiyak sa kaligtasan ng publiko. Nakatuon ako sa responsableng pagbabadyet, pagpapanatili ng ganda ng ating isla at kultural na halaga, at pagpapahusay sa gobyerno para sa lahat ng residente. Naniniwala ako sa agarang pagkilos kaysa sa mga walang laman na pangako. Nararapat ang ating mga keiki na magkaroon ng mga oportunidad na makabuo ng buhay dito, at nararapat din ang ating mga kūpuna na tumanda nang may dignidad sa komunidad na kanilang itinayo. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong boto.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:
APPLEGATE, Paul Noboru
LEGAL NA PANGALAN:
Paul Noboru Applegate

Miyembro ng konseho ng County ng Kauai
www.PaulForKauai.com
Paul@PaulForKauai.com
(808) 651-4489

Tumatakbo ako para sa Kaua'i County Council upang magbigay ng matatag at may karanasang pamumuno na nakatuon sa paglutas ng mga tunay na problema nang may integridad, pananagutan, at pagtuon sa pag-una ng komunidad. Pagkatapos ng 25 taon ng serbisyo publiko sa Kaua'i Police Department, kabilang ang mga tungkulin sa matataas na posisyon sa pamumuno, nauunawaan ko ang kaligtasan ng publiko, responsableng paggawa ng desisyon, at ang kahalagahan ng pag-una sa mga tao. Kabilang sa aking mga prayoridad ang pagpaparami ng abot-kayang pabahay para sa mga manggagawang pamilya at kūpuna, pagtugon sa patuloy na pagtaas ng gastusin sa pamumuhay, at pagtiyak na ang pag-unlad ay responsable at may paggalang sa ating 'āina at kultura. Sinusuportahan ko ang maayos na planadong konstruksyon at pagpahusay sa imprastraktura, kabilang ang mga sistema ng wastewater at sewer system, mga serbisyo sa solid waste at basura, mga yamang tubig, at mga kalsada upang protektahan ang kalusugan ng publiko at suportahan ang pangmatagalang sustainability. Nakatuon ako sa kaligtasan ng publiko, kahandaan sa mga emergency, pangangalaga sa kapaligiran, sustainable na agrikultura, mga oportunidad para sa kabataan, responsableng paggamit ng pondo, transparency, at pakikipagtulungan. Ang prinsipyo ko ay Paglilingkod Bago ang Sarili—ang pag-una sa pangmatagalang kapakanan ng Kaua'i at Ni'ihau kaysa sa politika.

PANGALAN NG BALOTA:
COOTS, Mike
LEGAL NA PANGALAN:
Michael J. Coots

Miyembro ng konseho ng County ng Kauai
coots4council.com
mikecoots@hotmail.com
(808) 651-3168

Aloha, ang pangalan ko ay Mike Coots. Ako ay ipinanganak at lumaki sa Kaua'i, at ang islang ito ang humubog sa bawat bahagi ng kung sino ako. Bilang isang nakaligtas sa pag-atake ng pating, photographer, tagapagtaguyod ng karagatan, at may-ari ng maliit na negosyo, alam ko ang ibig sabihin ng pagharap sa mga paghamon, pag-angkop, at patuloy na pagsulong. Tumatakbo ako para sa Kaua'i County Council dahil naniniwala akong kailangan natin ng pamumunong nakaugat sa komunidad, praktikal na kaisipan, at pagprotekta sa nagpapangyari sa islang ito na maging tahanan. Ang ating mga pamilya ay nahaharap sa mga totoong presyon: mga gastusin sa pabahay, gastusin sa pamumuhay, tumatandang imprastraktura, at ang paghamon ng pagpapanatili ng mga lokal na tao rito. Gusto kong tumulong sa pagbuo ng kinabukasan kung saan kayang tumira ng mga lokal, ang ating lupain at karagatan ay protektado, at ang mga desisyon ay ginagawa kasama ang mga tao ng Kaua'i sa sentro. Mapagkumbaba kong hinihingi ang inyong suporta.

PANGALAN NG BALOTA:
BULOSAN, Addison
LEGAL NA PANGALAN:
Addison C.S. Bulosan

Miyembro ng konseho ng County ng Kauai
www.bulosanforcouncil.com
addisonbulosan@gmail.com
(808) 652-1442

Isang karangalan at pribilehiyo ang maglingkod bilang inyong kasalukuyang miyembro ng konseho ng Kaua'i at Ni'ihau para sa pangalawang termino. Ang pakikipagtulungan sa ating komunidad at mga lokal na organisasyon sa pagharap sa pinakamalalaking paghamon ang pinakamahirap na gawain sa buhay ko at kasabay nito ang pinakamabunga. Marami na tayong nagawang pagsulong pero parang lagi tayong hindi sapat at hindi sapat ang bilis. Kung mahahalal, ang aking pangako ay dodoblehin pa ang ating mga pagsisikap sa pagbabawas ng halaga ng pamumuhay at patuloy na uunahin ang ating mga lokal na pamilya, partikular na ang ating mga keiki at mga kūpuna. Isang karangalan ang patuloy na maglingkod at inaasahan kong patuloy na pagtrabahuhan ang mga paghamong ito, mahalal man o hindi. Mahalo!

PANGALAN NG BALOTA:
CORREA, Michelle Kaleiohi
LEGAL NA PANGALAN:
Michelle R.L.K Correa

Miyembro ng konseho ng County ng Kauai
correak002@hawaii.rr.com
(808) 652-1424

Aloha, ako si Michelle Kaleiohi Correa, at tumatakbo ako para sa Kaua'i County Council upang palakasin ang kinabukasan ng ating isla sa pamamagitan ng balanseng pag-unlad, paggalang sa 'āina, at suporta para sa mga lokal na pamilya. Nahaharap ang Kaua'i sa totoong mga hamon — mahal na pabahay, limitadong oportunidad sa trabaho, at pangangailangang protektahan ang kapaligiran habang umuunlad. Naniniwala ako na ang gobyerno ay dapat kumilos nang may pananagutan, transparency, at aloha. Kabilang sa aking mga prayoridad ang paglikha ng abot-kayang pabahay para sa mga lokal na residente, pamumuhunan sa mas matibay na imprastraktura laban sa pagbabago ng klima, at suporta sa agrikultura, edukasyon, at maliliit na negosyo upang magkaroon ng oportunidad ang ating mga keiki na manatili at umunlad dito. Dadalhin ko sa Konseho ang maingat at nakabatay sa komunidad na mga desisyon — pakikinig nang mabuti at paggalang sa iba't ibang pananaw. Ang bawat desisyong gagawin natin ay dapat magpatibay sa pagpapanatili ng isla at mapangalagaan ang kultura at likas na ganda na siyang nagpapabukod-tangi sa Kaua'i. Mapagkumbaba kong hinihiling ang inyong boto upang maglingkod sa Kaua'i County Council.

Miyembro ng konseho ng County ng Kauai

PANGALAN NG BALOTA:
DECOSTA, Billy D.
LEGAL NA PANGALAN:
Billy D. DeCosta

Miyembro ng konseho ng County ng Kauai
billyndrena@hawaii.rr.com
(808) 639-8533

Aloha sa Lahat, ako si Billy DeCosta at tumatakbo ako para muling mahalal. Naglingkod ako bilang miyembro ng inyong konseho noong 2020 at 2022. Sa loob ng 4 na taong ito, malapit akong nakipagtulungan sa aming iba't ibang departamento at kapwa miyembro ng konseho upang maipatupad ang mga pagbabagong nagdulot ng positibong epekto sa ating pamumuhay dito sa Kaua'i at Ni'ihau. Ilan sa mga Panukalang Batas na isinulong ko ay ang pagtataas Hotel at TVR tax (mga 11-14 milyon kada taon) na gagamitin sa pagbili ng lupa at pakikipagtulungan sa isang developer upang magtayo ng pabahay para sa mga middle class na manggagawa. Pinapayagan ng aking Ag bill ang mga lokal na residente na magtayo ng mas maraming bahay sa kanilang lupang agrikultural. Naipasa ang flat tax bill upang iligtas ang Ni'ihau mula sa ilang daang libong buwis. Ang aking karanasan at kakayahang makipagtulungan sa iba ay nagbibigay-daan sa aking na magtagumpay. Buong pagpapakumbaba kong hinihiling na iboto ninyo ako.

PANGALAN NG BALOTA:
KAIMINAAUAO, Keola
LEGAL NA PANGALAN:
Keolalani Kapahulehua Kaiminaauao

Miyembro ng konseho ng County ng Kauai
keola4council.com
keolakk04@yahoo.com
(808) 635-8758

Walang Isinumiteng Pahayag

PANGALAN NG BALOTA:
HOLLAND, Fern Anuenue
LEGAL NA PANGALAN:
Fern Anuenue Holland

Miyembro ng konseho ng County ng Kauai
votefern.com
votefern@gmail.com
(808) 634-6242

Tumatakbo ako para sa County Council upang protektahan ang tahanan ng ating isla, ang ating lupain, tubig, at mga tao, habang bumubuo ng isang mas matatag na kinabukasan. Sa aking unang termino, tumugon ako sa mga alalahanin ng komunidad at nagsikap na tugunan ang mga isyung ibinangon. Higit pa sa mga panukalang batas at resolusyon, nakatuon ako sa pagsusulong ng mga solusyon sa mga pangunahing hamon, mula sa solidong basura at wastewater hanggang sa ating mga parke, pagsuporta sa ating mga koponan at komunidad, pagpapalakas ng kapasidad, at pagharap sa mga isyu tulad ng CRB, mga alalahanin sa pagpapahintulot, pagbabawas ng paggamit ng pestisidyo, pagsuporta sa lokal na agrikultura at maliliit na negosyo, at pagpapabuti kung paano natin pinamamahalaan ang turismo. Taglay ang aking karanasan sa agham pangkapaligiran at mga taon ng pagtataguyod, dala ko ang parehong teknikal na pag-unawa at pamumunong nakatuon sa komunidad. Ang aking pokus ay ang pamumuhunan sa imprastraktura na magpoprotekta sa ating kinabukasan at pagpapalago ng isang County na magpapanatili sa mga pamilya rito. Naniniwala ako sa malinaw na pamahalaan, pakikinig sa ating mga komunidad, at paggawa ng mga solusyon sa pamamagitan ng aksyon. Sa susunod na termino, sisikapin kong maghatid ng masusukat na pag-unlad para sa Kaua'i.

PANGALAN NG BALOTA:
KANESHIRO, Arryl J.
LEGAL NA PANGALAN:
Arryl J. Kaneshiro

Miyembro ng konseho ng County ng Kauai
www.votekaneshiro.com
arrylkaneshiro@gmail.com
(808) 652-5216

Tumatakbo ako para sa Konseho ng County ng Kauai dahil may malasakit ako sa Kauai at may malasakit ako sa hinaharap nito. Taglay ko ang kahusayan sa negosyo at accounting, sampung taong karanasan sa konseho, apat na taon bilang Chair ng Council, ang aking dedikasyon sa paglilingkod sa komunidad, at ang mga pagpapahalaga at prinsipyong itinanim sa akin ng aking pamilya, mga guro, coach, at komunidad. Bilang laki ako rito, naniniwala akong kaya kong mahusay na katawanin ang mga mamamayan mKauai at Niihau dahil ako ay isang karaniwan, pang-araw-araw na residente ng Kauai na nagsusumikap at gustong pahusayin ang buhay para sa aking sarili at sa aking pamilya. Ipagpapakumbaba at ikararangal ko ang inyong boto sa darating na halalan.

PANGALAN NG BALOTA:
MARTIN, Umi
LEGAL NA PANGALAN:
Kalaniumi H. Martin

Miyembro ng konseho ng County ng Kauai
umi4council.com
umi4council@gmail.com
(808) 652-0082

Tumatakbo ako para sa Konseho ng Kauai County dahil mahal ko ang Kauai at nais kong matiyak na ang ating isla ay mananatiling isang lugar kung saan maaaring manirahan, magtrabaho, at umunlad ang mga lokal na pamilya. Ipinanganak at lumaki sa Westside ng Kauai, nagmula ako sa isang pamilyang manggagawa at nauunawaan ko ang mga hamong kinakaharap ng ating komunidad, kabilang ang abot-kayang pabahay, mga oportunidad sa trabaho, at ang mataas na gastusin sa pamumuhay. Nagtrabaho ako bilang isang substitute teacher, nag-coach ng canoe paddling sa high school, nagsaka, at nagtayo ng maliit na lokal na negosyo kasama ang aking asawa. Ang mga karanasang ito ay nagbigay sa akin ng malawak na pag-unawa sa Kauai mula sa mga pananaw ng mga manggagawa, pamilya, guro, magsasaka, at may-ari ng maliliit na negosyo. Nagsilbi rin ako sa mga lupon na may kaugnayan sa agrikultura sa antas ng county, estado, at pederal, kung saan natutunan ko ang kahalagahan ng pakikipagtulungan at maingat na paggawa ng desisyon. Nakatuon ako sa pakikinig sa komunidad at pagsisikap para sa mga praktikal na solusyon na susuporta sa mga mamamayan at kinabukasan ng Kauai.

PANGALAN NG BALOTA:
MATTOS, John H. (Scooby)
LEGAL NA PANGALAN:
John H. Mattos

Miyembro ng konseho ng County ng Kauai
westsidefishandfeed@gmail.com
(808) 346-2700

ISINILANG AT LUMAKI SA WEST KAUAI, AT KASALUKUYANG NANINIRAHAN DITO. KATOLIKO, ASAWA, AMA NG 5 ANAK NA NASA HUSTONG GULANG. NAGLINGKOD SA U.S. NAVY PAGKATAPOS NG WAIMEA HIGH SCHOOL, MARANGAL NA NA-DISCHARGE NOONG 95, NAGTRABAHO SA KAUA'I COFFEE NANG HUMIGIT-KUMULANG 3 TAON, NAGLINGKOD BILANG BUMBERO AT EMT SA PMRF FIRE DEPARTMENT SA LOOB NG HUMIGIT-KUMULANG 18 TAON, AT 21 TAON NANG NAGTATRABAHO SA KIUC POWER PLANT MULA 2005 HANGGANG SA KASALUKUYAN. AKTIBO AKO SA AKING KOMUNIDAD AT POSITIBO AKONG MAKATUTULONG SA KAUA'I COUNCIL PARA SA IKABUBUTI NG KAUA'I. KUNG MAHAHALAL BILANG MIYEMBRO NG KONSEHO, IBIBIGAY KO SA KOMUNIDAD NG KAUAI ANG KALAHATI NG AKING SUWELDO TUWING ARAW NG SAHOD SA MGA NON-PROFIT, MGA SIMBAHAN, ATBP. HINDI KO ITO GINAGAWA PARA SA PERA, KASIKATAN, O PARA MAGING CAREER POLITICIAN. NABABAHALA AKO SA DIREKSYON NA TINATAHAK NG KAUA'I !!

PANGALAN NG BALOTA:
OZAKI, Todd R.
LEGAL NA PANGALAN:
Todd R. Ozaki

Miyembro ng konseho ng County ng Kauai
toddozaki.com
toddozaki@gmail.com
(808) 647-1292

Tumatakbo ako para sa Konseho ng County dahil tahanan ko ang Kaua'i. Ako ay ika-4 na henerasyong ipinanganak at lumaki sa Kaua'i, at dito ko na rin binuo ang aking pamilya. Ang mga desisyon ng konseho ay nakakaapekto sa bawat pamilya, kabilang ang sarili kong pamilya. Naniniwala ako na kailangan nating gawin nang maayos ang mga pangunahing bagay: kalusugan at kaligtasan, imprastraktura, pabahay, responsableng pananalapi, transparency, pagtupad sa mga pangako, at magalang na talakayang pampubliko. Nagtrabaho ako sa pribadong sektor, kasalukuyang naglilingkod sa pamahalaan ng County, may-ari ng isang maliit na negosyo, at nagmula sa isang pamilyang matagal nang naglilingkod sa komunidad sa loob ng maraming henerasyon. Sa pamamagitan ng Capital Improvements Program ng County, nakatulong ako sa pagpapausad ng mahahalagang proyekto na nagpapabuti sa pang-araw-araw na buhay. Hindi ko ipinapangakong nasa akin ang lahat ng sagot, pero nangangako akong magiging praktikal na lider, gagawa ng matatalinong desisyon, at palaging uunahin ang mga pamilya sa ating gagawin. Malalim ang aking ugnayan sa ating komunidad, handa akong maglingkod, at hinihiling ko ang pagkakataong magawa ito.

PANGALAN NG BALOTA:
RAPOZO, Cheree
LEGAL NA PANGALAN:
Cheree A. Rapozo

Miyembro ng konseho ng County ng Kauai
cheree4kauai@gmail.com
(808) 651-1803

Aloha, ako si Cheree Rapozo. Ipinanganak at lumaki sa Kaua'i, ako ay isang panghabambuhay na residente, may-ari ng negosyo, at propesyonal sa real estate. Nagsimula akong magtrabaho sa murang edad sa mga summer program ng Estado at County, at nagkaroon ng karanasan sa mga operasyon sa opisina at mga programa para sa kabataan. Sa paglipas ng mga taon, nagtrabaho ako sa escrow at title, konstruksyon, kalaunan bilang legal secretary sa Prosecutor's Office, at ginugol ang halos lahat ng aking karera sa industriya ng mga bisita. Ang karanasang ito ay nagbibigay sa akin ng malalim na pag-unawa sa ating komunidad. Gustung-gusto ko ang pamumuhay sa aming isla at nasisiyahan ako sa hiking, pagbibisikleta, pagsagwan sa canoe, pagsakay sa kabayo, pangangaso, paglalaro ng golf, at pagiging isang proud na lola. Tumatakbo ako para sa County Council upang magdala ng isang malakas na tinig, mas malawak na transparency, at mga tunay na solusyon. Mula sa mga parke, kalsada, imprastraktura, solid waste, at mga sistema ng wastewater, ang mga isyung ito ay nangangailangan ng aksyon. Hindi natin dapat balewalain ang kakulangan sa pabahay para sa ating lokal na manggagawa. Mahalo (Salamat) sa inyong konsiderasyon.

PANGALAN NG BALOTA:

SHIGEMOTO, Taylor H.

LEGAL NA PANGALAN:

Taylor H. Shigemoto

Miyembro ng konseho ng County ng Kauai

taylorshigemoto@gmail.com
(808) 346-6998

Ang pangalan ko ay Taylor H. Shigemoto. Nagdesisyon akong pumasok sa larangan ng serbisyo publiko at tumakbo para sa puwesto sa Kauai County Council dahil sa aking malalim na interes at pagmamahal para sa mga residente ng Kauai at Niihau. Ako ay ipinanganak at lumaki sa Garden Island at habangbuhay kong tatawaging tahanan ang Kauai. Tunay akong naniniwala na tayong mga Kauaian at Ni'ihauan ay mapalad at may pribilehiyong manirahan sa isa sa pinakamaganda at natatanging lugar sa mundo. Gayunpaman, napagtanto ko na upang protektahan at pangalagaan ang maganda at komportableng pamumuhay na ito, dapat magtulungan tayong lahat upang mapanatili at ipagpatuloy ang pinakamahalaga sa ating pang-araw-araw na buhay! Ang tunay kong inaasam na maisakatuparan, kung mahahalal, ay gamitin ang aking lakas sa pagbuo ng pangkat at paniniwala sa serbisyo sa customer upang hikayatin ang mga miyembro na magtulungan at gumawa ng mga desisyon para sa kapakinabangan ng lahat ng residente ng Kauai.

PANGALAN NG BALOTA:

SMITH, Dane

LEGAL NA PANGALAN:

Dane J. Smith

Miyembro ng konseho ng County ng Kauai

danesmithforkauai@gmail.com
(808) 635-9401

Bilang ipinanganak at lumaki sa Kaua'i, ipinagmamalaki ko na nagtapos ako sa Kapa'a High School at kamakailang nagretiro matapos ang 25 taon bilang Fire Captain sa Kaua'i Fire Department. Sa buong karera ko, nakatuon ako sa paglilingkod sa isla at pagtulong sa komunidad sa mga panahong pinaka-kailangan ito. Ngayon, ipinagpapatuloy ko ang serbisyong ito sa pamamagitan ng pagsisikap para sa abot-kayang pabahay, na tumutulong sa mga lokal na pamilya na makahanap ng tahanan. Tumatakbo ako para sa County Council para suklian ang islang humubog sa akin. Nauunawaan ko ang mga problema ng Kaua'i—lalo na sa pabahay at mataas na gastusin sa pamumuhay—at naniniwala ako sa mga praktikal at makatwirang solusyon na inuuna ang ating komunidad. Mayroon akong maraming taon ng karanasan, matibay na pamumuno, at malalim na paninindigan sa integridad sa serbisyo publiko. Magsisikap ako nang husto upang mapanatili ang Kaua'ia bilang isang lugar kung saan ang mga pamilya ay maaaring makapamuhay, makapagtrabaho, at umunlad.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

PANGALAN NG BALOTA:

GREGORY, Tara Malia

LEGAL NA PANGALAN:

Tara Malia Gregory

Miyembro ng konseho ng Lungsod at County ng Honolulu Distrito IV

taramalia.com
info@taramalia.com
(808) 347-9654

Nagmula ako sa pamilyang Kanaka na matagal nang bahagi ng distritong ito sa loob ng maraming henerasyon. Dito ipinanganak at lumaki ang aking mga magulang, at ako ay nanirahan sa iba't ibang lugar mula Waikīkī hanggang Maunalua (Hawai'i Kai). Mula noong panahon ko sa Vanderbilt University, aktibo akong nakikilahok sa civic leadership, pagbibigay ng pampublikong testimonya, at pagsusulong ng responsableng batas. Ang abot-kayang pabahay at gastusin sa pamumuhay ay nananatiling malalaking problema na nangangailangan ng agarang solusyon. Sinusuportahan ko ang mga balanseng solusyon sa pabahay na inuuna ang pangmatagalang opsyon para sa mga pangunahing manggagawa at lokal na pamilya, habang pinapanatili ang katangian ng komunidad at pinalalawak ang mga oportunidad para sa ating lokal na manggagawa. Ang mahigpit na pananagutan sa pananalapi ay dapat gumabay sa bawat desisyon upang matiyak ang responsableng pangangasiwa at nasusukat na resulta para sa mga residente. Pinatibay ng aking karanasan sa mga pampublikong pagdinig ang aking paniniwala na ang responsableng pamamahala at patas na halalan ay mahalaga upang mapanatili ang tiwala ng publiko. Ang mga lider ay dapat kumilos bilang tunay na lingkod ng bayan. Handa akong maglingkod nang may integridad at transparency.

PANGALAN NG BALOTA:

OZAWA, Trevor

LEGAL NA PANGALAN:

Trevor R. Ozawa

Miyembro ng konseho ng Lungsod at County ng Honolulu Distrito IV

voteozawa@gmail.com
(808) 224-4459

Ako ay isang abugado, asawa, ama, at dating Miyembro ng Konsehal ng Lungsod ng Honolulu para sa Distrito 4. Nagsimula ang aking serbisyo publiko 16 na taon na ang nakalilipas sa Honolulu Hale bilang isang kawani ng Konseho, kung saan ko mismong natutuhan kung paano mapapabuti ng pamahalaang lungsod ang pang-araw-araw na buhay ng mga tao. Kalaunan ay nagkaroon ako ng pribilehiyong maglingkod sa Konseho ng Lungsod sa East Honolulu. Matapos magbitiw sa halal na posisyon, nagtuon ako sa pagpapalaki ng aking pamilya, pagpapaunlad ng aking pagsasanay sa abugasya, at patuloy na paglilingkod sa komunidad sa iba't ibang paraan. Tumatakbo akong muli nang may panibagong enerhiya, mas malawak na karanasan, at malalim na dedikasyon sa pakikinig, pakikipag-usap nang malinaw, at pagtupad sa mga pangako. Naniniwala akong ang Distrito 4 ay nararapat sa praktikal na pamumuno na nakatuon sa mas ligtas na mga parke, mas matalinong pabahay, mas matibay na mga kapitbahayan, pagsuporta sa maliliit na negosyo, at pagpapahusay ng gawain ng gobyerno para sa mga lokal na pamilya.

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

Miyembro ng konseho ng Lungsod at County ng Honolulu District VI

PANGALAN NG BALOTA:
DOS SANTOS-TAM, Tyler
LEGAL NA PANGALAN:
Tyler F. Dos Santos-Tam

Miyembro ng konseho ng Lungsod at County ng Honolulu District VI
www.votetyler.com
tyler@votetyler.com
(808) 348-8885

Isang karangalan ang makapaglingkod sa inyo sa Distrito 6. Hinihiling ko ang inyong suporta para sa isa pang termino dahil nararapat tayo sa isang lungsod kung saan ang mga lokal na pamilya ay kayang manatili at umunlad. Malinaw ang aking pokus: gawing isang lungdos ang Honolulu kung saan abot-kaya ang pabahay, umuunlad ang ating maliliit na negosyo, at ligtas at madaling ma-access ang ating mga pampublikong lugar. Naniniwala ako sa patakarang naghahatid ng mga resulta, hindi lang puro salita. Simula nang maupo ako sa pwesto, nilabanan ko na ang pagtaas ng pamasahe sa bus at sewer para lang makatipid. Inuna ko ang lokal na pabahay sa pamamagitan ng paglikha ng makabagong paraan ng pagpopondo para sa mga abot-kayang apartment dito sa lungsod, at naglunsad ng mga bagong grant program upang matulungang lumago ang ating maliliit na negosyo. Mula sa pagtatatag ng Downtown Business Improvement District hanggang sa pamumuno sa pagtugon sa krisis sa opioid, tinutugunan ko ang mga isyung pinakamahalaga sa ating mga pamilya. Sa inyong boto, patuloy kong gagawing isang "Lungsod na Gumagana Para sa Iyo" ang Honolulu!

Walang Isinumiteng Larawan.

PANGALAN NG BALOTA:
MORIHARA, Corey
LEGAL NA PANGALAN:
Corey S. Morihara

Miyembro ng konseho ng Lungsod at County ng Honolulu District VI
corey.morihara@gmail.com
(808) 494-0284

Praktikal na pamamaraan sa paglutas ng mga problema gamit ang sentido komun

HAWAII VOTES

HAWAII VOTES

ANG MGA PAHAYAG NA ITO AY IPINAGKALOOB NG ESTADO NG HAWAII, KAGAWARAN NG PANGKALAHATANG ABOGADO

TANONG #1: Pagpapahaba ng Takdang Panahon para sa Senado ng Hawaii upang Isaalang-alang at Kumilos sa mga Hudisyal na Paghirang.

TANONG

Dapat bang amyendahan ang Konstitusyon ng Estado ng Hawaii upang mabigyan ang Senado ng mas maraming oras upang isaalang-alang at kumilos sa mga paghirang ng mga mahistrado at hukom, sa pamamagitan ng pagpapataas ng takdang panahon mula tatlumpung araw patungong animnapung araw para sa mga paghirang na ginawa sa pagitan ng Abril 1 at Disyembre 31 kapag ang senado ay wala sa regular na sesyon o malapit nang mag-adjourn ng regular na sesyon?

PALIWANAG

Ang iminungkahing pag-amyenda ay magbabago sa artikulo VI, seksyon 3, ng Konstitusyon ng Estado ng Hawaii upang pahabain mula tatlumpung araw hanggang animnapung araw ang takdang panahon para sa pagsasaalang-alang ng Senado sa isang hudisyal na paghirang kung ang paghirang ay ginawa sa pagitan ng Abril 1 at Disyembre 31, na karaniwang kapag ang Lehislatura ay malapit nang magtapos ng isang regular na sesyon o wala sa regular na sesyon.

Sa kasalukuyan, ang proseso ng kumpirmasyon ng Senado para sa mga mahistrado at hukom ng Korte Suprema ng Hawaii, Intermediate Court of Appeals, at Circuit Courts ay nagtatadhana na ang Gobernador ay dapat magtalaga sa loob ng tatlumpung araw mula sa pagtanggap ng listahan ng mga nominado mula sa Komisyon ng Hudisyal na Pagpili. Ang Senado ay kinakailangang pumayag o tumanggi sa paghirang ng Gobernador sa loob ng tatlumpung araw o maituturing na pumayag sa paghirang.

Dahil ang Lehislatura ng Estado ng Hawaii ay isang part-time na lehislatura at nagpupulong lamang sa regular na sesyon sa bahagi ng taon, maaaring kailanganing magpulong ang Senado sa isang espesyal na sesyon para lamang sa layuning kumilos sa isang hudisyal na paghirang. Ang layunin ng pag-amyenda ay upang pahintulutan ang higit na kakayahang umangkop sa pag-iiskedyul ng mga espesyal na sesyon at sa gayon ay limitahan ang bilang ng mga espesyal na sesyon na maaaring kailanganin upang isaalang-alang ang mga hudisyal na paghirang.

KAHULUGAN NG BOTONG “OO”

Ang botong "oo" ay aabot mula tatlumpung araw hanggang animnapung araw, ang panahong ibinigay sa Senado upang isaalang-alang ang mga hudisyal na paghirang na ginawa sa pagitan ng Abril 1 at Disyembre 31.

KAHULUGAN NG BOTONG “HINDI”

Ang botong "hindi" ay hindi magbabago sa Konstitusyon ng Estado ng Hawaii at mag-iiwan ng kinakailangan na isaalang-alang ng Senado ang isang hudisyal na paghirang sa loob ng tatlumpung araw o ituring na pumayag sa paghirang.

KAHULUGAN NG BLANGKONG BOTO O SOBRANG BOTO

Ang isang “blangkong” boto ay hindi ibinibilang bilang isang botong “oo” o botong “hindi” sa tanong. Sa halip ang isang “blangkong” boto ay ibinibilang lamang para sa kabuuang bilang ng mga ipinatalang boto. Tulad nito, ang isang “sobrang” boto ay hindi ibinibilang bilang isang botong “oo” o botong “hindi” sa nasabing tanong. Sa halip ang isang “sobrang” boto ay ibinibilang lamang para sa kabuuang bilang ng mga ipinatalang boto.

Upang ang isang iminumungkahing pag-amyenda sa Konstitusyon ng Estado ng Hawaii ay maratipika, ito ay dapat aprubahan ng isang mayorya ng lahat ng botong binilang para sa nasabing tanong (iyon ay, tanging “oo” at “hindi” na mga boto). Bukod pa rito, ang mayoryang ito ay dapat bumubuo ng hindi bababa sa limampung porsyento ng kabuuang boto na inihain sa halalan (ibig sabihin, "oo," "hindi," "blangko," at "sobrang boto").

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing amyenda na ito, pumunta sa **elections.hawaii.gov** o tumawag sa (808) 453-8683.

ANG MGA PAHAYAG NA ITO AY IPINAGKALOOB NG ESTADO NG HAWAII, KAGAWARAN NG PANGKALAHATANG ABOGADO

TANONG #2: Nag-uutos sa Lehislatura ng Estado ng Hawaii na Magtatag ng mga Pamamaraan para sa mga County sa Pag-isyu ng mga RISE Bond, na Hindi Saklaw ng mga Limitasyon sa Utang ng County.

TANONG

Dapat bang amyendahan ang Konstitusyon ng Estado ng Hawaii upang idirekta ang lehislatura na pahintulutan ang mga kondado na mag-isyu ng matatag na imprastraktura para sa mga tirahan at equity bond (resilient infrastructure for shelter and equity bond) upang pondohan ang mga pampublikong pagpapabuti sa mga itinalagang distrito, na babayaran lamang ng paglago sa hinaharap sa mga kita sa real property sa loob ng mga distritong iyon, hindi sa pamamagitan ng pagtaas ng mga rate ng buwis sa real property, kung saan ang mga naturang bond ay hindi kasama sa limitasyon ng utang ng mga kondado at napapailalim sa mga kinakailangan sa pananagutan at pangangasiwa na maaaring itakda ng batas?

PALIWANAG

Ang Artikulo VII, seksyon 12, ng Konstitusyon ng Estado ng Hawaii ay nag-uutos sa Lehislatura ng Estado ng Hawaii na pahintulutan ang mga county na mag-isyu ng ilang uri ng mga bond. Ang pag-amyenda na ito sa Artikulo VII, seksyon 12, ng Konstitusyon ay lilikha ng isang bagong uri ng bond na tinatawag na matatag na imprastraktura para sa mga tirahan at equity bond (resilient infrastructure for shelter and equity, RISE) bond at mag-uutos sa Lehislatura ng Estado ng Hawaii na magtatag ng mga batas na magpapahintulot sa mga kondado na mag-isyu ng mga RISE bond.

Hindi isinasama ng Artikulo VII, seksyon 13, ng Konstitusyon ng Estado ng Hawaii ang ilang uri ng bond sa pinakamataas na halaga ng utang na pinapayagang i-isyu ng isang kondado. Ang pag-amyendang ito sa Artikulo VII, seksyon 13, ng Konstitusyon ng Estado ng Hawaii ay magdaragdag ng mga RISE bond sa listahan ng mga bond na hindi kasama kapag kinakalkula ang pinakamataas na antas ng utang ng isang kondado, na gagawing hindi saklaw ang mga RISE bond mula sa mga limitasyon sa utang ng mga county.

Ang mga RISE bond ay isang uri ng financing na babayaran lamang mula sa unti-unting pagtaas ng kita sa buwis sa real property na natatanggap ng isang kondado mula sa mga itinalagang distrito na resulta ng natural na paglago ng mga halaga ng real property sa mga distritong iyon.

Hindi pinahihintulutan ng iminungkahing pag-amyenda ang paglikha ng isang bagong buwis ni hindi nito pinapataas ang mga rate ng buwis sa ari-arian.

KAHULUGAN NG BOTONG "OO"

Ang botong "oo" ay mag-aatas sa Lehislatura na magtatag ng mga batas na nagpapahintulot sa mga kondado na mag-isyu ng mga RISE Bond, na hindi isasama sa mga limitasyon sa utang ng county, at magpapahintulot lamang sa kanilang pagbabayad mula sa paglago ng buwis sa real property sa hinaharap sa mga lugar na tinutulungan nilang paunlarin.

KAHULUGAN NG BOTONG "HINDI"

Ang botong "hindi" ay hindi magbabago sa Konstitusyon ng Estado ng Hawaii, na kasalukuyang hindi nagpapahintulot sa pag-isyu ng mga RISE Bond.

KAHULUGAN NG BLANGKONG BOTO O SOBRANG BOTO

Ang isang "blangkong" boto ay hindi ibinibilang bilang isang botong "oo" o botong "hindi" sa tanong. Sa halip ang isang "blangkong" boto ay ibinibilang lamang para sa kabuuang bilang ng mga ipinatalang boto. Tulad nito, ang isang "sobrang" boto ay hindi ibinibilang bilang isang botong "oo" o botong "hindi" sa nasabing tanong. Sa halip ang isang "sobrang" boto ay ibinibilang lamang para sa kabuuang bilang ng mga ipinatalang boto.

Upang ang isang iminumungkahing pag-amyenda sa Konstitusyon ng Estado ng Hawaii ay maratipika, ito ay dapat aprubahan ng isang mayorya ng lahat ng botong binilang para sa nasabing tanong (iyon ay, tanging "oo" at "hindi" na mga boto). Bukod pa rito, ang mayoryang ito ay dapat bumubuo ng hindi bababa sa limampung porsyento ng kabuuang boto na inihain sa halalan (ibig sabihin, "oo," "hindi," "blangko," at "sobrang boto").

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing amyenda na ito, pumunta sa **elections.hawaii.gov** o tumawag sa (808) 453-8683.

ANG PAHAYAG NA ITO AY IBINIGAY NG COUNTY NG HAWAII, KAGAWARAN NG KORPORASYON, AT TAGAPAYO

#1: Hawai'i: Awtoridad ng County Auditor na Mag-empleyo

TANONG

Dapat bang amyendahan ang Hawai'i County Charter upang pahintulutan ang County Auditor na kumuha ng isang kinatawan at gamitin ang parehong kapangyarihan, kaugnay ng mga empleyado sa loob ng opisina ng Auditor, gaya ng mga pinuno ng departamento sa sangay ng executive?

PALIWANAG

Ang Tanggapan ng County Auditor ay walang posisyon bilang kinatawan. Ang panukalang ito ay nagpapahintulot sa County Auditor na kumuha ng kinatawan at gamitin ang parehong kapangyarihan, kaugnay ng mga empleyado sa loob ng opisina ng Auditor, gaya ng mga pinuno ng departamento sa sangay ng executive. Kung maaprubahan, ang Deputy County Auditor ay magkakaroon ng awtoridad na kumilos sakaling ang County Auditor ay hindi available at magsagawa ng iba pang mga tungkulin ayon sa itinagubilin ng County Auditor.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing amyenda na ito, pumunta sa **www.hawaiicounty.gov/mga susog sa karta** o tumawag sa (808) 961-8255.

ANG MGA PAHAYAG NA ITO AY IPINAGKALOOB NG COUNTY NG MAUI, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #1: Pagsusuri ng Komisyon sa Pagpaplano ng mga Ordinansa sa Pangkalahatang Plano at Paggamit ng Lupa

TANONG

Dapat bang amyendahan ang Charter, na magkakabisa sa Enero 2, 2027, upang magbigay ng kalinawan at pagkakapare-pareho sa mga deadline ng pagrepaso ng komisyon sa pagpaplano ng mga rebisyon sa pangkalahatang plano, mga ordinansa sa zoning, at iba pang mga ordinansa sa paggamit ng lupa na iminungkahi ng konseho, at pagpapadala ng mga kaugnay na natuklasan at rekomendasyon sa konseho?

PALIWANAG

Sa kasalukuyan, ang Binagong Charter ng Kondado ng Maui ay nagtatakda ng mga deadline para sa isang komisyon sa pagpaplano upang maipadala ang mga natuklasan at rekomendasyon nito sa mga iminungkahing ordinansa sa paggamit ng lupa at mga rebisyon sa Pangkalahatang Plano sa Konseho ng Kondado na naiiba sa kung kailan maaaring gumawa ng aksyon ang Konseho sa mga bagay na iyon kung ang isang komisyon sa pagpaplano ay hindi maipadala ang mga natuklasan at rekomendasyon nito. Halimbawa, hinihiling ng seksyon 8-8.4 ng Charter sa isang komisyon sa pagpaplano na ipadala ang mga natuklasan at rekomendasyon nito sa mga rebisyon sa Pangkalahatang Plano sa Konseho sa loob ng 180 araw mula sa huling pampublikong pagdinig sa mga rebisyon, at ipadala ang mga natuklasan at rekomendasyon sa mga ordinansa sa paggamit ng lupa sa loob ng 120 araw mula sa huling pampublikong pagdinig sa ordinansa. Gayunpaman, sa ilalim ng Seksyon 8-8.6, maaaring aprubahan ng Konseho ang mga rebisyon sa Pangkalahatang Plano at mga ordinansa sa paggamit ng lupa kung ang isang komisyon sa pagpaplano ay hindi makapagpadala ng mga natuklasan at rekomendasyon nito sa loob ng 120 araw mula sa oras na maipadala ng Konseho ang mga bagay na iyon sa isang komisyon sa pagpaplano para sa pagsasaalang-alang. Aayusin ng pag-amyenda na ito ang mga takdang panahon para sa aksyon ng Konseho sa mga ordinansa sa paggamit ng lupa at mga rebisyon sa Pangkalahatang Plano upang maging naaayon sa mga deadline para sa pagsusuri ng isang komisyon sa pagpaplano. Nangangahulugan ito na maaaring kumilos ang Konseho sa mga rebisyon sa Pangkalahatang Plano kung ang isang komisyon sa pagpaplano ay mabigong maipasa ang mga natuklasan at rekomendasyon nito pagkatapos ng 180 araw kasunod ng pangwakas na pampublikong pagdinig sa rebisyon. Gayundin, maaaring kumilos ang Konseho sa mga ordinansa sa paggamit ng lupa kung ang isang komisyon sa pagpaplano ay mabigong maipasa ang mga natuklasan at rekomendasyon nito pagkatapos ng 120 araw kasunod ng pangwakas na pampublikong pagdinig sa ordinansa. Panghuli, ang pag-amyendang ito ay mangangailangan sa direktor ng pagpaplano na mag-iskedyul ng isang pampublikong pagdinig para sa anumang mga pagbabagong sinimulan ng Konseho sa pangkalahatang plano o ordinansa sa paggamit ng lupa sa loob ng 60 araw mula sa pagpapadala sa Kagawaran ng Pagpaplano sa pamamagitan ng resolusyon.

KAHULUGAN NG BOTONG "OO"

Ang botong "oo" ay nangangahulugan na ang deadline ng pagpapadala ng mga natuklasan at rekomendasyon sa mga ordinansa at rebisyon sa paggamit ng lupa sa Pangkalahatang Plano ay magiging naaayon sa kung kailan maaaring pagtibayin ng Konseho ang mga ordinansa at rebisyong iyon kung walang mga natuklasan at rekomendasyong maipapadala. Magtatakda rin ito ng deadline para sa Direktor ng Pagpaplano upang mag-iskedyul ng mga pampublikong pagpupulong tungkol sa mga iminungkahing ordinansa sa paggamit ng lupa at mga rebisyon sa Pangkalahatang Plano.

KAHULUGAN NG BOTONG "HINDI"

Ang botong "hindi" ay nangangahulugan na ang kasalukuyang mga deadline para sa pagsusuri ng komisyon sa pagpaplano at mga yugto ng panahon para sa aksyon ng Konseho ay mananatiling hindi magbabago.

KAHULUGAN NG BLANGKONG BOTO O SOBRANG BOTO

Ang botong "blangko" o botong "sobra" ay hindi binibilang bilang botong "oo" o "hindi" at binibilang lamang sa kabuuang bilang ng mga boto.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing amyenda na ito, pumunta sa **mauicountyvotes.gov**.

ANG MGA PAHAYAG NA ITO AY IPINAGKALOOB NG COUNTY NG MAUI, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #2: Pagpapatupad ng magkakaparehong deadline para sa mga inisyatiba ng botante, recall, at pag-amyenda sa charter

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Charter, na magkakabisa sa Enero 1, 2027, upang gawing pamantayan ang mga deadline na may kaugnayan sa pagproseso ng klerk ng mga petisyon na may kaugnayan sa inisyatibo ng botante, pagpapabalik sa mga halal na opisyal o miyembro ng lupon o komisyon, at mga pag-amyenda sa charter?

PALIWANAG
Sa ilalim ng Binagong Charter ng Maui, mayroong tatlong uri ng petisyon upang mailagay ang isang panukala sa balota para sa pagsasaalang-alang ng mga botante sa panahon ng halalan. Kabilang dito ang mga petisyon upang amyendahan ang Maui County Code (tinutukoy din bilang isang "inisyatibo ng botante") sa ilalim ng Artikulo 11, mga petisyon upang tanggalin sa pwesto ang mga halal na opisyal o miyembro ng lupon at komisyon sa ilalim ng Artikulo 12, at mga petisyon upang amyendahan ang Charter sa ilalim ng Artikulo 14. Para sa lahat ng tatlong uri ng petisyon, ang Klerk ng Kondado ang may pananagutan sa pagsusuri sa kasapatan ng petisyon, kabilang ang kung mayroong sapat na bilang ng mga balidong lagda ng botante. Sa kasalukuyan, ang Charter ay nagtatatag ng iba't ibang mga deadline para sa pagsusuri ng unang petisyon at mga karagdagang petisyon, kung mayroon man, para sa lahat ng tatlong uri ng petisyon. Para sa mga inisyatibo ng botante, ang Tanggapan ng Kalihim ng Kondado ay may 45 araw upang repasuhin ang petisyon, at 20 araw upang repasuhin ang isang karagdagang petisyon. Para sa mga petisyon upang mabawi ang isang halal na opisyal o miyembro ng lupon o komisyon, ang Tanggapan ng Klerk ng Kondado ay may 20 araw para repasuhin ang petisyon at 10 araw upang repasuhin ang isang karagdagang petisyon. Para sa mga pag-amyenda sa Charter, ang Tanggapan ng klerk ng Kondado ay may 15 araw upang repasuhin ang petisyon at walang probisyon para sa mga karagdagang petisyon. Gagawing pamantayan ng pag-amyenda na ito ang panahon ng pagsusuri para sa lahat ng tatlong uri ng petisyon sa 45 araw. Dadagdagan din ng pag-amyenda ang panahon ng pagsusuri para sa mga karagdagang petisyon para sa mga inisyatibo ng botante at pagpapabalik sa isang halal na opisyal o miyembro ng lupon o komisyon sa 30 araw.

KAHULUGAN NG BOTONG "OO"
Ang botong "oo" ay nangangahulugan na ang mga deadline ng Klerk ng Kondado para sa pagrepaso ng mga unang petisyon para sa mga inisyatibo ng botante, pagpapabalik sa mga halal na opisyal o miyembro ng board o komisyon, at mga susog sa charter ay isasailalim sa pamantayan sa 45 araw, at ang deadline para sa pagrepaso ng mga karagdagang petisyon para sa mga inisyatibo ng botante at pagpapabalik sa mga halal na opisyal o miyembro ng board o komisyon ay idadagdag sa 30 araw.

KAHULUGAN NG BOTONG "HINDI"
Ang botong "hindi" ay nangangahulugan na ang mga umiiral na deadline para sa pagrepaso ng mga petisyon para sa mga inisyatibo ng botante, pagpapabalik sa mga halal na opisyal o miyembro ng lupon o komisyon, at mga pag-mayenda sa charter ay mananatiling hindi magbabago.

KAHULUGAN NG BLANGKONG BOTO O SOBRANG BOTO
Ang botong "blangko" o botong "sobra" ay hindi binibilang bilang botong "oo" o "hindi" at binibilang lamang sa kabuuang bilang ng mga boto.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing amyenda na ito, pumunta sa **mauicountyvotes.gov**.

ANG MGA PAHAYAG NA ITO AY IPINAGKALOOB NG COUNTY NG MAUI, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #3: PAGKUKUENTA NG ORAS

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Charter, epektibo sa Enero 1, 2027, upang magtatag ng pormula para sa pagkalkula ng mga deadline ng Charter na hindi kasama ang mga katapusan ng linggo at mga holiday?

PALIWANAG
Ang Binagong Charter ng County ng Maui ay nagtatakda ng iba't ibang mga deadline at yugto ng panahon kung kailan dapat gawin ang mga aksyon. Paminsan-minsan, ang mga deadline na iyon o ang katapusan ng mga panahong iyon ay natatapat sa mga araw na hindi bukas ang Kondado para sa negosyo, tulad ng mga Sabado, Linggo, at mga holiday. Ang pag-amyenda na ito ay magpapatupad ng isang pormula para sa pagtukoy ng mga deadline at mga tagal ng panahon sa Charter na hindi kasama ang unang araw at kasama ang huling araw, maliban kung ang huling araw ay tumapat sa Sabado, Linggo, o holiday, kung saan ang deadline o tagal ng panahon ay palalawigin hanggang 4:30 ng hapon sa susunod na araw ng negosyo. Gagamitin ang pormulang ito upang matukoy ang lahat ng mga deadline at tagal ng panahon sa Charter maliban sa mga naglalaman ng isang partikular na petsa, o sa mga nauugnay sa pag-veto at pag-override ng mga beto sa batas.

KAHULUGAN NG BOTONG "OO"
Ang botong "oo" ay nangangahulugan na, maliban kung ang Charter ay tumutukoy sa isang petsa, o ang probisyon ng Charter ay tungkol sa pag-veto o pag-override ng isang beto sa batas, ang mga deadline at yugto ng panahon na nakapaloob sa Tsart ay kakalkulahin sa pamamagitan ng pagbubukod ng unang araw at pagsasama ng huling araw ng panahon, maliban kung ang huling araw ay tumapat sa Sabado, Linggo, o holiday.

KAHULUGAN NG BOTONG "HINDI"
Ang botong "hindi" ay nangangahulugan na ang mga deadline o yugto ng panahon na itinakda ng Charter ay patuloy na kakalkulahin ayon sa nakasulat kahit na ang deadline o ang huling araw ng panahon ay tumapat sa isang araw kung kailan hindi bukas ang Kondado para sa negosyo.

KAHULUGAN NG BLANGKONG BOTO O SOBRANG BOTO
Ang botong "blangko" o botong "sobra" ay hindi binibilang bilang botong "oo" o "hindi" at binibilang lamang sa kabuuang bilang ng mga boto.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing amyenda na ito, pumunta sa **mauicountyvotes.gov**.

ANG MGA PAHAYAG NA ITO AY IPINAGKALOOB NG COUNTY NG MAUI, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #4: Pagproseso ng Mga Claim

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Charter, na magkakabisa sa Enero 1, 2028 upang gawing mas madali ang proseso ng paghahain ng mga claim para sa personal na pinsala o pinsala sa ari-arian sa pamamagitan ng pag-aatas na ang mga claim ay direktang ihain sa Direktor ng Pananalapi o ayon sa itinatadhana ng ordinansa?

PALIWANAG
Sa kasalukuyan, iniaatas ng Seksyon 13-6 ng Binagong Charter ng Kondado ng Maui na ang anumang mga claim para sa personal na pinsala o pinsala sa ari-arian na ginawa laban sa Kondado ng Maui ay dapat ihain sa Tanggapan ng Klerk ng Kondado. Ang pag-amyenda na ito ay mangangailangan na ang mga claim na ito ay ihain sa Direktor ng Pananalapi o sa ibang indibidwal na itinalaga ng ordinansa.

KAHULUGAN NG BOTONG "OO"
Ang botong "oo" ay nangangahulugan na ang mga claim para sa personal na pinsala o pinsala sa ari-arian na ginawa laban sa Kondado ng Maui ay direktang isasampa sa Direktor ng Pananalapi o ibang indibidwal na itinalaga ng ordinansa sa halip na sa Klerk ng Kondado.

KAHULUGAN NG BOTONG "HINDI"
Ang botong "hindi" ay nangangahulugan na ang mga claim para sa personal na pinsala o pinsala sa ari-arian na ginawa laban sa Kondado ng Maui ay patuloy na ihahain sa Klerk ng Kondado.

KAHULUGAN NG BLANGKONG BOTO O SOBRANG BOTO
Ang botong "blangko" o botong "sobra" ay hindi binibilang bilang botong "oo" o "hindi" at binibilang lamang sa kabuuang bilang ng mga boto.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing amyenda na ito, pumunta sa **mauicountyvotes.gov**.

ANG MGA PAHAYAG NA ITO AY IPINAGKALOOB NG COUNTY NG MAUI, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #5: Pag-aalis ng Salin sa Ingles ng Motto ng Estado ng Hawai‘i

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Charter, na magkakabisa sa oras na maipasa, sa pamamagitan ng pag-alis ng salin sa Ingles ng motto ng Estado ng Hawai‘i sa Preamble ng Charter ng County ng Maui, na magpapahintulot sa orihinal na pariralang, “Ua mau ke ea o ka ʻāina i ka pono,” na manatiling mag-isa?

PALIWANAG
Sa kasalukuyan, ang Binagong Charter ng Preamble ng County ng Maui ay kinabibilangan ng motto ng Estado ng Hawai‘i, “Ua mau ke ea o ka ʻāina i ka pono,” na sinusundan ng salin sa Ingles na, “The life of the land is perpetuated in righteousness” sa loob ng panaklong. Aalisin ng pag-amyenda na ito ang salin sa Ingles at pananatilihin na lamang ang parirala sa wikang Hawaiian.

KAHULUGAN NG BOTONG “OO”
Ang botong "oo" ay nangangahulugan na ang salin sa Ingles ng motto ng Estado ng Hawai‘i ay aalisin sa Preamble ng Charter, at ang orihinal na parirala sa wikang Hawaiian ay mananatili.

KAHULUGAN NG BOTONG “HINDI”
Ang botong "hindi" ay nangangahulugan na ang Preamble ng Charter ay patuloy na magsasama ng parehong motto ng Estado ng Hawai‘i at ng salin nito sa Ingles.

KAHULUGAN NG BLANGKONG BOTO O SOBRANG BOTO
Ang botong "blangko" o botong "sobra" ay hindi binibilang bilang botong "oo" o "hindi" at binibilang lamang sa kabuuang bilang ng mga boto.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing amyenda na ito, pumunta sa **mauicountyvotes.gov**.

ANG MGA PAHAYAG NA ITO AY IPINAGKALOOB NG COUNTY NG MAUI, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #6: Mga Paglalaan para sa Emergency

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Charter, na epektibo sa Enero 2, 2027, upang pahintulutan ang Alkalde, nang may pag-apruba mula sa Konseho, na magpasa ng paglalaan para sa emergency para sa isang aplikasyon para sa isang line of credit at linawin na ang isang porsyentong limitasyon para sa mga paglalaan para sa emergency ay hindi nalalapat sa mga pondong nailaan na sa isang emergency fund?

PALIWANAG
Ang Seksyon 9-9 ng Binagong Karta ng County ng Maui ay nagpapahintulot sa County na gumawa ng mga paglalaan para sa emergency upang tumugon sa pampublikong emergency na nagbabanta sa buhay, kalusugan, at ari-arian sa pamamagitan ng ordinansa, at tinutukoy na ang mga paglalaan para sa emergency sa taon ng pananalapi ay hindi maaaring lumagpas sa 1% ng kabuuang badyet sa pagpapatakbo para sa taong iyon. Sa kasalukuyan, kapag walang sapat na pondo upang masakop ang mga paglalaan para sa emergency na ito, maaaring pahintulutan ng Konseho ang pag-isyu ng mga emergency note. Aalisin ng pag-amyenda na ito ang awtorisasyon para sa pag-isyu ng mga emergency note, at sa halip ay pahihintulutan ang Kondado na mag-aplay para sa isang line of credit na may pag-apruba ng Konseho. Lilinawin din ng Pag-amyenda na ang 1% na limitasyon sa mga paglalaan para sa emergency ay hindi kasama ang perang inilaan na sa emergency fund.

KAHULUGAN NG BOTONG "OO"
Ang botong "oo" ay nangangahulugan na ang County ay maaaring mag-aplay para sa isang line of credit sa halip na mag-isyu ng mga emergency note kapag walang sapat na pondo upang masakop ang mga paglalaan para sa emergency, at ang mga pondong inilaan na sa isang emergency fund ay hindi mabibilang sa 1% na limitasyon ng Charter sa mga paglalaan para sa emergency.

KAHULUGAN NG BOTONG "HINDI"
Ang botong "hindi" ay nangangahulugan na ang Charter ay patuloy na magpapahintulot sa pag-isyu ng mga emergency note para sa pang-emergency na panghihiram at hindi tutukuyin kung ang mga pondong nailaan na sa isang emergency fund ay mabibilang sa 1% na limitasyon sa mga paglalaan para sa emergency.

KAHULUGAN NG BLANGKONG BOTO O SOBRANG BOTO
Ang botong "blangko" o botong "sobra" ay hindi binibilang bilang botong "oo" o "hindi" at binibilang lamang sa kabuuang bilang ng mga boto.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing amyenda na ito, pumunta sa **mauicountyvotes.gov**.

ANG MGA PAHAYAG NA ITO AY IPINAGKALOOB NG COUNTY NG MAUI, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #7: Independenteng Lupon ng Nominasyon

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Karta, na magkakabisa kaagad, upang pawalang-bisa ang mga bahagi ng susog sa Karta noong 2022 na lumikha sa Independenteng Lupon ng Nominasyon at mga kaugnay na pamamaraan para sa mga nominasyon para sa iba't ibang opisyal ng Kondado?

PALIWANAG
Noong 2022, inaprubahan ng mga botante ng Kondado ng Maui ang isang Pag-amyenda sa Charter na nagtatatag sa Independenteng Lupon ng Nominasyon upang magrekrut, magsuri, at magnomina ng mga kandidato para sa iba't ibang lupon at komisyon ng Kondado, pati na rin ang Klerk ng Kondado, ang Auditor ng Kondado, ang Tagapayo ng Korporasyon, at ang Abogado ng Taga-usig. Ang mga nominado para sa mga posisyong ito ay pinipili mula sa isang listahang ibinigay ng Independenteng Lupon ng Nominasyon, maliban na lamang kung ang Independenteng Lupon ng Nominasyon ay hindi nakakatugon sa iba't ibang mga deadline. Bubuwagin ng pag-amyenda na ito ang Independenteng Lupon ng Nominasyon at babalik sa mga naunang pamamaraan ng nominasyon at pag-apruba para sa mga posisyong ito. Bilang resulta, makakapagnomina ang alkalde ng mga indibidwal upang punan ang mga bakanteng posisyon sa lupon o komisyon ng Kondado, sa Tagapayo ng Korporasyon, at sa Abogado ng Taga-usig nang hindi kinakailangang pumili mula sa listahan ng mga potensyal na nominado na ibinigay ng Independenteng Lupon ng Nominasyon. Papayagan din ng susog ang Konseho na humirang ng Klerk ng Kondado at Auditor ng Kondado nang hindi kinakailangang pumili mula sa listahan ng mga potensyal na nominado na ibinigay ng Independenteng Lupon ng Nominasyon. Bukod pa rito, ang pag-amyenda ay: magbabago sa mga deadline para sa alkalde na magsumite ng mga nominasyon para sa mga lupon at komisyon sa Konseho; magbabago sa mga deadline para sa Konseho na kumilos sa mga nominasyon sa mga lupon at komisyon na isinumite ng Alkalde bago awtomatikong aprubahan ang mga ito; magpapahintulot sa Konseho na magpatibay ng mga karagdagang patakaran sa proseso para sa paghain ng mga bakante sa mga lupon at komisyon sa pamamagitan ng ordinansa; magpapahintulot sa mga termino ng mga miyembro sa mga lupon at komisyon na itakda sa pamamagitan ng ordinansa; at aalisin ang kinakailangan na ang abiso ng mga pampublikong pagpupulong ng lupon at komisyon ay dapat ilathala sa isang pahayagan at sa halip ay magpapahintulot na ang abiso ay maibigay ayon sa hinihingi ng batas ng estado.

KAHULUGAN NG BOTONG "OO"
Ang botong "oo" ay nangangahulugan na ang Independenteng Lupon ng Nominasyon ay bubuwagin at ang alkalde ay magkakaroon ng awtoridad na magnomina ng mga miyembro ng mga lupon at komisyon, pati na rin ang Tagapayo ng Korporasyon, at ang Abogado ng Taga-usig, nang hindi kinakailangang pumili mula sa listahan ng mga potensyal na nominado na ibinigay ng Independenteng Lupon ng Nominasyon. Ang Klerk ng Kondado at Auditor ng Kondado ay hihirangin ng Konseho nang hindi kinakailangang pumili mula sa listahan ng mga potensyal na nominado na ibinigay ng Independenteng Lupon ng Nominasyon. Babaguhin din nito ang iba't ibang mga deadline na may kaugnayan sa proseso ng nominasyon at pahihintulutan ang Konseho na magpatibay ng mga karagdagang patakaran na may kaugnayan sa mga lupon at komisyon sa pamamagitan ng ordinansa.

KAHULUGAN NG BOTONG "HINDI"
Ang botong "hindi" ay nangangahulugan na ang Independenteng Lupon ng Nominasyon at ang mga pamamaraan ng nominasyon na pinagtibay sa pamamagitan ng pag-amyenda sa 2022 Charter ay mananatiling may bisa. Ang mga paghirang sa mga lupon at komisyon pati na rin para sa Klerk ng Kondado, Auditor ng Kondado, Tagapayo ng Korporasyon, at Abogado ng Taga-usig ay patuloy na sasailalim sa umiiral na proseso ng Independenteng Lupon ng Nominasyon.

KAHULUGAN NG BLANGKONG BOTO O SOBRANG BOTO
Ang botong "blangko" o botong "sobra" ay hindi binibilang bilang botong "oo" o "hindi" at binibilang lamang sa kabuuang bilang ng mga boto.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing amyenda na ito, pumunta sa **mauicountyvotes.gov**.

ANG MGA PAHAYAG NA ITO AY IPINAGKALOOB NG COUNTY NG MAUI, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #8: Muling Pagtatalaga ng Mga Miyembro ng Lupon ng Etika

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Charter, na magkakabisa sa oras ng pag-apruba, upang pahintulutan ang Alkalde na muling magtalaga ng mga miyembro ng Lupon ng Etika ng County ng Maui, nang may pag-apruba ng Konseho, para sa isang magkasunod na termino nang walang kasamang panahon ng paghihintay?

PALIWANAG
Sa kasalukuyan, nakasaad sa Artikulo 13, Seksyon 13-2(5) ng Binagong Charter ng Kondado ng Maui na walang miyembro ng lupon o komisyon ang karapat-dapat para sa pangalawang paghirang sa parehong lupon o komisyon hanggang dalawang taon pagkatapos ng pagtatapos ng kanilang naunang termino, maliban na lamang kung ang unang termino ay tatlong taon o mas maikli pa. Nilalayon ng pag-amyenda na ito na lumikha ng eksepsiyon para sa mga miyembro ng Lupon ng Etika sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa muling paghirang para sa isang magkasunod na termino nang walang kasamang panahon ng paghihintay.

KAHULUGAN NG BOTONG "OO"
Ang botong "oo" ay nangangahulugan na ang mga miyembro ng Lupon ng Etika ay maaaring muling italaga para sa isang magkasunod na termino nang walang kasamang panahon ng paghihintay. Ang mga umiiral na paghihigpit sa muling paghirang para sa iba pang mga lupon at komisyon ay mananatiling hindi magbabago.

KAHULUGAN NG BOTONG "HINDI"
Ang botong "hindi" ay nangangahulugan na ang mga miyembro ng Lupon ng Etika ay patuloy na hindi karapat-dapat para sa muling pagtatalaga sa Lupon ng Etika hanggang dalawang taon pagkatapos ng pagtatapos ng kanilang nakaraang termino, maliban na lamang kung ang kanilang unang termino ay tatlong taon o mas maikli.

KAHULUGAN NG BLANGKONG BOTO O SOBRANG BOTO
Ang botong "blangko" o botong "sobra" ay hindi binibilang bilang botong "oo" o "hindi" at binibilang lamang sa kabuuang bilang ng mga boto.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing amyenda na ito, pumunta sa **mauicountyvotes.gov**.

ANG MGA PAHAYAG NA ITO AY IPINAGKALOOB NG COUNTY NG KAUAI, TANGGAPAN NG ABOGADO NG COUNTY

PAG-AMYENDA: Kaugnay ng Zoning Board of Appeals

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Charter ng Kondado ng Kaua'i upang mapabilis at linawin ang proseso ng mga apela ng Komisyon sa Pagpaplano sa pamamagitan ng pag-alis ng lahat ng pagtukoy sa isang Zoning Board of Appeals?

LAYUNIN
Ang Zoning Board of Appeals ay hindi kailanman nagamit, at ang mga tungkulin nito ay hinahawakan ng mga Opisyal ng Pagdinig at ng Komisyon sa Pagpaplano. Aalisin ng Pag-amyenda na ito ang Zoning Board of Appeals mula sa Charter at iaayon ang Charter sa kasalukuyang proseso.

PINAGDAANAN
Ang proseso ng mga apela para sa Komisyon sa Pagpaplano ay binubuo ng tatlong (3) opsyon. Ang isang apela ay maaaring dinggin ng Komisyon sa Pagpaplano, isang Opisyal ng Pagdinig, o ng Zoning Board of Appeals, bagama't ang Zoning Board of Appeals ay hindi pa talaga nagamit.

Ang Komisyon sa Pagpaplano ay may diskresyon na magsagawa ng pagdinig o i-refer ang pagdinig sa isang Opisyal sa Pagdinig o sa Zoning Board of Appeals. Gayunpaman, ang Zoning Board of Appeals ay hindi pa naipatupad, kaya ang mga apela ay kasalukuyang pinamamahalaan ng Komisyon ng Pagpaplano at mga Opisyal ng Pagdinig. Ang pag-alis sa Zoning Board of Appeals ay isang rekomendasyon ng Komisyon sa Pagkontrol ng Gastos ng Kondado ng Kaua'i County upang linawin at mapabilis ang proseso ng mga apela.

Ang Zoning Board of Appeals ay idinagdag sa charter noong 2016, upang mabawasan ang trabaho ng Komisyon sa Pagpaplano. Gayunpaman, napatunayang imposibleng makahanap ng mga boluntaryong handa at kayang maglaan ng magkakasunod na araw at kung minsan ay linggo ng mga pagdinig sa mga pamamaraang lubhang legalistiko. Ang tagal ng isang pagdinig ay binubuo ng walong (8) oras sa isang araw at magpapatuloy sa loob ng siyam (9) na araw. Dahil dito, wala pang Zoning Board of Appeals na naitatag simula nang ito ay malikha.

Ang proseso ng apela ay isang pagdinig na katulad ng isang paglilitis sa korte na may mga saksi, cross-examination, at paglalahad ng ebidensya. Ang mga Opisyal ng Pagdinig ay mga abogado na pamilyar sa mga legal na pamamaraan at tuntunin na kabilang sa mga pagdinig na ito. Ang paggamit ng isang lupon ng mga boluntaryo na binubuo ng pitong tao nang walang legal na pagsasanay upang magsagawa ng mga pagdinig na ito ay malamang na magreresulta sa mas maraming oras at mas magastos na litigasyon sa korte. Isang kalapit na kondado na may Zoning Board of Appeals ang nakakaranas ng dalawang (2) taong backlog ng mga pagdinig at isinasaalang-alang ang paggamit ng isang Opisyal ng Pagdinig sa halip.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing amyenda na ito, pumunta sa **kauai.gov/Karta** o tumawag sa (808) 241-4881.

ANG MGA PAHAYAG AY IPINAGKALOOB NG LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #1

TANONG
Dapat bang ipatupad ng Charter ang taunang pagpopondo para sa Pondo para sa Seguridad sa Pagkain, nang hindi kinakailangang sabay na taasan ang mga rate ng buwis sa ari-arian upang pondohan ang paglalaan, upang suportahan ang mga programa at gawad na nagbibigay ng lokal na itinanim o ginawang pagkain sa mga residente ng Oahu, pati na rin ang hindi lokal na pagkain sa panahon lamang ng emergency?

KASALUKUYANG SITWASYON
Kasalukuyang hinihiling ng Charter ang taunang pondo para sa limang espesyal na pondo: ang Clean Water and Natural Lands Fund, Affordable Housing Fund, Climate Resiliency Fund, Honolulu Zoo Fund, at ang Grants in Aid Fund. Hindi ito nagtatatag ng Pondo para sa Seguridad sa Pagkain, o nangangailangan ng pondo para sa mga programang nagpapabuti sa pag-access sa mga lokal na itinanim o ginawang pagkain.

Kung Pumasa ang Panukala
Ang Charter ay lilikha ng ikaanim na espesyal na pondo, ang Food Security Fund, at magpapataas ng taunang pondo para sa mga espesyal na pondo ng Charter mula 2.5% hanggang 3% ng tinatayang kita mula sa buwis sa ari-arian. Ang anim na pondo ay makakatanggap ng pantay na bahagi ng pondo. Susuportahan ng Food Security Fund ang mga programa, gawad, at subsidy ng Lungsod na magpapabuti sa pag-access sa lokal na itinanim o ginawang pagkain, magpapalakas sa suplay ng pagkain ng O'ahu, at magpapabuti sa seguridad ng pagkain. Sa panahon ng idineklarang emergency, ang limitadong bahagi ng pondo ay maaari ring gamitin sa pagbili ng iba pang pagkain kung kinakailangan.

TANONG #2

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Karta upang palitan ang preamble nito ng wikang kumikilala sa ugnayan sa pagitan ng mga tao ng Lungsod at County ng Honolulu at ng 'āina, na nagbibigay-pugay sa karunungan ng mga kūpuna at sa pamana ni Prinsipe Jonah Kūhiō Kalaniana'ole, at pinagtitibay ang mga pangako sa malinaw at nananagot na pamahalaan at pangangasiwa ng mga likas, sibiko, at kultural na yaman?

KASALUKUYANG SITWASYON
Inilalarawan ng kasalukuyang preamble ng Karta ang pangako ng Lungsod sa responsableng pamahalaan at pakikilahok ng publiko. Hindi nito kinikilala ang ugnayan sa pagitan ng mga tao at ng 'āina, mga pagpapahalagang kultural ng mga Katutubong Hawaiian, o ang pamana ni Prinsipe Jonah Kūhiō Kalaniana'ole.

Kung Pumasa ang Panukala
Ang preamble ng Karta ay papalitan ng mga salita: pagkilala sa ugnayan sa pagitan ng mga tao ng Lungsod at County ng Honolulu at ng 'āina; pagbibigay-pugay sa karunungan ng mga kūpuna at sa pamana ni Prinsipe Jonah Kūhiō Kalaniana'ole; at pagpapatibay ng mga pangako sa malinaw at nananagot na pamahalaan at pangangasiwa ng mga likas, sibiko, at kultural na yaman. Ia-update ng amyenda ang mga prinsipyong gabay ng Karta ngunit hindi nito babaguhin ang mga legal na kapangyarihan o tungkulin na itinatag sa ibang bahagi ng Karta.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing amyenda na ito, pumunta sa **honoluluelections.us.**

ANG MGA PAHAYAG AY IPINAGKALOOB NG LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #3

TANONG
Dapat bang magtatag ng Tanggapan ng mga Yaman ng 'Ōiwi at Pangangasiwa ng Kultura sa loob ng Tanggapan ng Alkalde upang pangasiwaan ang pamamahala ng mga yamang-yaman ng 'Ōiwi sa loob ng Lungsod, bumuo ng mga kaugnay na programa, at lumikha ng Konseho ng Tagapayo sa Kultura na binubuo ng mga kūpuna, mga tagapagsanay ng kultura, at mga kinatawan ng komunidad?

KASALUKUYANG SITWASYON
Kasalukuyang binibigyan ng Charter ang O'ahu Historic Preservation Commission ng awtoridad na payuhan at tulungan ang mga pamahalaang pederal, estado, at lungsod sa pagsasakatuparan ng mga responsibilidad sa pangangalaga ng kasaysayan, magbigay ng pampublikong edukasyon at pagsasanay sa pangangalaga ng kasaysayan, at bumuo ng isang komprehensibong programa sa pangangalaga ng kasaysayan sa buong lungsod.

Kung Pumasa ang Panukala
Magtatatag ang Charter ng Tanggapan ng mga Yaman ng 'Ōiwi at Pangangasiwa ng Kultura sa loob ng Tanggapan ng Alkalde. Ang Tanggapan ay mag-uugnay sa pangangasiwa ng kultural at likas na yaman ng mga Katutubong Hawaiian sa iba't ibang departamento ng Lungsod, magtataguyod ng angkop na paggamit ng wikang Hawaiian, bubuo ng mga kaugnay na programa, makikipagtulungan sa mga kasosyo sa gobyerno at komunidad, at magsusumite ng mga taunang ulat sa Alkalde at Konseho ng Lungsod. Ang amyenda ay magtatatag din ng Cultural Advisory Council na binubuo ng mga kūpuna, mga cultural practitioner, at mga kinatawan ng komunidad.

TANONG #4

TANONG
Dapat bang itatag ang siyam na miyembrong LGBTQIA+ Commission upang payuhan ang Alkalde, Konseho ng Lungsod, at mga ahensya ng Lungsod sa mga bagay na nakakaapekto sa komunidad ng LGBTQIA+ at magrekomenda ng mga patakaran, programa, at batas na nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay sa lipunan, ekonomiya, at politika?

KASALUKUYANG SITWASYON
Ang Charter ay nagtatatag ng ilang advisory board at komisyon upang magbigay ng mga rekomendasyon sa mga partikular na isyu sa pampublikong patakaran ngunit hindi nagtatatag ng komisyon na nakatuon sa pagpapayo sa Lungsod sa mga bagay na nakakaapekto sa komunidad ng LGBTQIA+.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Magtatatag ang Charter ng siyam na miyembrong LGBTQIA+ Commission upang payuhan ang Alkalde, Konseho ng Lungsod, at mga ahensya ng Lungsod sa mga isyung nakakaapekto sa mga residente ng LGBTQIA+. Ang Komisyon ay bibigyan ng awtoridad na magrekomenda ng mga patakaran, batas, programa, at mga aksyong administratibo, magsilbing tagapag-ugnay sa pagitan ng komunidad at ng pamahalaang Lungsod, at mag-empleyo ng mga tauhan kung kinakailangan upang maisagawa ang mga responsibilidad nito.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing susog na ito, pumunta sa **honoluluelections.us**.

ANG MGA PAHAYAG AY IPINAGKALOOB NG LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #5

TANONG
Simula sa 2032, dapat bang gamitin ng Lungsod ang ranked-choice voting upang ihalal ang Alkalde, Konseho ng Lungsod, at Prosecuting Attorney, na nagpapahintulot sa mga botante na i-ranggo ang mga kandidato sa pagkakasunud-sunod na gusto nila (1st, 2nd, 3rd, atbp.) sa halalan sa Nobyembre?

KASALUKUYANG SITWASYON
Ang mga opisyal ng lungsod ay inihahalal sa pamamagitan ng dalawang-hakbang na espesyal na halalan na walang kinikilingan. Kapag tatlo o higit pang kandidato ang tumakbo para sa posisyon, unang espesyal na halalan ang isasagawa kasama ang primarya ng estado sa Agosto. Kung ang kandidato ay nanalo ng mayorya, sila ay inihahalal. Kung hindi, ang nangungunang dalawa ay uusad sa pangalawang espesyal na halalan na gaganapin sa pangkalahatang halalan ng estado sa Nobyembre. Ang bilang ng mga bumoto sa Agosto ay karaniwang mas mababa kaysa sa Nobyembre. Nangangahulugan ito na ang maliit na grupo ng mga botante na maaaring hindi kumakatawan sa mga pananaw ng Lungsod sa kabuuan ang siyang magpapasya sa mga opsyon (o sa mga mananalo) para sa lahat. Sa halalan sa 2024, lahat ng opisyal ng Lungsod ay nahalal noong Agosto. Bukod pa rito, nililimitahan ng seksyon 11-100 ng Hawai'i Revised Statutes ang ranked-choice voting sa mga espesyal na halalan lamang upang punan ang mga bakanteng posisyon sa Konseho ng Lungsod.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Simula sa 2032, gagamitin ang ranked-choice voting para sa Alkalde, Konseho ng Lungsod, at Abugado ng Taga-usig, at ang mga katungkulang ito ay pagpapasyahan sa halalan sa Nobyembre ng mas malaki at mas kinatawan na mga botante. Maaaring i-ranggo ng mga botante ang anumang bilang ng mga kandidato sa pagkakasunud-sunod na gusto nila (1st na pagpipilian, 2nd na pagpipilian, 3rd na pagpipilian, atbp.). Kung walang kandidato ang makakatanggap ng mayorya sa mga unang pagpipilian, ang kandidato na may pinakakaunting boto ay aalisin at ang mga balotang iyon ay ililipat sa susunod na pagpipilian ng bawat botante, na uulitin nang paunti-unti hanggang sa matukoy ang mananalo. Magpapatibay din ang Kalihim ng Lungsod ng mga patakaran at magpapatupad ng programa sa edukasyon para sa publiko.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing susog na ito, pumunta sa **honoluluelections.us**.

ANG MGA PAHAYAG AY IPINAGKALOOB NG LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #6

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Charter upang atasan ang Honolulu Police Department na 1) magpatibay ng mga patakaran upang matiyak na ang mga karapatan sa konstitusyon ng lahat ng tao anuman ang katayuan sa imigrasyon o pagkamamamayan ay protektado, at 2) tumulong sa mga aktibidad ng pederal na pagpapatupad ng imigrasyon kapag kinakailangan lamang ng batas o utos ng korte, at pagkatapos makumpirma ang pagkakakilanlan at awtoridad ng humihiling na ahensya?

KASALUKUYANG SITWASYON
Kasalukuyang hinihiling ng Charter sa Kagawaran ng Pulisya ng Honolulu na pangalagaan ang kapayapaan ng publiko, protektahan ang mga karapatan ng mga tao at ari-arian, pigilan ang krimen, at ipatupad ang mga batas ng estado at mga ordinansa ng Lungsod. Hindi ito nagtatatag ng mga patakaran na namamahala sa papel ng Departamento sa pederal na pagpapatupad ng imigrasyon o tumutukoy kung kailan maaaring tumulong ang mga opisyal sa mga pederal na awtoridad ng imigrasyon. Sa ilalim ng Batas ng Estado ng Hawaii, ipinagbabawal ng Batas 141 (2026) ang lahat ng ahensya ng pagpapatupad ng batas ng estado at county, kabilang ang Honolulu Police Department, na magbigay ng impormasyon sa mga pederal na awtoridad sa imigrasyon para sa mga layunin ng pagpapatupad ng imigrasyon, ngunit hindi nito ipinagbabawal ang Honolulu Police Department na sumunod sa hudisyal na warrant, utos ng korte, o subpoena.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Aatasan ng Charter ang Hepe ng Pulisya na magpatibay at magpatupad ng mga patakarang nagpoprotekta sa legal na paggamit ng mga karapatang ginagarantiyahan ng Konstitusyon ng Estados Unidos at Hawai'i para sa lahat ng tao, anuman ang katayuan sa imigrasyon o pagkamamamayan. Maaari lamang tumulong o mapadali ng mga opisyal ng tagapagpatupad ng batas ang mga aktibidad ng pederal na pagpapatupad ng imigrasyon kapag kinakailangan ng mapapatunayang batas ng estado o pederal o utos ng korte. Bago magbigay ng tulong, kinakailangan ding beripikahin ng mga opisyal ang pagkakakilanlan at legal na awtoridad ng humihiling na ahensya sa pamamagitan ng mga opisyal na channel para sa bawat indibidwal na aksyon.

TANONG #7

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Binagong Charter ng Lungsod at County ng Honolulu upang hikayatin ang pagtaas ng availability ng pabahay at pagpapanatili ng mga available na pabahay bilang mga patakaran para sa Lungsod at County ng Honolulu?

KASALUKUYANG SITWASYON
Ang Binagong Charter ay walang pahayag na kumikilala sa kakulangan ng pabahay ng Lungsod na magagamit para sa pangmatagalang tirahan, ang epekto ng outmigration na may kaugnayan sa pabahay, o deklarasyon na ang paghihikayat sa paggamit ng kasalukuyang suplay ng pabahay ng Lungsod para sa mga residente ng lungsod ay mapanghikayat na interes ng gobyerno.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Isasama sa Binagong Charter ang pahayag na kumikilala sa kakulangan ng pabahay ng Lungsod na magagamit para sa pangmatagalang tirahan, na nagsasaad na ang outmigration na may kaugnayan sa pabahay ay banta sa pag-iral ng Lungsod, at nagpapahayag na ang paghihikayat sa paggamit ng kasalukuyang suplay ng pabahay ng Lungsod para sa mga residente ng lungsod ay mapanghikayat na interes ng gobyerno.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing susog na ito, pumunta sa **honoluluelections.us**.

ANG MGA PAHAYAG AY IPINAGKALOOB NG LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #8

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Charter upang linawin na ang Affordable Housing Fund ay umiikot na pondo, kung saan ang mga pagbabayad, interes, kita, nalikom, at iba pang resibo na kukunin mula sa Pondo ay muling idedeposito sa Pondo?

KASALUKUYANG SITWASYON
Nauna nang inaprubahan ng mga botante sa Honolulu ang Affordable Housing Fund na nagbibigay ng abot-kayang paupahang pabahay para sa mga sambahayang kumikita ng hanggang animnapung porsyento ng median na kita sa lugar. Ang mga proyektong pabahay na tumatanggap ng pera mula sa Pondo ay dapat manatiling abot-kaya nang hindi bababa sa animnapung taon. Ang Pondo ay tumatanggap ng humigit-kumulang walong milyong dolyar bawat taon sa mga kita mula sa buwis sa ari-arian, na ginagamit upang bumili ng lupa, ayusin ang mga kasalukuyang gusali, o magtayo ng mga bagong abot-kayang yunit ng pabahay. Sa kasalukuyan, hindi tinukoy ng Charter kung ano ang mangyayari sa perang hiniram mula sa Affordable Housing Fund at kalaunan ay ibinabalik sa Lungsod kasama ang interes.

Sa kasalukuyan, itinatadhana ng Charter na ang anumang pondong natitira sa katapusan ng anumang taon ng pananalapi ay hindi dapat mawalan ng bisa. Hindi partikular na nakasaad sa Charter na ang pagbabayad, mga interes, kita, at mga nalikom mula sa Pondo ay muling idedeposito sa Pondo.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Lilinawin nito na ang mga pagbabayad, interes, kita at mga nalikom na nagmula sa Pondo ay muling idineposito sa Pondo. Maaaring suportahan ng Affordable Housing Fund ang mas malawak na hanay ng abot-kayang paupahang pabahay, kabilang ang mga abot-kayang yunit sa loob ng mga pag-unlad na naglalaman ng iba't ibang gamit (mixed-use) at mga presyo para sa pabahay (mixed-income). Ang mga pagbabayad ng utang, kita mula sa interes, at iba pang kitang nalilikha ng Pondo ay mananatiling magagamit para sa mga pamumuhunan sa abot-kayang pabahay sa hinaharap, upang ang Pondo ay lumago at masusuportahan ang mas maraming yunit at proyekto ng abot-kayang pabahay sa paglipas ng panahon.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing susog na ito, pumunta sa **honoluluelections.us**.

ANG MGA PAHAYAG AY IPINAGKALOOB NG LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #9

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Charter upang hindi na mangailangan ng pangalawang pampublikong pagdinig para sa anumang transaksyon na may kaugnayan sa mga interes sa ari-arian ng Lungsod?

KASALUKUYANG SITWASYON
Inaatasan ng Charter ang Department of Housing and Land Management na magsagawa ng pampublikong pagdinig upang matukoy kung ang bawat transaksyon o aktibidad sa real property na may kaugnayan sa mga interes ng lungsod sa real property ay naglilingkod sa interes ng publiko. Maraming transaksyon ang medyo maliliit, tulad ng mga kaginhawahan para sa mga utility o pampublikong daanan. Dahil dito, madalang na dinadaluhan ang mga pagdinig. Bukod pa rito, nagpapataw sila ng malaking gastos sa Lungsod sa oras ng kawani at mga gastusin sa pagpapatalastas. Para sa mga transaksyon o aktibidad na nakakaapekto sa interes sa ari-arian ng Lungsod na lumalagpas sa isang-kapat na acre ang sukat, kinakailangan ding magsagawa ang Kagawaran ng pampublikong pagdinig sa distrito ng Konseho kung saan matatagpuan ang interes sa ari-arian. Inaatasan din ng Charter ang Departamento na maghanda ng ulat para sa bawat transaksyon o aktibidad na may mga partikular na natuklasan na naglilingkod ito sa kapakanan ng publiko, na dapat aprubahan ng Konseho.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Hindi na kakailanganin ang hiwalay na pampublikong pagdinig para sa mga transaksyon sa ari-arian ng Lungsod, ngunit mananatili ang kakayahang matuto at magpatotoo ang publiko sa lahat ng transaksyon sa ari-arian ng Lungsod kapag lumabas ang mga ito sa agenda para sa mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod.

TANONG #10

TANONG
Dapat bang atasan ang Lungsod na maghanda at magsagawa ng gumaganang plano para sa pagpapaunlad ng abot-kayang pabahay?

KASALUKUYANG SITWASYON
Inaatasan ng Charter ang Lungsod at County ng Honolulu na maghanda ng mga pangmatagalang plano para sa ilang pangunahing serbisyo, kabilang ang mga parke, serbisyong pangkapaligiran, at transportasyon. Gayunpaman, hindi ito nangangailangan ng maihahambing na pangmatagalang plano para sa pabahay. Dahil dito, ang mga prayoridad sa pabahay ay tinutugunan sa pamamagitan ng mga indibidwal na programa at patakaran sa halip na sa komprehensibong plano lamang.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Aatasan ng Charter ang Direktor ng Pabahay at Pamamahala ng Lupa na maghanda at magpanatili ng sampung-taong Plano ng Paggana ng Pabahay, na may mga pag-update nang hindi bababa sa bawat limang taon. Susuriin ang plano para sa pagkakatugma nito sa Pangkalahatang Plano at mga Plano sa Pagpapaunlad ng Lungsod at makakatulong na gabayan ang mga patakaran sa pabahay sa hinaharap, mga pagpapabuti sa kapital, at mga desisyon sa badyet. Ang kinakailangan ay magkakabisa sa Enero 1, 2030.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing susog na ito, pumunta sa **honoluluelections.us**.

ANG MGA PAHAYAG AY IPINAGKALOOB NG LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #11

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Charter upang pahintulutan ang Clean Water and Natural Lands Fund at ang Climate Resiliency Fund na magkaloob ng mga gawad sa mga pederal na non-profit na organisasyon na walang buwis sa kita na nagbibigay ng mga serbisyong naaayon sa layunin ng bawat Pondo?

KASALUKUYANG SITWASYON
Sa kasalukuyan, ang Grants in Aid Fund lamang ang pinapayagan ng Charter na magkaloob ng mga gawad sa mga pederal na non-profit na organisasyon na hindi tumatanggap ng buwis sa kita na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga populasyon na may kapansanan sa ekonomiya at/o lipunan, o nagbibigay ng mga serbisyo para sa pampublikong kapakinabangan sa mga larangan ng sining, kultura, pag-unlad ng ekonomiya, o kapaligiran.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Parehong papahintulutan ang Clean Water and Natural Lands Fund at ang Climate Resiliency Fund na magkaloob ng mga gawad sa mga pederal na non-profit na organisasyon na hindi sakop ng income tax na nagbibigay ng mga serbisyong naaayon sa layunin ng bawat Pondo.

TANONG #12

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Binagong Charter ng Lungsod upang pahintulutan ang Clean Water and Natural Lands Fund, Affordable Housing Fund, Climate Resiliency Fund, at iba pang pondong itinatag sa ilalim ng Seksyon 9-204 na makatanggap ng pondo mula sa pederal, estado, pilantropo, at iba pang mga mapagkukunan?

KASALUKUYANG SITWASYON
Ang Charter ay nagtatatag ng ilang espesyal na pondo na tumatanggap ng nakalaang kita mula sa buwis sa ari-arian. Gayunpaman, hindi nito hayagang pinahihintulutan ang mga pondong ito na tumanggap ng karagdagang kita mula sa mga mapagkukunan tulad ng mga pederal o pang-estadong tulong pinansyal, mga pribadong donasyon, o mga organisasyong pilantropo.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Ang mga espesyal na pondong itinatag sa ilalim ng Seksyon 9-204 ay maaaring makatanggap ng pondo mula sa pederal, estado, pilantropo, at iba pang awtorisadong mapagkukunan bilang karagdagan sa kanilang umiiral na nakalaang pondo.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing susog na ito, pumunta sa **honoluluelections.us**.

ANG MGA PAHAYAG AY IPINAGKALOOB NG LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #13

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Chartyer upang pahintulutan ang Pondo ng Malinis na Tubig at Likas na mga Lupain na gamitin para sa pangangalaga ng kasaysayan, at upang pangalagaan at protektahan ang mga gusali, lugar, istruktura, at mga bagay na nakuha ng pondo; upang palitan ang pangalan ng Pondo ng Pondo ng Lupa, Likas na Yaman, at Pangangalaga ng Kasaysayan, at ang komisyon ng tagapayo para sa Pondo ng komisyon ng tagapayo ng Lupa, Likas na Yaman, at Pangangalaga ng Kasaysayan; at upang maglaan ng pagsusuri ng panukala para sa paggamit ng Pondo sa pagitan ng komisyon ng tagapayo at ng Komisyon sa Pangangalaga ng Kasaysayan ng O'ahu?

KASALUKUYANG SITWASYON
Kasalukuyang itinatatag ng Charter ang Pondo para sa Malinis na Tubig at Likas na mga Lupain upang makuha at protektahan ang mga lupang mahalaga sa kapaligiran, kasaysayan, at kultura. Gayunpaman, ang Pondo sa pangkalahatan ay hindi maaaring gamitin upang pangalagaan o ipanumbalik ang mga makasaysayang gusali o iba pang makasaysayan at kultural na mahahalagang lugar at bagay. Ang komisyon ng tagapayo para sa Malinis na Tubig at Likas na Lupain ay tumatanggap ng mga panukala para sa paggamit ng Pondo, at isinusumite ang rekomendasyon nito sa Konseho.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Bukod sa pagkuha ng mga lupang may mahahalagang kasaysayan, ang Pondo para sa Malinis na Tubig at Likas na mga Lupain ay maaari ding gamitin upang pangalagaan, ipanumbalik, panatilihin, at ayusin ang mga makasaysayang gusali, lugar, arkeolohikong yamang-lupa, at mga bagay na may mahahalagang kultura. Ang Pondo para sa Malinis na Tubig at Likas na mga Lupain ay papalitan ng pangalan bilang Pondo para sa Lupa, Likas na Yaman, at Pagpapanatili ng Kasaysayan, at ang pangalan ng komisyon ng tagapayo para sa Pondo ay babaguhin din. Ang pagsusuri ng ilang panukala para sa paggamit ng mga pondo ay isusumite sa O'ahu Historic Preservation Commission.

TANONG #14

TANONG
Dapat bang amyendahan ang Charter upang madagdagan ang taunang paglalaan para sa mga gastos na may kaugnayan sa operasyon, pagpapanatili, at pamamahala ng mga lupang nakuha gamit ang Pondo para sa Malinis na Tubig at Likas na mga Lupain, mula 5% ng mga perang idineposito sa Pondo noong nakaraang taon, patungong 10%?

KASALUKUYANG SITWASYON
Sa kasalukuyan, nililimitahan ng Charter ang halaga ng Pondo para sa Malinis na Tubig at Likas na mga Lupain na maaaring gamitin para sa operasyon, pagpapanatili, at pamamahala ng mga lupang nakuha ng Pondo sa 5% ng mga perang idineposito noong nakaraang taon.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Ang halaga ng perang maaaring gamitin para sa operasyon, pagpapanatili, at pamamahala ng mga lupang nakuha ng Pondo para sa Malinis na Tubig at Likas na mga Lupain ay magiging 10% ng perang idineposito noong nakaraang taon.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing susog na ito, pumunta sa **honoluluelections.us**.

ANG MGA PAHAYAG AY IPINAGKALOOB NG LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #15

TANONG
Dapat bang magtatag ng Tanggapan ng Datos at Inobasyon upang gamitin ang datos upang mapabuti ang mga serbisyo ng lungsod, itaguyod ang transparency ng gobyerno at pakikilahok ng sibiko, tiyakin na responsableng ginagamit ng lungsod ang artificial intelligence, at protektahan ang digital privacy ng mga residente?

KASALUKUYANG SITWASYON
Ang Charter ay nagtatatag ng Departamento ng Teknolohiya ng Impormasyon (Seksyon 6-1201) na responsable sa pagpapatakbo at pagpapanatili ng mga sistema ng teknolohiya ng impormasyon at telekomunikasyon ng Lungsod. Gayunpaman, hindi itinatalaga ng Charter ang anumang tanggapan o opisyal bilang responsable para sa pamamahala ng datos sa buong lungsod; para sa paggamit ng datos upang mapabuti ang paghahatid ng mga serbisyo; o para sa pagprotekta sa digital na privacy ng mga residente. Ang Punong Opisyal ng Datos at dalawang posisyon bilang espesyalista sa datos ang nilikha noong 2022 sa pamamagitan ng Ordinansa ng Lungsod 22-31. Maaaring baguhin o alisin ng mga susunod na administrasyon ang mga posisyong nakabatay sa ordinansa nang walang boto ng publiko.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Ang Tanggapan ng Datos at Inobasyon, na pinamumunuan ng executive na opisyal at nag-uulat sa Managing Director, ay magiging mahalagang bahagi ng pamahalaan ng Lungsod. Ang Tanggapan ay magbibigay ng direksyon sa buong Lungsod para sa mga pamantayan at estratehiya ng datos, pagkapribado ng datos, responsableng paggamit ng artificial intelligence, at inobasyon sa mga serbisyo ng Lungsod. Ang pagtatatag ng Tanggapan ng Datos at Inobasyon sa ilalim ng Charter ay magtitiyak na ang Lungsod ay mag-eempleyo ng mga eksperto sa datos, inobasyon, at artificial intelligence, dahil ang mga ito ay gumaganap ng lumalaking papel sa ating lipunan.

TANONG #16

TANONG
Dapat bang pahintulutang maglingkod sa mga lupon at komisyon ng Lungsod ang mga permanenteng residenteng dayuhan na residente ng Lungsod at County ng Honolulu?

KASALUKUYANG SITWASYON
Ang mga lupon at komisyon ng lungsod ay mga grupo ng mga eksperto na nagboboluntaryong magpayo, tumulong, o mangasiwa sa ilang bahagi ng pamahalaan ng Lungsod nang walang bayad. Sa kasalukuyan, dapat kang maging rehistradong botante ng Lungsod at County ng Honolulu upang maglingkod sa lupon o komisyon. Maraming may kusang-loob at may kakayahang pangmatagalang residente—kabilang ang mga empleyado ng mga internasyonal na negosyo, mga organisasyong hindi pangkalakal, at mga unibersidad—ang kasalukuyang hindi kasama sa paglilingkod sa mga tungkuling ito.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Ang mga dayuhan na permanenteng residente na mga residente ng Lungsod at County ng Honolulu ay magiging karapat-dapat para sa paghirang sa karamihan ng mga lupon at Komisyon ng Lungsod hangga't natutugunan nila ang lahat ng iba pang kwalipikasyon.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing susog na ito, pumunta sa **honoluluelections.us**.

ANG MGA PAHAYAG AY IPINAGKALOOB NG LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #17

TANONG
Dapat bang ibatay ang aksyon ng quorum at lupon sa mayorya ng mga miyembrong karapat-dapat bumoto, hindi kasama ang mga bakante at mga miyembrong hindi bumoto?

KASALUKUYANG SITWASYON
Ang mayorya ng lahat ng miyembro na may karapatan ang lupon o komisyon ay bumubuo ng quorum, maliban kung tinukoy sa batas o ordinansa na lumilikha ng lupon o komisyon o sa anumang iba pang batas o ordinansa. Kasalukuyan ding hinihiling ng Charter ang mayorya ng buong miyembro na gumawa ng anumang aksyon, at ang buong miyembro ay binigyang-kahulugan na kasama ang mga bakanteng posisyon at mga miyembrong hindi karapat-dapat bumoto. Dahil dito, ang ilang lupon at komisyon na may mga bakanteng puwesto at mga miyembrong hindi bumoto ay hindi nakagawa ng opisyal na aksyon kahit na sapat ang bilang ng mga miyembrong naroroon upang magsagawa ng pulong.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Lilinawin ng anyenda na ang mga bakante at mga miyembrong hindi bumoboto ay hindi kasama sa pagtukoy kung mayroong quorum at, kapag naitatag na ang quorum, ang mga opisyal na aksyon ay maaaring aprubahan ng mayorya ng mga miyembrong naroroon at bumoboto, maliban kung ang batas ng estado o ang mismong Charter ay nag-aatas ng mas mataas na limitasyon sa pagboto. Ang mga Neighborhood Board, na mga halal na posisyon, ay hindi maaapektuhan ng pagbabagong ito.

TANONG #18

TANONG
Dapat bang hindi saklaw ng mga probisyon sa civil service ang First Deputy ng Department of Human Resources, gaya ng mga katulad na posisyon sa ibang departamento ng Lungsod?

KASALUKUYANG SITWASYON
Ang First Deputy ng Department of Human Resources ay empleyado ng serbisyo sibil. Kinakatawan din nila ang Lungsod sa mga negosasyon sa mga unyon tungkol sa mga suweldo, benepisyo, at pribilehiyo sa serbisyo sibil. Sa lahat ng iba pang mga county sa Estado, ang parehong posisyon ay hindi sakop ng serbisyo sibil, gayundin ang mga first deputy sa iba pang mga departamento ng lungsod sa Lungsod at County ng Honolulu.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Ang posisyon ng First Deputy of the Department of Human Resources ay magiging itinalagang posisyon na hindi sakop ng serbisyo sibil. Gagawin nitong naaayon ang posisyon sa ibang mga county at departamento ng Lungsod na epektibo sa Enero 1, 2027.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing susog na ito, pumunta sa **honoluluelections.us**.

ANG MGA PAHAYAG AY IPINAGKALOOB NG LUNGSOD AT COUNTY NG HONOLULU, KAGAWARAN NG ABOGADO NG KORPORASYON

TANONG #19

TANONG
Dapat bang atasan ang City Clerk na magbigay ng mga teknikal at sekretaryal na serbisyo sa Charter Commission?

KASALUKUYANG SITWASYON
Kinakailangan ng Charter ang paghirang ng Charter Commission kada sampung taon upang repasuhin ang pamahalaan ng Lungsod at magrekomenda ng mga amyenda sa Charter. Hindi nagtatalaga ang Charter ng permanenteng tahanan ng administrasyon o ginagarantiyahan ang teknikal o sekretaryal na suporta para sa Komisyon.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Aatasan ang City Clerk na magbigay ng administratibo at teknikal na suporta sa Charter Commission. Hindi magbabago ang awtoridad, mga responsibilidad, kalayaan, at kakayahang magmungkahi ng mga amyenda sa Charter para sa konsiderasyon ng mga botante.

TANONG #20

TANONG
Dapat bang gawing hindi karapat-dapat sa eleksyon sa anumang posisyon sa Lungsod sa loob ng dalawang taon ayon sa Charter kung ma-impeach, o kung ang opisyal ay magbitiw matapos maihain ang petisyon para sa impeachment, alinsunod sa probisyon para sa pagpapatalsik mula sa pwesto?

KASALUKUYANG SITWASYON
Sa kasalukuyan, maaari pa ring ihalal ang Miyembro ng Konseho, ang Alkalde, at ang Abugado ng Taga-usig

o itinalaga sa anumang ibang tanggapan sa Lungsod nang walang mga paghihigpit kahit na sila ay tinanggal sa tungkulin alinsunod sa mga proseso ng impeachment, o kung sila ay nagbitiw pagkatapos maihain ang petisyon ng impeachment.

KUNG PUMASA ANG PANUKALA
Ang Miyembro ng Konseho, Alkalde, o Abogado ng Taga-usig na na-impeach, o nagbitiw pagkatapos maihain ang petisyon ng impeachment, ay hindi maaaring ihalal o italaga sa anumang katungkulan sa Lungsod sa loob ng dalawang taon. Gagawin nitong katulad ang paghihigpit na nalalapat na sa mga nahalal na opisyal na tinanggal sa pamamagitan ng recall election.

Para sa buong teksto ng mga iminungkahing susog na ito, pumunta sa **honoluluelections.us**.

HAWAII VOTES

Makipag-ugnayan sa Amin

Para sa impormasyon tungkol sa pagpaparehistro upang bumoto, makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Halalan ng iyong County.

County ng Hawaii (808) 961-8277

County ng Maui (808) 270-7749

County ng Kauai (808) 241-4800

Lungsod at County ng Honolulu (808) 768-3800

Para sa karagdagang impormasyon sa pagboto, makipag-ugnayan sa Opisina ng mga Halalan.

Telepono: (808) 453-VOTE (8683)

Toll Free: 1-800-442-VOTE (8683)

TTY: (808) 453-6150

Toll Free TTY: 1-800-345-5915

Email: elections@hawaii.gov

Website: elections.hawaii.gov

Pangkalahatan

2026 Hawaii

GABAY NG BOTANTE